



KARERA AT TEKNIKAL NA EDUKASYON

Pag-aaral na may Kaugnayan sa Karera
para sa Lahat ng Mag-aaral

Plano ng Estado ng Illinois para sa Batas sa Pagpapalakas ng Karera at Teknikal na Edukasyon para sa Ika-21 Siglo (Perkins V)

Hulyo 1, 2020 - Hunyo 30, 2024



**Illinois
State Board of
Education**



Ang sumusunod na dokumento ay isang draft ng plano ng Estado ng Illinois para sa Batas sa Pagpapalakas ng Karera at Teknikal na Edukasyon para sa ika-21 Siglo o *Strengthening Career and Technical Education for the 21st Century Act (Perkins V)* na ibinabahagi para sa komentaryo at pagsusuri ng publiko.

Talaan ng Nilalaman

DRAFT

Ang Plano ng Estado ng Illinois para sa Perkins V ("Plano ng Estado")

Dinidetalye ng dokumentong ito ang Plano ng Estado ng Illinois para sa pangangasiwa ng Batas sa Pagpapalakas ng Karera at Teknikal na Edukasyon para sa ika-21 Siglo para sa mga piskal na taon ng estado o State Fiscal Year (SFY) na 2021-2024 (Hulyo 1, 2020- Hunyo 30, 2024). Noong 2018, ipinasa ng Kongreso ang Batas sa Pagpapalakas ng Karera at Teknikal na Edukasyon para sa ika-21 Siglo (Strengthening Career and Technical Education for the 21st Century Act - Perkins V). Ang Batas na ito, na naging Batas Pampubliko 115-224, ay muling nagbibigay awtorisasyon sa Carl D. Perkins Career and Technical Education Act ng 2006 (Perkins IV), at naging epektibo noong Hulyo 1, 2019. Ang plano na ito ay nakakatugon sa lahat ng mga inatas ng Kagawaran ng Edukasyon ng Estados Unidos, Opisina ng Karera, Teknikal, at Edukasyon ng May Sapat na Gulang sa Gabay para sa Pagsumite ng mga Plano ng Estado (OMB 1830-0029).

¹(DRAFT) Pananaw para sa Illinois CTE: Sinusuportahan ng Illinois ang isang nakahanay, de-kalidad na sistema ng landas ng karera na ayon sa mga pangangailangan ng industriya at komunidad. Sisiguraduhin ng sistemang P-20 na ito ang pantay na pag-access at suporta para sa lahat ng indibidwal upang maaari nilang tuklasin at kumpletuhin ang isang isinapersonal na landas na nagbibigay-daan sa kanila upang makamit ang kanilang mga layunin sa edukasyon at karera.

Susuportahan ng Illinois ang pananaw na ito sa pamamagitan ng pagpapatupad ng limang layunin:

1. Dagdagan ang Pagkamit ng Postsecondary at Kinikilala sa Industriya na Kredensyal
2. Pagandahin ang Mga Oportunidad sa Landas ng Karera
3. Palawakin ang Mga Oportunidad ng Maagang Pag-credit sa Kolehiyo
4. Dagdagan ang Pagtugon sa Mga Kinakailangan ng mga Trabahador sa Komunidad
5. Tiyakin na ang Bawat Mag-aaral ng CTE ay Tinuturuan ng mga Guro na Labis na Kwalipikado at Epektibo

Nilalayan ng Illinois na bigyang diin ang pagkakapantay-pantay sa mga desisyon na ginagawa patungkol sa CTE programming, habang kinikilala ang kaibahan sa oportunidad na dulot ng isang dating kakulangan ng prayoritisasyon sa pagkakapantay-pantay at pag-access, lalo na para sa mga miyembro ng mga espesyal na populasyon. Magkakaroon ng dagdag na pokus sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng mga espesyal na populasyon sa pamamagitan ng propesyonal na pag-aaral upang mabigyan ng pantay na pagkakataon ang lahat ng mag-aaral. Ang pagkakahayan sa mga target ng pagkakapantay-pantay sa K-12, postsecondary, at workforce ay magiging isang mahalagang sangkap upang matiyak na ang pagkakapantay-pantay sa edukasyon ay lumawak mula sa pagpasok sa mga unang pagkakataon sa pag-aaral hanggang sa trabaho.

Ang layunin ng Plano ng Estado ay gabayan ang estratehikong pakikipagtulungan at pagkakahayan sa pagitan ng Illinois State Board of Education (ISBE) at ng Illinois Community College Board (ICCB) habang pinangangasiwaan nila ang programang pederal na Perkins. Inilalarawan ng plano ang mga proseso at patakaran na isasagawa ng ISBE, ICCB, at mga lokal na ahensya ng edukasyon at mga kolehiyo ng komunidad na responsable para sa lokal na pamamahala ng pondong nakalaan para sa programang Perkins. Ang mga aktibidad sa loob ng Plano ng Estado ay naglalayong makamit ang Pananaw at Mga Layunin ng

¹ Ang seksyon na ito ay isang draft na panukala sa simula ng Setyembre 2019 na gagawing pinal matapos matanggap at ipagsama ang feedback mula sa mga stakeholder.

Estado para sa pagtatag ng isang edukado at bihasang manggagawa, sa pakikipagtulungan sa maraming mga estado at lokal na mga ka-partner.

Ang Perkins V ay nakabatay nang malaki sa istraktura at nilalaman ng Perkins IV at nananatiling pinakamahalagang batas na nakakaapekto sa karera at teknikal na edukasyon (career and technical education, CTE) sa Illinois. Ang layunin ng batas ay upang lubos na mapaunlad ang kaalamang pang-akademiko at kasanayan sa teknikal at kasanayan na magagamit sa paghahanap ng trabaho ng mga mag-aaral ng sekondarya at postsecondary na edukasyon, na piniling magpalista sa mga programa at mga programa ng pag-aaral ng CTE. Pinapadali ng Perkins V ang layuning ito sa pamamagitan ng paglalagay ng mas malaking pagpapahalaga sa mga sumusunod na lugar: lokal na kakayahang umangkop; komprehensibong pakikibahagi ng stakeholder at sama-samang pagpapalano; pagbabago; pagkakapantay-pantay at pananagutan; at pagkakahanay sa iba pang mga programang pang-edukasyon at para sa mga manggagawa. Ang Plano ng Estado na ito ng Illinois ay nagpapatuloy ng progresong nakamit noong panahon ng SFY2020, sa ilalim ng direksyon ng Planong Transisyon ng Illinois, at nakahanay sa iba pang mga hangarin at inisyatibo ng estado na kasama ang, ngunit hindi limitado sa, mga sumusunod:

- Ang layunin sa pagkamit ng edukasyong Postsecondary ng Illinois na 60 porsiyento ng mga may sapat na gulang ang makakamit ng isang sertipiko o degree pagdating ng 2025;
- Ang Postsecondary at Workforce Readiness Act;
- Ang Dual Credit Quality Act;
- Ang Every Student Succeeds Act (ESSA) Plan;
- Ang Adult Education and Literacy Strategic Plan;
- Ang Workforce Education Strategic Plan;
- Ang Executive Order 2019-03 na nilagdaan ni Gobernador Pritzker noong 2019 na binibigyang diin ang kahalagahan sa Estado ng pag-unlad ng mga manggagawa para sa mga umuusbong na industriya (tingnan ang Appendix A);
- Paglawak ng pag-aaral na nakabase sa trabaho, kasama ang kamakailan lang na National Governor's Association Grant ng Illinois at ang gawain ng Apprenticeship Committee ng Workforce Innovation Board;
- Ang WIOA Unified State Plan; at
- Ang Career Pathway na Diksiyunaryo ng Estado

Ang sistema ng paghahatid ng CTE sa Illinois ay isang pakikipagtulungan sa pagitan ng sekondaryo at postsecondary CTE at suportado ng dalawang ahensya ng estado. Ang Secondary CTE ay kinokontrol sa dalawang antas - ang Illinois State Board of Education (ISBE), na nagbibigay ng pamunuan sa antas ng estado, tulong na teknikal, at pinananagot ang sistema ng Education for Employment (EFE) (tingnan ang Appendix B), na nagbibigay ng mga mapagkukunan sa pagpapalano at paghahatid sa mga lokal na distrito ng paaralan at mga Area Career Center (ACC). Sa Illinois, mayroong 56 na mga sistema ng EFE, kabilang ang tatlong sistema na inayos ng mga ahensya ng estado na nagsisilbi sa mga mag-aaral sa sekondaryo bilang bahagi ng kanilang mga responsibilidad: ang Illinois Department of Juvenile Justice; ang Illinois Department of Human Services, ang Office of Mental Health Services; at ang Illinois Department of Human Services, Division of Rehabilitation Services.

Ang Postsecondary CTE ay inuugma sa antas ng estado ng Illinois Community College Board (ICCB) at sa lokal na antas ng bawat distrito ng kolehiyo ng komunidad. Inaaprubahan at sinusubaybayan ng ICCB ang mga programa at programa ng pag-aaral ng CTE na inaalok sa mga kolehiyo ng komunidad sa Illinois at nagbibigay ng pamunuan sa antas ng estado at tulong na teknikal sa sistema ng kolehiyo ng komunidad.

Ang sistemang kolehiyo ng komunidad ng Illinois, na binubuo ng 39 na lokal na pinamamahalaan na mga distrito ng kolehiyo ng komunidad at 48 kolehiyo, ay ang ikatlong pinakamalaking sistema ng kolehiyo ng komunidad sa bansa. Bilang karagdagan, ang Illinois Department of Corrections, sa pakikipagtulungan sa sistema ng kolehiyo ng komunidad, ay nag-aalok ng postecondary CTE coursework sa mga correctional center ng Illinois.

Ang Buong Plano ng Estado na ito ay pangangasiwaan ng parehong ISBE at ng ICCB at binuo sa pamamagitan ng pagtutulungan sa buong estado.

A. Pagbubuo ng Plano at Konsultasyon

1. Paano binuo ang Plano ng Estado sa tulong ng mga stakeholder at alinsunod sa mga patakaran sa seksyon 122 (c)(2) ng Perkins V?

Ang 4 na Taong Plano ng Estado na ito (Hulyo 1, 2020- Hunyo 30, 2024) ay pangangasiwaan ng Illinois State Board of Education (ISBE) at ng Illinois Community College Board (ICCB) at bubuuin sa pamamagitan ng isang pakikipagtulungang pamamaraan na kinasasangkutan ng mga sumusunod na stakeholder ¹:

- Mga kinatawan ng mga sekondaryo at postsecondary na mga programa ng Career and Technical Education (CTE), kasama ang mga karapat-dapat na tatanggap at kumakatawan ng mga institusyong may dalawang taon sa paglilingkod sa minorya, mga tagapagkaloob ng edukasyon sa mga may sapat na gulang, at mga kinatawan ng charter school, na kinabibilangan ng mga guro, faculty, pinuno ng paaralan, mga suportang kawani sa espesyal na pagtuturo, tagapayo sa karera at pang-akademikong gabay, at mga paraprofessional;
- Mga interesadong kinatawan ng komunidad kabilang ang: mga magulang, mag-aaral, at mga samahan ng komunidad;
- Mga kinatawan ng State Workforce Development Board, mga Lokal na Workforce Board, at mga propesyonal na manggagawa;
- Mga miyembro at kinatawan ng mga espesyal na populasyon, partikular na ang mga ahensya ng estado at mga organisasyon sa loob ng komunidad;
- Mga kinatawan ng negosyo at industriya (kabilang ang mga kinatawan mula sa maliliit na negosyo);
- Mga kinatawan ng mga samahan ng manggagawa;
- Mga kinatawan ng mga ahensya na naglilingkod sa mga kabataan na wala sa paaralan, mga kabataan na walang bahay, at mga kabataan na nasa panganib, kabilang ang coordinator ng estado para sa edukasyon ng mga walang bahay na mga kabataan (McKinney-Vento Homeless Assistance Act);
- Mga indibidwal na may kapansanan; at
- Mga kinatawan mula sa tanggapan ni Gobernador J.B. Pritzker.

Sinadya ng Illinois na makasama ang lahat ng mga stakeholder sa proseso ng pagpapalano at pagbuo ng Perkins V. Ang mga stakeholder ay hinikayat na makilahok gamit ang iba't ibang mga estratehiya at paraan ng komunikasyon kasama ang mga sesyon ng bukas na pakikinig, mga survey upang mangolekta ng feedback, mga email blast, at mga webinar. Tinarget din ng Illinois ang naimbitahan na mga kumikilos na team ng mga stakeholder na magtuon sa mga larangan ng pagkakapantay-pantay, pagbabago, pakikibahagi sa negosyo, propesyonal na pag-aaral, at pagkakahanay at pagbabagong-kalagayan. Ang mga estratehiya, aktibidad, at kaganapan ay naka-detalye sa ibaba. Isang timeline na nagpapakita ng makabuluhang pakikipag-ugnayan ng Illinois sa publiko, mga practitioner, mga pinuno ng estado, at lahat ng kinakailangang partner sa ilalim ng Perkins Act ay ibinigay din sa ibaba. Ang mga partikular na detalye ng kaganapan, mga listahan ng kalahok, mga agenda, at iba pang impormasyon ay matatagpuan sa Appendix C.

¹ Tandaan: Wala sa Illinois ang mga sumusunod: Mga Organisasyon ng mga Tribo at mga Kolehiyo o Unibersidad na naging kilala na para sa mga itim.

Ang mga gabay na prinsipyo para sa pagbuo ng Plano ng Estado at pagprograma para sa Illinois CTE ay binubuo sa pamamagitan ng isang pakikipagtulungan ng Illinois State Board of Education (ISBE), Illinois Community College Board (ICCB), at ng Illinois Center for Specialized Professional Support (ICSPS) na may gabay mula sa Office of Community College Research and Leadership (OCCRL).

Ang mga gabay na prinsipyo na ito ay itinuturing na pundasyon para sa talakayan at mga desisyon na ginawa sa pagbuo ng draft na bersyon ng Plano ng Estado:

1. *Pag-access, Pagkakapantay-pantay, at Oportunidad:* Pag-access sa mga oportunidad pang-edukasyon ng CTE sa maraming mga entry at exit point para sa bawat mag-aaral na may mga serbisyong suporta na magagamit na humahantong sa makatarungang mga resulta.
2. *Pananagutan:* Kinokolekta, ibinabahagi, at ginagamit ang datos upang masubaybayan nang pangmatagalan ang pag-unlad ng mag-aaral sa mga landas upang mapahusay ang mga kinalabasan ng mag-aaral at magpakita ng pananagutan.
3. *Pagkakahanay at Maayos na Mga Pagbabagong-Kalagayan:* Ang kurikulum, programa, at mga kredensyal ay ipinapaalam ng mga tagapagkaloob ng edukasyon at pagsasanay (na may input mula sa negosyo at industriya) at nakahanay upang mapadali ang paghahanda at pagbabagong-kalagayan ng mga mag-aaral sa tinatahak na landas pang-edukasyon.
4. *Pakikibahagi ng mga Negosyo:* Sa pamamagitan ng lahat ng antas ng programming ng CTE, ang mga ka-partner sa negosyo ay hinihikayat na makilahok para matiyak ang may-kaugnayan at komprehensibong mga programa ng pag-aaral at mga kurikulum.
5. *Pakikipagtulungan at Suporta:* Ang CTE programming ay binuo at sinuportahan nang may paggabay mula sa mga ka-partner sa pakikipagtulungan.
6. *Pagbuo ng Komunidad/Pakikibahagi:* Ang pakikibahagi sa komunidad ay nagtataguyod ng mga positibong ugnayan ng mga samahan ng estado at mga grupo ng komunidad, mga sibikong organisasyon, mga nonprofit, at mga munisipalidad. Ang pagpapatibay ng mga ugnayang ito ay kritikal sa pag-aalok sa mga mag-aaral ng mga pagkakataon upang matuto at lumago nang higit pa sa silid-aralan.
7. *Pagbabago:* Isulong ang pagbabago sa pamamagitan ng pagtukoy at pagtataguyod ng mga programa, kasanayan, at estratehiya na may potensyal at batay sa katibayan.
8. *De-kalidad na Kurikulum at Pagtuturo:* Ang kurikulum at pedagogy ay nag-aalok ng mahigpit at may-kaugnayang pagtuturo na nagpapabuti sa pagkatuto at nagbibigay-daan sa pagsasanay nang mabuti ng mag-aaral sa mga kakayahan na nakahanay sa mga pamantayan at kredensyal na kinikilala sa industriya.
9. *Malakas na Suporta ng Guro:* Ang mga inugmang pagsisikap sa pag-recruit at pagpapanatili sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa mga programa sa paghahanda ng guro, mga ka-partner sa industriya, mga asosasyon ng mga guro ng CTE, mga LEA, mga EFE, at iba pang mga makabagong pakikipagtulungan, ay patuloy na magbabago upang matugunan ang mga pangangailangan sa pag-recruit at propesyonal na pag-aaral ng tagapagturo ng CTE sa antas na sekundaryo at postsecondary.

Pangunahing Team: Ang ISBE at ICCB ay lumikha ng isang Pangunahing Team para sa Perkins V, kabilang ang mga pinuno ng estado, na nagkita-kita upang magbigay ng pamumuno sa pagpapalano ng Perkins. Tinukoy ng Pangunahing Team ang mga estratehiya sa pakikibahagi ng mga stakeholder,

ibinalangkas ang mga prayoridad ng buong estado, tinukoy ang mga lugar para sa koordinasyon at pagkakahayan ng mga manggagawa at edukasyon, at gumawa ng mga rekomendasyon sa ISBE at ICCB sa mga hakbang na nauugnay sa Perkins. Kasama sa Pangunahing Team ang mga kinatawan mula sa bawat isa sa mga sumusunod na mahahalagang lugar:

- Mga Departamento ng ISBE sa Karera at Teknikal na Edukasyon at Pagbabago, Kurikulum at Pagtuturo, Espesyal na Edukasyon, Datos, Mga Usaping Pambatasan, at Ugnayang Pampubliko
- Mga Departamento ng ICCB sa Karera at Teknikal na Edukasyon, Edukasyon ng May Sapat na Gulang, Pagiging Epektibo ng Institusyon, at Usaping Pambatasan at Panlabas
- Ang Tanggapan ng Gobernador
- Illinois Workforce Innovation Board¹
- Kagawaran ng Komersyo at Pang-ekonomiyang Oportunidad o Department of Commerce and Economic Opportunity (WIOA Title I)

Bilang karagdagan, ang Pangunahing Team para sa Perkins V ay gumamit ng dalawang subcommittee: Komunikasyon at Datos. Ang Subcommittee ng Komunikasyon ay nagtrabaho upang matukoy ang muling pag-brand ng CTE pati na rin ang mga pamamaraan ng komunikasyon at estratehiya para sa pakikipag-ugnayan sa mga ka-partner at publiko. Partikular dito, ang team ng komunikasyon ay gumawa ng mga press release, flyer, at mga logo upang ipabatid ang pagpapalano ng CTE at Perkins sa estado. Ang Subcommittee ng Datos ay nagtrabaho upang pag-aralan ang mga takbo ng performance para sa parehong sekundaryo at postsecondary CTE, ihanay ang mga tagapagpahiwatig kung naaangkop, at tukuyin ang mga rekomendasyon sa target na performance.

Grupo na Kumikilos sa Plano ng Estado Patungkol sa Perkins V: Ang pangkat na ito ay nakipagtulungan at kumonsulta sa mga panlabas na stakeholder sa pagbuo ng Plano sa Karera at Teknikal na Edukasyon ng Estado para sa FY2021-FY2024. Ang mga gabay na prinsipyo ng proseso ng pagpapalano ay idinisenyo upang matiyak na ang lahat ng mga panlabas na stakeholder ay narinig at mayroong iisang responsibilidad para sa pagtukoy sa mga tunguhin ng buong estado, layunin, at mga pagkilos sa mga hakbang upang ipaalam ang pagbalangkas ng Plano ng Estado. Ang mga kalahok sa kumikilos na grupo na ito ay inanyayahan sa isang personal na pagpupulong sa Bloomington, Illinois noong Pebrero 21, 2019 sa DoubleTree Hotel and Conference Center. Mahigit sa 100 kalahok na kumakatawan sa lahat ng mga kailangang partner na tinutukoy sa Seksyon 122 (c) (2) ng Batas. Ang isang buong listahan ng mga dumalo at mga kaakibat ay matatagpuan sa Appendix D. Hinati-hati ang mga kalahok sa anim na komite batay sa kanilang larangan ng kadalubhasaan, pagkakasangkot, at pananaw. Ang anim na komite ay kumakatawan sa anim na larangan ng oportunidad sa loob ng Perkins V:

1. Pagbabago
2. Pagbabagong-kalagayan at Pagkakahayan
3. Channel ng Impormasyon ng Guro at Propesyonal na Pag-aaral
4. Pakikibahagi ng Tagapag-empleyo
5. Pagkakapantay-pantay at Pag-access
6. Datos at Pananagutan

¹ Ang hinirang ng Gobernador na Illinois Workforce Investment Board (IWIB) ay may kasamang mga pinuno mula sa estado, negosyo, industriya, manggagawa, edukasyon, at mga organisasyon sa loob ng komunidad. Nagbibigay ang IWIB ng pangangasiwa at estratehikong pamumuno para sa sistema ng kaunlaran ng manggagawa ng estado upang matiyak na ang mga pangangailangan sa paghahanda ng mga manggagawa ng mga tagapag-empleyo sa Illinois ay natutugunan.

Ang bawat komite ay nagpulong nang tatlong beses (nang virtual) kasunod ng personal na pagpupulong upang tukuyin ang mga rekomendasyon na pag-iisipang isama sa Plano ng Estado. Ang mga rekomendasyon na pinag-iisipang isama ay makikitang kasama sa loob ng mga estratehiya at aktibidad ng Plano ng Estado. Para sa isang buong listahan ng mga rekomendasyon ng Kumikilos na Grupo, tingnan ang Appendix E.

Pakikibahagi ng mga Mag-aaral : Isinali ng ISBE at ICCB ang mga sekundarya at postsecondary na mga mag-aaral sa pamamagitan ng bawat advisory committee ng mga mag-aaral ng mga ahensya. Bilang karagdagan, ang mga pinuno mula sa lahat ng Career and Technical Student Organization (CTSO) ay hiniling na magbigay ng feedback sa kanilang mga karanasan sa CTE at sa loob ng mga CTSO. Panghuli, sadyang isinali at patuloy na isasali ng ISBE at ICCB ang mga mag-aaral sa pagbuo ng Plano ng Estado na magbibigay-alam sa sistema ng CTE sa Illinois. Para sa ISBE at ICCB, pangangasiwaan ng Joyce Foundation ang mga focus group ng mga mag-aaral sa haikul at kolehiyo ng komunidad, kabilang ang mga mag-aaral ng Edukasyon para sa mga May Sapat na Gulang sa buong estado. Ang mga focus group ay gaganapin sa mga sumusunod na lokasyon:

- *Setyembre 19*: St. Clair Regional Office of Education, Belleville
- *Setyembre 27*: Woodruff High School, Peoria
- *Oktubre 1*: Rock Valley College, Rockford
- *Oktubre 7*: Buffalo Grove High School, Buffalo Grove
- *Oktubre 8*: Carl Sandburg College, Galesburg

Pakikibahagi ng Tagapag-empleyo: Bilang karagdagan sa pakikibahagi ng mga tagapag-empleyo sa pamamagitan ng IWIB, State Plan Work Group, at mga rehiyonal na road show, papangasiwaan din ng Joyce Foundation ang mga focus group ng mga tagapag-empleyo upang maunawaan kung paano maaaring maging mas tumutugon sa mga pangangailangan ng tagapag-empleyo ang ating sistema ng CTE. Ang mga tagapag-empleyo ay makikilahok sa mga focus group sa parehong mga lokasyon at petsa tulad ng sa mga mag-aaral, na nakalista sa itaas.

Mga Panrehiyon na Road Show: Ang layunin ng mga Panrehiyon na Road Show ay upang magbahagi ng impormasyon sa mga lokal na komunidad tungkol sa karera at teknikal na edukasyon at ipaliwanag ang mga bagong oportunidad na maaari sa pamamagitan ng muling pagbibigay awtorisasyon sa Perkins Act. Bilang karagdagan, ang mga Panrehiyon na Road Show ay nagbigay ng pagkakataon na magbahagi ng mga inaasahan sa pakikilahok ng mga stakeholder at lokal na pagpapalano at upang mangolekta ng feedback mula sa mga lokal na komunidad at mga practicioner upang magbigay-alam sa pagpapalano sa buong estado (Appendix F).

- Noong Disyembre 2018, ang ISBE at ICCB ay nagtipon ng isang Panrehiyon na Road Show at nagsagawa ng mga personal na sesyon sa apat na lokasyon sa buong Estado. Ang mga layunin ng mga sesyon ay upang magbigay ng impormasyon tungkol sa mga mahahalagang detalye sa loob ng Perkins V Act at bigyang-pagpapahalaga ang pagtaas ng kakayahang umangkop para iugma ang pagbabago sa loob ng mga programa ng CTE. Ang mga kinakailangang partner sa estado at lokal at iba pang mga interesadong partido, kabilang ang mga magulang at mga organisasyon sa loob ng komunidad, ay inanyayahang lumahok sa mga sesyong ito ng pakikinig. Ang mga survey ay ipinamamahagi sa mga kalahok upang makilala ang mga hadlang sa loob ng kasalukuyang sistema ng CTE, i-highlight ang mga tagumpay/pektibong kasanayan na susuportahan, at mangolekta ng feedback sa mga prayoridad na pagpopondo ng estado sa pamumuno. Ang feedback na ito ang nagbigay-alam sa paunang pagbalangkas ng Buong Plano ng Estado. Ang Panrehiyon na Road Show ay nagsali ng mahigit na 200 kalahok. Higit

pang mga detalye kabilang ang ibinigay na presentasyon, at isang buod ng feedback na nakolekta ay matatagpuan sa Appendix F.

Disyembre 4, 2018: Palos Hills, 75 kalahok

Disyembre 6, 2018: Springfield, 46 na kalahok

Disyembre 10, 2018: Mt. Vernon, 36 na kalahok

Disyembre 12, 2018: Elgin, 25 kalahok

Disyembre 18, 2018: Open Webinar, 125 kalahok

- Sa Taglagas 2019, ang ISBE at ICCB ay magsisimula ng pangalawang Panrehiyon na Road Show upang mag-imbata ng personal na feedback sa unang draft ng Plano ng Estado para sa Perkins V. Tulad ng mga forum ng road show na ginanap noong Disyembre ng 2018, ilalahad ng pamunuan ng ISBE at ICCB ang mga layunin, prayoridad, at aktibidad na isinama sa draft ng Plan ng Estado upang maisagawa ang pananaw ng Illinois para sa CTE. Ang ikalawang kalahati ng mga road show na kaganapan ay nakatuon sa feedback ng kalahok.
 - Oktubre 7, 2019 ~ 5:00 pm - 7:00 pm
Buffalo Grove High School, Library, 1100 W. Dundee Rd., Buffalo Grove, IL 60089
 - Oktubre 10, 2019 ~ 4:00 pm - 6:00 pm
Wilco Area Career Center, Room A-114, 500 Wilco Blvd., Romeoville, IL 60446
 - Oktubre 23, 2019 ~ 4:00 pm - 6:00 pm
Richland Community College, Shilling Education Center, Salon 1, One College Park, Decatur, IL 62521
 - Oktubre 24, 2019 ~ 4:00 pm - 6:00 pm
Kaskaskia College - Lifelong Learning Center, 27210 College Rd., Centralia, IL 62801
 - Oktubre 25, 2019 ~ 4:00 pm - 6:00 pm
Chicago Public Schools District Office, CPS Board Room, 42 W. Madison St, Chicago, IL 60602

Bilang karagdagan sa mga Panrehiyon na Road Show, ang mga kawani ng ICCB at ISBE ay humingi ng input mula sa mga pangunahing stakeholder sa pamamagitan ng iba't ibang mga pagpupulong, kumperensya, at presentasyon sa muling pagbibigay awtorisasyon sa Perkins, pagsisikap sa pagpapalano ng Perkins V ng Illinois, at iminungkahing pananaw at mga layunin ng Illinois para sa CTE. Ang mga presentasyon at impormasyon sa pagpupulong ay inakma sa bawat partikular na grupo. Palaging may nakalaang oras para sa komento upang mangolekta ng feedback mula sa mga kalahok at pahintulutan ang mga makabuluhang talakayan sa pakikilahok ng mga stakeholder. Habang ang isang kumpletong listahan ay matatagpuan sa Appendix C, kasama sa mga pagpupulong at presentasyon na ito ang sumusunod:

- Sistemang sekondaryo at mga pagpupulong, asosasyon, at kumperensya sa CTE
- Postsecondary CTE at mga pagpupulong ng kolehiyo ng komunidad, asosasyon, at kumperensya

- Konseho ng P-20¹
- Mga pagpupulong at kumperensya na may kinalaman sa Edukasyon ng May Sapat na Gulang
- Pang-estado at Lokal na mga Workforce Innovation Board
- Mga Interagency Work Group na responsable para sa pagbalangkas ng Unified State Plan ng WIOA
- Mga pangkat ng mag-aaral kabilang ang mga student advisory committee

Media/Elektronikong Komunikasyon : Habang ang mga personal na pagpupulong at forum ay nagbigay ng malawak na pagkakataon para sa makabuluhang pakikipag-ugnay, isinama ng ISBE at ICCB ang isang mas malawak na hanay ng mga stakeholder sa pamamagitan ng social media at mga komunikasyon na nakabase sa web. Ang ISBE at ICCB ay lumikha ng mga partikular na website para sa CTE at Muling Pagbibigay Awtorisasyon sa Perkins (Perkins Reauthorization) at nagbigay ng dedikadong mga email address upang makakuha ng feedback o makatanggap ng mga katanungan na may kaugnayan sa pagsisikap sa pagpapalano ng estado para sa Perkins V. Ang mga presentasyon at pagkakataon para sa mga talakayan ay naihatid din sa pamamagitan ng mga webinar na bukas sa publiko. Ang ISBE at ICCB ay sadyang pinanatili ang isang relasyon na nakikipagtulungan sa buong proseso ng pagpapalano at gumamit ng iba't ibang mga mekanismo ng komunikasyon upang maibahagi ang impormasyon sa mga prayoridad at mga pagsisikap sa pagpapalano ng Illinois para sa Perkins V. Kasama sa mga mekanismong ito ang mga email blast sa mga listerv, flyer, press release, webinar, at post sa social media. Bilang karagdagan, nakinabang ang Illinois sa focus ng bansa at estado sa CTE sa pamamagitan ng paggamit ng Buwan ng CTE (Pebrero) upang maisulong ang mga programa ng pag-aaral ng CTE, mga tagapagturo ng CTE, at mga mag-aaral ng CTE sa Illinois.

Mga Petsa ng Mga Webinar at Mga Paksa:

- Abril 25, 2019 Hindi Tradisyonal na mga Trabaho — Ano ang Bago para sa Perkins V?
- Abril 18, 2019 Ano ang isang Programa ng Pag-aaral? (What is a Program of Study?)
- Marso 27, 2019 Malalim na Pagsusuri ng Perkins V (Perkins V Deep Dive)
- Marso 12, 2019 Perkins V at mga Espesyal na Populasyon: Ano ang nasa Abot-tanaw? (What is on the Horizon?)
- Disyembre 18, 2019 Ipaalam ang Limang Taon na Plano tungkol sa Pag-aaral na Konektado sa Karera (Inform Five-Year Plan on Career-Connected Learning)
- Setyembre 27, 2019 Pangkalahatang-ideya ng Muling Pagbibigay Awtorisasyon sa Perkins (Perkins Reauthorization Overview)

House Resolution 371: Bilang tugon sa mga pagsisikap sa pakikibahagi ng mga stakeholder, ang General Assembly ng Illinois ay ipinasa ang House Resolution 371 noong Mayo 2019. Tinukoy ng resolusyon ang mga rekomendasyon na dapat isaalang-alang ng ISBE at ICCB para sa Plano ng Estado. Sa madaling sabi, ang Resolusyon ay nanawagan para sa pagkakahayan sa pagitan ng Plano ng Estado at ng WIOA Unified Plan; pagsasaalang-alang sa suporta sa Pag-eendorso ng Landas ng Kolehiyo at Karera (College and Career Pathway Endorsement) (na nakabalangkas sa Postsecondary and Workforce Readiness Act); at pagsasaalang-

¹ Ang Konseho ng P-20 ng Illinois ay itinatag ng lehislatura noong 2009 upang magsulong ng pakikipagtulungan sa mga ahensya ng estado, institusyong pang-edukasyon, lokal na paaralan, pangkat ng komunidad, tagapag-employo, nagbabayad ng buwis, at pamilya, at sama-samang tukuyin ang mga kinakailangang reporma. Ang misyon ng Konseho ng P-20 ng Illinois ay pag-usapan at gumawa ng mga rekomendasyon sa Gobernador, Illinois General Assembly, at mga ahensya ng estado para sa pagbuo ng isang tuloy-tuloy at napapanatiling sistema sa buong estado ng de-kalidad na edukasyon at suporta, mula sa pagsilang hanggang maging sapat na gulang, upang mapakinabangan nang todo ang makakamit na edukasyon ng mga mag-aaral, mga pagkakataon para sa tagumpay ng mga manggagawa, at mga kontribusyon sa kanilang mga lokal na komunidad. Ang layunin ay upang madagdagan ang proporsyon ng mga taga-Illinois na may mataas na kalidad na degree at kredensyal at maging 60 porsyento sa taong 2025.

alang sa paggamit ng maraming mga tagapagpahiwatig ng kalidad ng programa. Bilang tugon, ang mga kinatawan ng ISBE, ICCB, at IWIB (at/o DCEO) ay maglalahad ng isang ulat na naglalarawan ng kanilang nagkakaisang tugon sa mga rekomendasyon sa Konseho ng P-20 at sa Pangkalahatang Pagtitipon (General Assembly) sa Disyembre 2019, ayon sa inaatas ng Resolusyon (Appendix G) .

Ahensya ng Estado at Iba pang mga Kaakibat: Ang mga ahensya ng estado at iba pang adbokasiya na may kaugnayan sa mga manggagawa at edukasyon o mga organisasyon na non-profit ay nakibahagi sa pagbuo ng mga estratehiya ng Plano ng Estado. Sa pamamagitan ng Kumikilos na Grupo para sa Plano ng Estado at iba pang paraan ng pakikilahok ng stakeholder, kabilang sa mga ka-partner na ahensya ng estado at iba pang mga ka-partner na hindi ahensya na nag-ambag sa pagsulong ng Plano ng Estado na ito ang:

- Adult Education Advisory Council
- Community College President’s Council
- Education Systems Center sa Northern Illinois University
- Educational Opportunities for Military Children Council
- Gender Equity Advisory Council
- High School Graduation, Achievement, and Success Commission
- Illinois Association for Career and Technical Education
- Illinois Board of Higher Education
- Illinois Center for Specialized Professional Support sa Illinois State University
- Illinois Department of Commerce and Economic Opportunity
- Illinois Department of Corrections
- Illinois Department of Employment Security
- Illinois Department of Human Services
- Illinois Department of Veterans Affairs
- Illinois Early Learning Council
- Illinois Education Research Council
- Illinois Mathematics and Science Academy
- Illinois Student Assistance Commission
- Illinois Workforce Innovation Board
- Illinois Workforce Partnership
- Office of Community College Research and Leadership at the University of Illinois
- Office of the Lieutenant Governor
- P-20 Council (Konseho ng P-20)
- Partnership for College Completion
- School Success Task Force
- Stand for Children
- Women Employed

Ang isang detalyadong paglalarawan ng bawat isa sa mga samahang ito ay matatagpuan sa Appendix H.

2. Naaayon sa seksyon 122(e)(1) ng Perkins V, ang bawat karapat-dapat na ahensya ay dapat bumuo ng bahagi ng Plano ng Estado na may kaugnayan sa halaga at paggamit ng anumang pondo na iminungkahing ilalaan para sa karera at teknikal na edukasyon ng may sapat na gulang, postsecondary na karera at teknikal na edukasyon, at sekundaryong karera at teknikal na edukasyon pagkatapos ng konsultasyon sa mga ahensya ng Estado na tinukoy sa seksyon 122(e)(1)(A)-(C) ng Batas. Kung ang isang ahensya ng Estado, maliban sa karapat-dapat na ahensya, ay nakakita ng isang hindi kanais-nais na bahagi ng pinal na Plano ng Estado, ang karapat-dapat na ahensya ay dapat magbigay ng isang kopya ng naturang mga pagtutol at isang paglalarawan ng tugon nito sa pinal na plano na isinumite sa Sekretarya.

Ang ISBE, ang karapat-dapat na ahensya na kumakatawan sa sekundaryong edukasyon at ICCB, ang karapat-dapat na ahensya na kumakatawan sa sistema ng kolehiyo ng komunidad at edukasyon ng may sapat na gulang, ay magkasamang namumuno sa mga pagsisikap na buuin at ayusin ang 4 na Taong Plano ng Estado sa CTE ng Illinois. Ang Plano ng Estado ay kumakatawan sa isang pakikipagtulungan ng sekundaryong CTE, postsecondary CTE, at pagsasaayos ng programa ng edukasyon ng may sapat na gulang upang matugunan ang mga pangangailangan sa edukasyon at mga manggagawa ng Illinois.

Ang anumang mga pagtutol at kaukulang mga tugon ay isasama sa Appendix I at kung walang mga pagtutol, ay ihahain sa pinal na Plano ng Estado na isusumite sa Sekretarya.

3. Mga oportunidad para sa publiko na magkomento nang personal at nakasulat tungkol sa plano ng Estado. (Seksyon 122(d)(14) ng Perkins V)

Ang panloob at panlabas na komunikasyon mula sa ISBE at ICCB ay gagamitin upang itaguyod ang mga pagkakataon para sa puna ng publiko sa Plano ng Estado. Kasama sa komunikasyon na ito ang mga email listerv, website, ISBE Weekly Superintendent Messages, ang Buwanang Newsletter ng ICCB, at mga post sa social media. Noong Setyembre 2019, inihayag ng ISBE at ICCB ang pagpapalabas ng Plano ng Estado na kasama ang mga detalye sa mga personal na pagpupulong sa rehiyon, at kung paano suriin at magbigay ng puna sa Plano ng Estado sa elektronikong paraan. Matapos ang pagsasama ng mga feedback na natipon sa 2019 na mga Panrehiyon na Road Show noong taglagas, isang pangalawang draft ng Plano ng Estado ay ilalabas nang 30 araw para sa pagkokomento ng publiko sa kalagitnaan ng Enero 2020.

Mula noong Disyembre 2018, ang mga email address ng Perkins V ay magagamit upang payagan ang mga stakeholder na magbigay ng nakasulat na mga feedback at direktang magsumite ng mga katanungan sa mga kawani ng ISBE at ICCB. Kaugnay ng estratehiya sa pakikipag-ugnay na ito, ang parehong mga ahensya ay bumuo ng isang website na nakatuon sa Perkins V na nagtataguyod ng pagbuo ng Plano ng Estado ng Illinois. Ang mga address ng website ay matatagpuan sa ibaba:

- ISBE Perkins V Website - www.isbe.net/perkins
- ICCB Perkins V Website - www.iccb.org/cte/

Tulad ng nakasaad, ang ISBE at ICCB ay magho-host ng mga pampublikong sesyon para sa feedback sa rehiyon at nang personal sa Plano ng Estado sa buong buwan ng Setyembre at Oktubre ng 2019. Ang ISBE at ICCB ay nag-post ng isang draft na bersyon ng Plano ng Estado sa kanilang mga website na mababasa ng publiko. Pinapahintulutan ng prosesong ito na makolekta ang feedback mula sa lahat ng mga panlabas na stakeholder sa Setyembre at Oktubre ng 2019. Mayroon ding Plano ng Estado sa wikang Espanyol. Ang

feedback na ito ay kokolektahin, titipunin, at susuriin gamit ang isang survey form na maa-access sa web upang matiyak ang kahusayan at kawastuhan. Habang ang publiko at iba pang mga stakeholder ay maaaring magbigay ng feedback sa anumang bahagi ng Plano ng Estado, may mga partikular na katanungan na naka-embed sa loob ng Plano ng Estado na ito at sa survey, kung saan ninanais ang targeted na feedback. Gamit ang paunang feedback na ito, ang Plano ng Estado ay babaguhin, kung naaangkop. Ang Plano ng Estado ay ibabahagi kay Gobernador Pritzker at ilalabas para sa isang 30-araw na panahon para sa pagkokomento ng publiko mula sa kalagitnaan ng Enero hanggang kalagitnaan ng Pebrero ng 2020. Ang mga feedback na nakolekta sa pamamagitan ng panahon para sa pagkokomento ng publiko ay isasaalang-alang at ang mga pagbabago ay isasama sa pinal na Plano ng Estado, kung naaangkop.

B. Pangangasiwa at Pagpapatupad ng Programa

1. Pananaw ng Estado para sa Pag-unlad ng Edukasyon at mga Manggagawa

a. Buod ng mga aktibidad sa Estado sa pagpapaunlad ng mga manggagawa na suportado ng Estado (kabilang ang edukasyon at pagsasanay), kabilang ang antas kung saan ang karera at mga programang teknikal na edukasyon at mga programa ng pag-aaral ng Estado ay nakahanay at tinutugunan ang mga pangangailangan sa edukasyon at kasanayan ng mga tagapag-empleyo sa Estado tulad ng tinukoy ng lupon sa pagpapaunlad ng mga manggagawa ng Estado. (Seksyon 122(d)(1) ng Perkins V)

Ang pananaw at pamumuno sa mga aktibidad sa pag-unlad ng mga manggagawa, kasama ang edukasyon at pagsasanay, ay inuugma sa pamamagitan ng iba't ibang mga board, konseho, o mga kumikilos na grupo sa buong estado at pinangangasiwaan ng Workforce Readiness through Apprenticeships Pathways (WRAP) Committee. Ang pagiging kasapi ng bawat isa sa mga grupong ito ay nag-iiba-iba sa kaakibat na organisasyon at kadalubhasaan ng sektor at kasama ang mga kinatawan mula sa mga negosyo (malaki at maliit), mga nahalal na opisyal (kabilang ang Gobernador), mga asosasyon na may kaugnayan sa mga manggagawa, mga pinuno ng edukasyon, at mga ehekutibong opisyal ng ahensya ng estado. Bagama't maraming mga grupo ang nagbibigay ng pamumuno sa rehiyon o buong estado, ang mga nakalista sa ibaba ay labis na konektado sa mga aktibidad sa pagpapaunlad ng mga manggagawa na suportado ng estado na nauugma o nakahanay sa pangangasiwa ng mga programa sa karera at teknikal na edukasyon.

- **Ang Illinois Workforce Innovation Board (IWIB):** Ang IWIB ay responsable sa pangangasiwa ng pagbuo, pagpapatupad, at pagbabago ng Workforce Innovation and Opportunity Act Unified State Plan (WIOA); pagpupulong sa lahat ng mga nauugnay na programa, mga kinakailangang ka-partner, at mga stakeholder; at pagbibigay ng pangangasiwa at estratehikong pamumuno para sa sistema ng pagpapaunlad ng mga manggagawa ng estado. Ang ISBE at ICCB ay parehong may kinatawan sa IWIB bilang mga miyembro na ex-officio. Bilang karagdagan, ang ICCB ay nakaupong miyembro na kumakatawan sa Postsecondary Perkins. Ang iba't ibang mga kawani ng ISBE at ICCB ay aktibong nakikilahok sa mga Komite para sa Apprenticeship, Mga Landas ng Karera para sa mga Naka-target na Populasyon, Pagsusuri at Pananagutan, at Teknolohiya ng Impormasyon.
- **Konseho ng P-20:** Ang Konseho ng P-20 ay nakikibahagi at tumutugon sa mga pagsisikap sa pagpapalano ng Perkins V, at pormal na tinutukoy ang ilang mga rekomendasyon na isasama sa Planong ito ng Estado. Ang mga ehekutibong kawani ng ISBE at ICCB ay kinakatawan sa Konseho ng P-20 at ang mga kawani ng ISBE at ICCB ay kabilang sa maraming komite. Bilang

karagdagan, ang ilang mga lokal na nakatanggap ng sekundaryo at postsecondary CTE ay aktibong nakikibahagi sa Konseho at mga komite nito. Partikular dito, ang College and Career Readiness (CCR) Committee ng Konseho ay sumailalim sa malawak na proseso ng pagsusuri at proseso ng pagbigay ng feedback upang matiyak na ang plano ay nakahanay sa umiiral na mga balangkas at patakaran. Kasama sa komite ng CCR ang isang malawak na hanay ng mga stakeholder kabilang ang mga ahensya ng Estado, tagapag-empleyo, mga organisasyon ng komunidad, mga pangalawang distrito, mga institusyong postsecondary, mga nagpopondo, at mga organisasyon para sa mga polisiya/adbokasiya.

- **Komite ng Workforce Readiness through Apprenticeships and Pathways (WRAP):** Ang komite ng WRAP, na orihinal na nagtipon upang ipagsama-sama ang iba't ibang mga interagency work stream kabilang ang Cabinet on Children and Youth ng dating Gobernador, ang inisyatibo na "Apprenticeship Plus", at New Skills for Youth, na nakatuon sa isang mas malawak na pamamaraan ng pagsulong ng pagiging handa para sa kolehiyo at karera at mga istraktura ng landas ng karera at mga patakaran. Kasama sa mga miyembro ang mga pinuno ng estado at programa mula sa iba't ibang mga ahensya ng edukasyon at mgamanggagawa, pati na rin ang iba pang mga grupong sumusuporta sa adbokasiya at mga non-profit. Ang ISBE at ICCB ay parehong aktibong nakikibahagi sa gawain ng komite na ito

Sinusuportahan ng Illinois ang mga sumusunod na aktibidad para sa pagpapaunlad ng mga manggagawa na itinatangayod ng Estado, kabilang ang edukasyon at pagsasanay. Ang mga antas na kung saan ang mga programa sa karera at teknikal na edukasyon at programa sa pag-aaral ng Estado ay nakahanay at tinutugunan ang mga pangangailangan sa edukasyon at kasanayan ng mga tagapag-empleyo ay malinaw na tinutukoy sa loob ng bawat hanay ng mga aktibidad.

Mga aktibidad sa ilalim ng Postsecondary and Workforce Readiness (PWR) Act

Ginagamit ng PWR Act ang isang pamamaraan na nakabase sa mag-aaral at kagalingan upang suportahan ang apat na mga estratehiya para matulungan ang mga mag-aaral na maghanda para sa mga pagkakataon sa postsecondary at karera:

Pag-aalok ng isang balangkas ng Postsecondary and Career Expectations (PaCE)

Ang balangkas ng Postsecondary and Career Expectations ay naglalarawan kung ano ang dapat malaman ng mga mag-aaral at aksyon na dapat nilang gawin mula sa gitnang paaralan hanggang ^{ika-}12 grado upang piliin ang tamang opsyong postsecondary, maghanda para sa mga karera, at ma-access ang mga pagkakataon sa tulong pinansyal. Pinagtibay noong Hunyo 2017, ang PaCE Framework ng Illinois ay binuo na may malawak na input mula sa mga stakeholder at mga eksperto sa paksa upang magbigay ng gabay sa mga mag-aaral, pamilya, at tagapagturo sa kung anong uri ng mga karanasan at impormasyon na kinakailangan ng isang mag-aaral upang gumawa ng ganap na may kaalamang desisyon tungkol sa kolehiyo at pagpapalano ng karera, simula sa ika-8 baitang at nagpapatuloy hanggang haiskul. Ang framework ay isinaayos na nakapaikot sa tatlong pangunahing larangan: pagsasaliksik at pag-unlad ng karera; pagsasaliksik ng edukasyon sa postsecondary, paghahanda, at pagpili; at tulong pinansiyal at karunungan magbasa. Ang PaCE Framework ay magiging isang pamamaraan sa pag-aayos na makakatulong na kilalanin at pagkonektahin ang mga lugar ng tagumpay at tukuyin ang mga indibidwal na maaaring mangailangan ng karagdagang pansin o mga mapagkukunan.

Pangunguna sa mga kinakailangan sa pagtatapos ng haiskul na nakabatay sa kakayahan

Ang mga programang nakabatay sa kakayahan ay nagsusuri at nagsusulong ng mga mag-aaral batay sa kanilang ipinakitang karunungan sa mga kasanayan at kaalaman. Ang modelo na nakabatay sa kakayahan ay nagtatanggal ng mga limitasyon ng "oras ng pag-upo" at nagbibigay-daan sa pag-aaral na ayon sa kagustuhan ng mag-aaral sa loob at labas ng silid-aralan. Ang pamamaraang ito ay maaaring gawing mas makatuturan ang edukasyon para sa mga mag-aaral at tagapag-employo. Pinapayagan ng edukasyon na nakabatay sa kakayahan ang mga mag-aaral na makatanggap ng credit na mabibilang sa mga kinakailangan sa pagtatapos sa iba pang mga paraan maliban sa tradisyonal na kurso, at pinagsasama-sama ang kaalaman at pagsubok sa tunay na buhay. Ang mga mag-aaral ay maaaring makakamit ng mga kakayahang may kaugnayan sa karera na higit sa mga kinakailangan para sa pagtatapos ng haiskul. Ang ISBE ay kasalukuyang mayroong 47 distrito ng paaralan na lumalahok sa isang pilotong programa na Competency Based Education (CBE).

Pagpapatupad at pag-scale ng transitional math at pagtuturo ng wikang Ingles sa Senior Year upang mabawasan ang mga pangangailangan sa remediation kapag nasa kolehiyo na

Ang transitional math at pagtuturo ng wikang Ingles ay nagbibigay sa mga mag-aaral sa haiskul ng isang paraan upang matugunan ang kahandaan sa matematika at Ingles sa kolehiyo bago magtapos ng high school. Ang pagtuturong ito ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na makakuha ng garantisadong pagpasok sa mga klase ng matematika at sa Ingles na pang-kolehiyo sa lahat ng kolehiyo ng komunidad ng Illinois at tumatanggap na mga unibersidad.

Ang paglikha ng isang bagong sistema para sa mga distrito ng paaralan upang magkaloob sa mga diploma ng haiskul ng mga pag-eendorso sa kolehiyo at landas ng karera bilang pagkilala sa pagkumpleto ng isang komprehensibong balangkas ng mga kurso na may tema ng karera at mga karanasan sa pag-aaral na may kaugnayan sa propesyon.

Kasama sa Postsecondary Workforce Readiness Act (PWR) ang isang boluntaryong proseso para sa mga distrito ng paaralan na magkaloob sa mga nagtapos ng haiskul ng mga Pag-eendorso sa Kolehiyo at Landas ng Karera. Ang mga mag-aaral ay maaaring makatanggap ng mga pag-eendorso sa pamamagitan ng pagkumpleto ng isang indibidwal na plano ng pag-aaral, isang sunud-sunod na pagtuturo na nakatuon sa karera, at mga pagkakataon para sa pag-aaral na may kaugnayan sa propesyon. Ang mga pag-eendorso ay nagpapahiwatig na ang isang mag-aaral ay handa na upang ituloy ang edukasyon pagkatapos ng haiskul o pumasok sa isang karera na may kaugnayan sa industriya ng ini-endorsong landas. Ang mga pag-eendorso ay nagaganyak ng pagsasaliksik at pag-unlad ng karera at magagamit sa walong sektor, kabilang ang multidisciplinary na opsyon.

Simula sa SFY20, ang [Mga Pag-eendorso sa Kolehiyo at Landas ng Karera](#) ay i-aalok sa sa lahat ng mga distrito ng paaralan ng Illinois at hihikayatin sa buong estado ang mga inirerekumendang kasanayan sa teknikal at mahahalagang kakayahan para madaling makakuha ng trabaho sa pamamagitan ng mga sumusunod na paraan:

- Mga pakikipagtulungan sa negosyo at industriya sa pamamagitan ng Local and Community College Advisory Committees at LWIB; (WIOA)

- Work-Based Learning (WBL) na isinama sa Illinois secondary [College and Career Readiness Indicator \(CCRI\)](#) – (ESSA)
 - Simula sa FY20, ang mga distrito ng sekundaryong paaralan ay nagsimula sa pagsubaybay sa CCRI sa pamamagitan ng Student Information System (SIS). Isinama ito sa Tagapagpahiwatig ng Tagumpay ng Mag-aaral/Kalidad na Paaralan na nasa Illinois Accountability System simula sa FY21;

Mga aktibidad sa ilalim ng Workforce Innovation and Opportunity Act (WIOA)

Matapos ang pagpasa ng WIOA noong 2014, ang Illinois ay nadagdag ng mga pagkakataon upang ihanay ang mga pagsisikap ng mga manggagawa at edukasyon na nagsisimula sa pagtiyak na ang Postsecondary Perkins, bilang isang kinakailangang partner ng WIOA, ay katawanin sa lahat ng mga One-Stop Center sa buong estado. Ang pagkakahayan na ito ay nagdagdag sa bawat kumakatawan sa isang Title of the Act at sa ilalim ng direksyon ng Gobernador at IWIB, ang apat na ahensya, nakikilahok at sumusuporta sa lahat ng bahagi ng edukasyon, mga manggagawa at mga sistema ng pagpapaunlad ng ekonomiya na tulad ng naka-highlight sa ibaba. Ang mga na-ugmang estratehiya na nagsusulong ng pagsasama ng sistema, tumutukoy sa mga sukatan para sa tagumpay, nagbibigay-alam para sa patuloy na pagpapabuti, at kumikilala sa mga makabagong pagsisikap, ay nagbibigay ng mga pundasyon na prinsipyo na nagdadala tungo sa mga landas ng karera para sa mga mag-aaral sa sekundaryo at postsecondary at mga manggagawa sa pamamagitan ng mga solusyon na tumutugon sa pangangailangan para sa mga tagapag-empleyo. Ang pagpapatupad ng mga pamamaraang ito ay nangyayari sa pamamagitan ng ilang komite na partikular sa WIOA at mga kumikilos na grupo na nakatuon sa matagumpay na pagpapatupad ng WIOA at pagtugon sa pananaw ng estado na mapangalagaan ang *isang sistema ng pagpapaunlad ng mga manggagawa sa buong estado na sumusuporta sa mga pangangailangan ng mga indibidwal at mga negosyo upang matiyak na ang Illinois ay may bihasang hanay ng manggagawa na kayang umangkop sa pandaigdigang ekonomiya*.

Ang WIOA ay pinangangasiwaan ng apat na ahensya: Illinois Department of Commerce and Economic Opportunity, Illinois Community College Board, Illinois Department of Employment Security, Illinois Department of Human Services Division of Vocational Rehabilitation Services; ang bawat isa ay kumakatawan sa isang Pamagat ng Batas. Ang mga aktibidad na ito, sa ilalim ng direksyon ng Gobernador at ng IWIB, ay inuugma sa pamamagitan ng ilang komite na dedikado sa WIOA at mga kumikilos na grupo na nakatuon sa matagumpay na pagpapatupad ng WIOA at ng diwa ng pakikipagtulungan. Ang pananaw para sa pagpapatupad ng mga aktibidad sa pagpapaunlad ng mga manggagawa sa ilalim ng WIOA ay upang maitaguyod ang mga business-driven talent solution na nagsasama ng mga mapagkukunan ng edukasyon, manggagawa, at pagpapaunlad ng ekonomiya sa lahat ng mga sistema upang magbigay sa mga negosyo, indibidwal, at komunidad ng pagkakataon na umunlad at mag-ambag sa lumalagong ekonomiya ng Estado. Sa pagpasa ng WIOA noong 2014, ang Postsecondary Perkins ay isinama bilang isa sa mga kinakailangang partner at kinakatawan sa lahat ng mga One-Stop Center sa buong estado.

Pamagat I - Mga manggagawa, pinangangasiwaan ng Kagawaran ng Komersyo at Pangkabuhayan ng Illinois (Illinois Department of Commerce and Economic Opportunity)

Paglalarawan : Ang Illinois Department of Commerce and Economic Opportunity (DCEO) ay ang ahensya ng estado na nangunguna sa mga pagsisikap sa pagpapaunlad ng ekonomiya at manggagawa para sa Illinois. Ang Commerce ay nakikipagtulungan sa mga negosyo, lokal na pamahalaan at mga organisasyon ng komunidad upang isulong ang pagpapaunlad ng ekonomiya at pagbutihin ang kakayahang umangkop ng estado sa pandaigdigang ekonomiya. Ang

pagsuporta sa mga makabagong programa para sa mga manggagawa na nagkokonekta sa mga tagapag-empleyo sa isang lubos na bihasang mga manggagawa ay sentro sa pangako ng Illinois upang matiyak na ang mga negosyo ay umunlad sa Illinois. Sa tungkulin na ito, ang Commerce ay kumikilos bilang ahensiyang administratibo para sa mga WIOA Title IB Program (mga serbisyo sa pagpapaunlad ng hanay ng manggagawa) na kinabibilangan ng mga aktibidad ng buong estado, mabilis na mga serbisyo sa pagtugon, at bahagi ng pagsasanay ng Trade Adjustment Assistance Act Program.

Punto ng Koordinasyon : Ang muling pag-awtorisa sa Perkins ay nagtatanghal ng isang pagkakataon upang ihanay o ganap na pagsamahin ang mga serbisyo ng CTE sa loob ng sistema ng manggagawa. Habang nadaragdagan ang mga pakikipagsosyo sa edukasyon at mga manggagawa, umiiral ang kakayahang magamit ang pondo ng mga aktibidad sa buong estado ng WIOA at ng Title IB. Ang paggamit sa mga pondo ay lumilikha ng mga oportunidad upang i-ugma ang mga landas ng karera na kabilang ang mga programa sa pag-aaral na nakabase sa trabaho at apprenticeship. Ang mga pamamaraan na nagkokonekta sa sekundaryo at postsecondary CTE sa mga indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyo para sa mga manggagawa ay nagtitiyak na ang mga mag-aaral ay may access sa mga programa at suporta na kailangan nila. Ang iba pang mga punto ng koordinasyon ay maaaring mangyari sa pamamagitan ng Youth Career Pathways Program o mga proyekto na nagbibigay ng prayoridad sa pagsilbi sa mga espesyal na populasyon/indibidwal na may mga hadlang sa paghahanap ng trabaho. Ang mga estratehiyang ito ay maaaring mag-embed sa CTE sa mga proyekto na tumutugon sa mga prayoridad ng estado na nagsasama-sama ng mga manggagawa, edukasyon, at serbisyo sa pagpapaunlad ng ekonomiya upang buwagin ang mga hadlang sa pagsasanay at trabaho. Ang mga matagumpay na proyekto ay magbibigay-alam para sa isang balangkas para sa pagpapaunlad ng mga napapanatiling landas ng karera sa buong estado.

Pamagat II - Edukasyon ng May Sapat na Gulang at Karunungan Magbasa, na pinangangasiwaan ng Illinois Community College Board

Ang mga pagbabago sa ekonomiya at demograpiko ay kapansin-pansing pinapataas ang pangangailangan para sa mga programa ng edukasyon ng may sapat na gulang, karunungan magbasa, at Ingles bilang Pangalawang Wika. Ang saklaw at pagkakaiba-iba ng pangangailangan para sa edukasyon ng may sapat na gulang at kakayahan sa pagbasa at pagsulat ay mula sa pag-aaral ng wikang Ingles hanggang sa mga kakayahang magagamit sa paghanap ng trabaho ng parehong mga indibidwal at mga tagapag-empleyo. Ang lumalawak na pangangailangan na ito ay kailangan ng estratehiya na kinasasangkutan ng iba't ibang mga tagapagkaloob. Ang bawat isa sa mga kolehiyo ng komunidad, pampublikong paaralan, mga organisasyon na nakabase sa komunidad at iba pa ay bukod-tanging naaangkop upang magbigay ng edukasyon at mga serbisyo na kinakailangan ng magkakaibang pangkat ng mga mag-aaral na nasa sapat na gulang.

Punto ng Koordinasyon : Ang Illinois postsecondary CTE ay may matagal nang kaugnayan sa edukasyon ng may sapat na gulang. Sa pamamagitan ng isang nadagdagan na diin sa mga mag-aaral na nasa sapat na gulang na lumilipat sa postsecondary na edukasyon at pagkakaroon ng mahusay na trabaho, nag-aalok ang postsecondary CTE ng isang natatanging pagkakataon upang

matugunan ang mga layuning iyon. Ang Illinois ay nangunguna sa pagpapatupad nito ng Integrated Education and Training (IET)¹ sa pamamagitan ng Integrated Career at Academic Preparation System (ICAPS) nito². Ang ICAPS ay ang pagpapatupad ng modelo ng IET sa Illinois. Nilalayon ng ICAPS na magbigay ng isang pinagsamang landas sa Career at Technical Education (CTE) para sa mga oportunidad ng pag-credit sa kolehiyo at mga sertipiko na programa para sa mga mag-aaral ng Adult Education and Literacy (AEL) na kulang sa mga pangunahing kasanayan. Sa pamamagitan ng mga programa ng ICAPS, ang mga mag-aaral ay nagsisikap upang makumpleto ang katumbas ng haiskul at naka co-enroll sa mga kurso/sertipiko na naka-credit sa CTE sa pamamagitan ng isang pinagsamang modelo ng pagtuturo. Ang modelong ito ay dinadagdagan ng mga pangsuportang kurso, komprehensibong mga serbisyo ng suporta sa mag-aaral, at pinagtitibay ng pagtuturo ng grupo na kasama ang mga guro ng CTE at tagapagturo ng mga pangunahing kasanayan. Ang modelo ay nagbibigay ng mga oportunidad para sa landas ng karera/trabaho para sa mga mag-aaral habang inuumpisahan ang kanilang paglipat sa karagdagang mga postsecondary certificate/degree program.

Pamagat III - Programang Wagner-Peyser, na pinangangasiwaan ng Kagawaran ng Seguridad ng Trabaho ng Illinois (Illinois Department of Employment Security)

Ang hangarin ng Programang Wagner-Peyser ay panatilihin ang paglago ng ekonomiya sa pamamagitan ng pagtugon sa mga pangangailangan ng mga naghahanap ng trabaho, pagdagdag ng kamalayan ng mga nagbibigay ng mapagkukunan, at pagpapalawak ng mga oportunidad sa trabaho. Ang Illinois Department of Employment Security (IDES) ay nakikipagtulungan sa mga lokal na ka-partner sa mga manggagawa, mga organisasyon na nakabase sa komunidad, mga organisasyon na batay sa pananampalataya, mga kinatawan ng lokal/estado, mga institusyong pang-edukasyon, at iba pang mga organisasyon upang tulungan ang mga naghahanap ng trabaho na makahanap ng trabaho at pagtulong sa mga tagapag-employo na makahanap ng mga kwalipikadong manggagawa.

Punto ng Koordinasyon : Ang Illinois Department of Employment Security (IDES) ay nagbibigay ng impormasyon sa merkado ng paggawa na tumutulong sa pagbigay kaalaman sa mga LEA, EFE, at mga kolehiyo ng komunidad sa mga handog na programa. Ang ICCB at IDES ay makikipagtulungan upang suportahan ang mga lokal na pakikipagsosyo sa mga kolehiyo ng komunidad sa pamamagitan ng kanilang mga Veterans Coordinator, at lokal na IDES Veteran Employment Specialists para ikonekta ang mga beterano sa oportunidad sa edukasyon, pagsasanay, at pagtatrabaho.

Pamagat IV - Bokasyonal na Rehabilitasyon, pinamamahalaan ng Kagawaran ng Serbisyo sa Tao (Department of Human Services)

Ang pangunahing pokus ng Illinois Department of Human Services Division ng Rehabilitation Services ay upang tulungan ang mga indibidwal na may malubhang kapansanan na makakuha at makapagpanatili ng mahusay na trabaho. Ang mga serbisyo sa Bokasyonal na Rehabilitasyon ay

¹ Ang Pinagsamang Edukasyon at Pagsasanay (Integrated Education and Training) ay tinukoy bilang "isang pamamaraan ng serbisyo na nagbibigay ng mga aktibidad sa edukasyon ng may sapat na gulang at kaalaman sa pagbabasa na kasabay at naaayon sa konteksto ng mga aktibidad ng paghahanda at pagsasanay sa mga manggagawa para sa isang partikular na trabaho o kategorya ng trabaho para sa layunin ng pagsulong sa edukasyon at karera" (Panghuling mga regulasyon ng WIOA sa 34 CFR §463.35).

² <https://www.icapsillinois.com/>

idinisenyo upang ihanda ang isang indibidwal para sa trabaho sa pamamagitan ng isang indibidwal na proseso ng pagpapalano.

Punto ng Koordinasyon : Ang ISBE at ICCB ay makikipag-ugnay sa Department of Vocational Rehabilitation upang suportahan ang sekondaryo at postecondary na pakikipagtulungan sa mga lokal na tagapagkaloob na nagbibigay ng suporta para sa mga indibidwal na may kapansanan na makahanap at mapanatili ng makabuluhang trabaho. Bilang karagdagan, ang ISBE at ICCB, na gumagamit ng maraming mga estratehiya na tinukoy sa *U.S. Department of Education's Transition Guide to Postsecondary Education and Employment for Students and Youth with Disabilities*¹, ay nakatuon sa pagbibigay ng suporta sa mga lokal na tatanggap na nagdaragdag ng mga pagkakataon para sa mga indibidwal na may kapansanan na lumahok sa pagtuklas ng karera, at mga oportunidad sa dual credit at pag-aaral na nakabase sa trabaho.

Mga aktibidad sa ilalim ng Workforce Education Strategic Plan (WESP) - pinangunahan ng Illinois Community College Board (ICCB)

Ang estratehikong plano para sa edukasyon ng manggagawa ay nagtitiyak ng pagiging mapagkumpetensya sa edukasyon at ekonomiya para sa sistema sa antas ng lokal at estado at mina-maximize ang pakikilahok ng tagapag-empelyo sa pagbuo ng mga may-kaugnayang programa na hahantong sa mga karera na may sahod na kayang makapagtustos ng pamilya. Pinahuhusay nito ang edukasyon at pagsasanay sa lahat ng antas ng sistema ng kolehiyo ng komunidad kabilang ang edukasyon ng may sapat na gulang, CTE, at patuloy na edukasyon. Nagbibigay din ang plano ng pinagsama-samang mga pagpipilian para sa mga mag-aaral upang mabilis na lumipat sa mga programa para sa landas ng karera at mga programa ng pag-aaral. Sa pangunguna ng ICCB sa pagsusumikap na ito, ang postecondary CTE ay magiging kapaki-pakinabang sa pagtugon sa lahat ng iba pang estratehikong direksyon ng Plano na nakasentro sa mga public-private partnership, pagkakanay sa merkado ng paggawa, at pagtugon sa mga kakayahang magagamit sa paghahanap ng trabaho.

Punto ng Koordinasyon : Ang Secondary CTE ay isang mahalagang sangkap din sa pagkamit ng mga hangarin na inilarawan sa Workforce Education Strategic Plan (WESP). Partikular dito, ang elementaryang antas na CTE, sa pamamagitan ng mga aktibidad sa pagtuklas ng karera na nagaganap ngayon nang kasing-aga ng ikalimang baitang, ay makakatulong na makamit ang mga mithiin na tinukoy sa *Estratehikong Direksyon 1* ng WESP: *Dagdagan ang Maagang Edukasyon para sa at Pagkakalantad sa May Kaugnayan sa Karera*. Sa pamamagitan ng ISBE, pinapayagan ang mga Local Educational Agencies (LEA) na gumamit ng pondo ng estado at pederal para sa mga aktibidad sa pagtutuklas ng karera simula sa ikalimang baitang. Kasama sa mga layunin na ito ang:

- Ang pagtataguyod ng mga pakikipagtulungan sa K-12, Edukasyon ng May Sapat na Gulang, CTE, at iba pang mga ka-partner upang mapadali ang mas maaga pang pakikilahok sa pagtutuklas ng karera at mga pagkakataon sa pag-aaral na nakabase sa trabaho para sa lahat ng populasyon ng mag-aaral.
- Ang mga pagbabago sa patakaran ay nagbibigay ng mas maraming oras para sa mga mag-aaral sa K-12 na magkaroon ng higit na hands-on na pagsasanay, internship, at co-op na edukasyon.

¹ <https://www2.ed.gov/about/offices/list/osers/transition/products/postsecondary-transition-guide-2017.pdf>

- Ang paglalantad sa mga mag-aaral ng K-12, Edukasyon ng May Sapat na Gulang, CTE at mga miyembro ng mga espesyal na populasyon sa mataas na sahod, mataas na kasanayan, o in-demand na mga oportunidad sa karera at pagpapabilis ng mga mas maagang karanasan sa mga landas para sa mga mag-aaral na ito.
- Ang pagbuo ng kamalayan at suporta para sa halaga ng mas maagang pagkakalantad sa karera at CTE sa mga pangunahing pangkat ng target/stakeholder (kabilang ang mga mag-aaral, magulang, guro at tagapayo, atbp.) sa pamamagitan ng iba't ibang mga pagmemensahe sa karera, edukasyon, pagkakalantad, at estratehiya ng pagtuklas.

b. Ang estratehikong pananaw at hanay ng mga layunin ng Estado sa paghahanda ng isang edukado at may kasanayang hanay ng mga manggagawa kabilang ang mga espesyal na populasyon) at para sa pagtugon ng mga pangangailangan ng mga tagapag-empleyo para sa may kasanayang manggagawa, kabilang ang mga in-demand na sektor ng at trabaho sa industriya na umiiral at umuusbong na tinukoy ng Estado, at kung paano makatutulong ang mga programang pang-edukasyon ng Estado sa karera at teknikal sa pagtugon ng mga layuning ito. (Seksyon 122(d)(2) ng Perkins V)

¹(DRAFT) Estratehikong Pananaw para sa Illinois CTE

Sinusuportahan ng Illinois ang isang nakahanay, de-kalidad na sistema ng landas ng karera na ayon sa mga pangangailangan ng industriya at komunidad. Titiyakin ng sistemang P-20 na ito ang pantay na pag-access at suporta para sa lahat ng indibidwal upang maaari nilang tuklasin at kumpletuhin ang isang isinapersonal na landas na nagbibigay-daan sa kanila upang makamit ang kanilang mga layunin sa edukasyon at karera.

Mga Layunin para sa Paghahanda ng isang Edukado at May Kasanayang Hanay ng Manggagawa (kabilang ang mga espesyal na populasyon) at para sa Pagtugon sa Mga Pangangailangan ng mga Tagapag-empleyo para sa May Kasanayang Hanay ng Manggagawa, kabilang ang Mga Umiiral at Umuusbong na Mga Sektor at Trabaho ng Industriya na In-demand

Pagkakapantay-pantay bilang isang Doktrina: Nilalayan ng Illinois na bigyang diin ang pagkakapantay-pantay sa mga desisyon na ginagawa patungkol sa CTE programming, habang kinikilala ang kaibahan sa oportunidad na dulot ng isang dating kakulangan ng prayoritisasyon sa pagkakapantay-pantay at pag-access, lalo na para sa mga miyembro ng mga espesyal na populasyon. Ang mas matinding pokus sa pagtugon sa mga pangangailangan ng mga miyembro ng mga espesyal na populasyon sa pamamagitan ng propesyonal na pag-aaral ng mga tagapagturo ay kritikal sa paggawang pantay ng oportunidad para sa lahat ng mga mag-aaral. Ang pagkakahana sa mga target ng pagkakapantay-pantay sa K-12, postsecondary, at workforce ay magiging isang mahalagang sangkap upang matiyak na ang pagkakapantay-pantay sa edukasyon ay lumawak mula sa pagpasok sa mga unang pagkakataon sa pag-aaral hanggang sa trabaho.

Ang ISBE at ICCB ay nagbuo ng limang layunin upang makamit ang pananaw para sa Illinois CTE. Ang mga layuning ito ay gagabay sa mga estratehiya at aktibidad na dinetalye sa buong Plano ng Estado. Kapag nakumpleto ang puna ng publiko para sa unang draft ng Plano ng Estado na ito, kasama ang feedback sa mga layunin na inilarawan sa ibaba, ang mga sukatan ay isasama para sa bawat layunin, kabilang ang mga sukatan ng pagkakapantay-pantay upang isulong ang pagkakapantay-pantay sa edukasyon sa Illinois CTE.

¹ Ang seksyon na ito ay isang draft na panukala nitong Setyembre 2019 na gagawing pinal sa sandaling makuha at maisama ang mga feedback mula sa mga stakeholder.

Ang mga panukat ng pagkakapantay-pantay ay ipapaalam sa pamamagitan ng paghimay ng datos, na nakatuon sa mga espesyal na populasyon, tulad ng tinukoy ng Perkins V, pati na rin ang lahi at etnisidad.

Layunin 1 - Dagdagan ang Pagkamit ng Postsecondary at Kinikilala sa Industriya na Kredensyal

Nilalayon ng Illinois na madagdagan ang bilang ng mga indibidwal na nakakakuha ng isang sertipiko ng postsecondary, degree, o kredensyal na kinikilala sa industriya. Ang mga kredensyal na kinikilala sa industriya tulad ng mga sertipikasyon ay maaaring kasama sa sertipiko ng postsecondary o degree. Ang layunin na ito ay nakahanay sa layuning makamit para sa postsecondary na Illinois' 60 by 2025 at makakatulong upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga tagapag-employo sa pamamagitan ng pagpapaliit ng agwat sa kasanayan.

Layunin 2 - Pagandahin ang Mga Oportunidad sa Landas ng Karera

Nilalayon ng Illinois na mapalawak ang mga oportunidad sa landas ng karera na may maraming mga entry at exit point, na nagpapahintulot para sa pinabilis na pagkumpleto at diin sa pagbabago sa pag-aaral na nakabase sa trabaho upang madagdagan ang pakikilahok. Mahalaga sa pakay na ito ay ang paghahanay sa mga pinagsamang programa ng pag-aaral na humahantong sa pinahusay na mga kasanayan na nakakapagpadaling makakuha ng trabaho, pagkamit ng mga kredensyal na kinikilala ng industriya, at pinahusay na potensyal sa trabaho at kita.

Layunin 3 - Dagdagan ang Mga Oportunidad sa Maagang Pag-credit sa Kolehiyo

Nilalayon ng Illinois na mapalawak ang mga oportunidad sa maagang pag-kolehiyo sa pamamagitan ng CTE na dual credit courses na estratehikong nakasama sa isang komprehensibong modelo ng haiskul hanggang postsecondary na kolehiyo at landas ng karera. Ang ISBE at ICCB ay magkasamang nakatuon sa pagpapalawak ng pag-access sa de-kalidad na dual credit coursework o upang mabawasan ang mga gastos sa kolehiyo, bilisan ang oras ng pagkumpleto, mapadali ang paglipat mula haiskul papuntang kolehiyo, at mag-alok ng mga pagkakataon para mapabuti ang pagkamit ng degree para sa mga hindi masyadong napagsisilbihang populasyon. Ang dual credit ay isang mahalagang sangkap ng pagbibigay ng tuluy-tuloy na paglipat mula sa institusyong pang-sekundaryo papunta sa postsecondary.

Layunin 4 - Dagdagan ang Bilis ng Pagtugon sa Mga Pangangailangan sa Manggagawa ng Komunidad

Nagsusumikap ang Illinois CTE na maging mas tumutugon sa mga pangangailangan sa merkado ng trabaho ng lokal, rehiyonal, at estado. Sa layuning ito, uunahin ng ISBE at ICCB ang mga estratehiya at ang programming ng CTE na may pangunahing pokus sa kasalukuyan at umuusbong na mga sektor na kailangan ng mataas na kasanayan, may mataas na pasahod, o in-demand at mga hindi tradisyunal na larangan. Magtutuon ang Illinois CTE sa mga prayoridad na teknikal at kakayahang magagamit sa paghahanap ng trabaho sa mga trabahong kailangan ang mataas na kasanayan, may mataas na sahod, at in-demand sa lahat ng kategorya. Nang hindi nililimitahan ang pagpili ng mag-aaral, ang diin ay dapat ding ilagay sa mga pangunahing sektor na nagtutulak sa paglago ng ekonomiya para sa estado at mga lokal na komunidad.

Layunin 5 - Pagtiyak na Tinuturuan ang Bawat Mag-aaral ng CTE ng Lubos na Kwalipikado at Epektibong Tagapagturo

Nilalayon ng Illinois na magrecruit at mapanatili ang mga labis na kwalipikadong guro para sa bawat silid-aralan ng CTE at landas sa pamamagitan ng inugmang mga aktibidad ng pag-recruit at pagbibigay ng mga pagkakataon sa propesyonal na pag-aaral na batay sa pangangailangan para sa mga guro at kawani ng mga programa ng CTE. Dagdag na koordinasyon sa pagitan ng mga sumusunod na ahensya at stakeholder ay kinakailangan upang makamit ang layuning ito: ISBE, ICCB, IBHE, mga programa sa paghahanda ng guro, IACTE, asosasyon ng mga guro ng CTE, at ang IWIB.

c. Ilarawan ang estratehiya ng Estado para sa anumang magkasanib na pagpapalano, pagkakahanay, koordinasyon, at paggamit ng mga pondo sa pagitan ng mga programa ng karera at teknikal na edukasyon at mga programa ng pag-aaral ng Estado kasama ang sistema ng pagpapaunlad ng mga manggagawa ng Estado, upang makamit ang estratehikong pananaw at mga layunin (Seksyon 122 (d)(3) ng Perkins V)

Pagkakahanay at Koordinasyon sa Every Student Succeeds Act (ESSA) Ang Illinois ay naninindigan sa pagtaguyod at pagpapatupad ng komprehensibong mga patakaran, gawi, at mga programa na nagtitiyak ng patas na pag-access sa mga de-kalidad na programa para sa lahat ng mag-aaral sa ating mga estado, habang kinikilala na ang nakaraang patakaran, mga programa, at gawi ay nagpalayo at hindi ganap na napagsilbihan ang ilang populasyon ng mag-aaral. Nagsusumikap ang Illinois na magbigay ng pamumuno at mga mapagkukunan upang makamit ang kahusayan sa lahat ng mga distrito ng Illinois sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa mga mambabatas, administrador ng paaralan, guro, mag-aaral, magulang, pamilya, at iba pang mga stakeholder sa pagbabalangkas at pagtataguyod ng mga patakaran na magpapahusay ng edukasyon, magpapalakas sa mga distrito, at magtitiyak ng makatarungang mga resulta para sa lahat ng mag-aaral. Ang Illinois State Board of Education ay nakatuon sa pagpapabuti ng pangongolekta ng datos at mga sistema ng pamamahala upang pahintulutan ang nararapat na paghihimay ng datos tulad ng nauugnay sa mga subgroup na tinukoy sa Every Student Succeeds Act (ESSA) at mga espesyal na populasyon tulad ng nakabalangkas sa Perkins V.

Sa pamamagitan ng pananaw ng Illinois Career and Technical Education, ihananay ng Perkins ang mga de-kalidad na mga landas sa karera alinsunod sa mga pangangailangan sa industriya at komunidad sa pamamagitan ng mga organisasyon at pangkat na nauugnay sa mga layunin.

Pagkakahanay at Koordinasyon sa pagitan ng mga Pangunahing Ka-partner ng WIOA at iba pang mga Ahensya ng Edukasyon at mga Manggagawa

¹(DRAFT) Bilang karagdagan sa mga pagsisikap sa koordinasyon na inilarawan sa *Seksyon B(1)(a) - Koordinasyon ng Mga Aktibidad sa Pagpapaunlad ng Manggagawa na Suportado ng Estado*, ang ISBE at ICCB ay makikipagtulungan sa mga pangunahing ka-partner ng WIOA at iba pang mga ahensya ng edukasyon at mga manggagawa upang isulong ang pananaw ng buong estado para sa Illinois CTE at pag-

¹ Ang seksyon na ito ay isang draft na panukala nitong Setyembre 2019 na gagawing pinal sa sandaling makuha at maisama ang mga feedback mula sa mga stakeholder.

unlad patungo sa pagkamit ng mga layuning lumikha ng isang edukado at bihasang hanay ng manggagawa. Upang makamit ang mga layuning ito, ang mga sumusunod na estratehiya, na batay sa aming mga gabay na prinsipyo, ay ipatutupad para sa mga layuning ng pagkakahanay at koordinasyon ng sistema:

- 1. Ang Paggamit ng Karaniwang mga Kahulugan at Balangkas:** ang pag-aampon ng mga karaniwang kahulugan at karaniwang wika ay kritikal upang epektibong makipag-usap at magbigay ng napapanatiling mga istraktura ng suporta para sa mga sistema ng landas ng karera. Sa diwa ng pakikipagtulungan, inaprubahan ng mga ahensya ng edukasyon at mga manggagawa sa Illinois ang mga kahulugan at gabay na nauugnay sa karera upang matiyak na ang karaniwang wika ay ginagamit sa lahat ng mga programa at mga tatanggap. Ang mga karaniwang kahulugan na ito, lalo na para sa pagpapatuloy ng pag-aaral sa trabaho, ay gagamitin upang magbigay-alam sa mga aktibidad sa pagpapatupad at pagkolekta ng datos sa labas ng planong ito. Pasulong, habang ang karamihan sa mga ahensya ay pinagtibay ang Framework ng Illinois para sa Mga Kasanayan para Madaling Makakuha ng Trabaho, mayroong isang pagkakataon para madagdagan ang pagsasama ng balangkas at iba pang mga mapagkukunan tulad ng mga kakayahan sa College and Career Pathway (tulad ng tinukoy sa ilalim ng Postsecondary Workforce Readiness (PWR) Act). Ang balangkas ng College and Career Pathway Endorsement sa ilalim ng PWR Act ay nagbibigay ng isang balangkas na batay sa pananaliksik at pinakamahusay na kagawian para sa mga sistema ng landas sa kolehiyo at karera na isasama sa lokal na programa ng disenyo ng pag-aaral sa ilalim ng planong ito.
- 2. Pagpapabilis at Pagpapalawak ng Mga Landas ng Karera:** Bilang resulta ng magkasanib na pagpapalawak, pagkakahanay, at koordinasyon, ang ISBE at ICCB ay nakatuon sa pagtaas ng porsiyento ng mga mag-aaral na nakakakuha ng isang kredensyal sa postsecondary. Ito ay isang mahusay na pagkakataon upang bumuo ng mas malakas na relasyon sa mga kasosyo sa industriya at sektor, karagdagan pag-unlad at pagpapalawak ng mga landas ng karera, kasama ang muling pagsasaalang-alang at pagdisenyo ng mga programa ng pag-aaral, upang magbigay ng mas maraming pagkakataon para sa lahat ng mag-aaral, kabilang ang mga espesyal na populasyon, sa pamamagitan ng pinagsamang edukasyon at pagsasanay (pagkamit ng kredensyal na postsecondary). Sa Illinois, may mga pamamaraang ginagamit na nagtitiyak ng koordinasyon at hindi pagkakadoble ng mga programa ng pag-aaral at isang paglipat mula sa pagiging mga mag-aaral sa sekundaryo at postsecondary upang payagan ang pagpapalawak at pagbilis ng mga pagkakataon sa landas ng karera. Upang higit na ganap na mabuo ang kaalaman sa pang-akademiko at mga kasanayan sa teknikal at na magagamit sa paghahanap ng trabaho ng mga mag-aaral sa sekundaryo at postsecondary, dapat magtulungan ang ISBE, ICCB, at negosyo at industriya para magkaroon ng mas mahusay na mga oportunidad sa karera at teknikal na edukasyon para sa Illinois. Ang sekundaryo at postsecondary na edukasyon ng Illinois ay nag-organisa ng mga programa ng pag-aaral na nakapalibot sa pitong Mga Larangan ng Pag-eendorso sa Kolehiyo at Landas ng Karera at ang 16 na Mga Kategoriya ng Karera, kabilang ang hinaharap na pag-unlad ng isang cluster ng Enerhiya. Upang matiyak ang tagumpay, ang ISBE at ICCB ay nagsosyo upang bumuo ng mga sample na programa ng pag-aaral na maaaring pagtibayin ng mga ahensya ng lokal na edukasyon at mga institusyong postsecondary. Ang pagsisikap na ito ay mangangailangan na magbigay ang Illinois ng nakasulat at aktibong patnubay para sa mga lokal

na ahensya ng edukasyon sa mga estratehiya para isama ang lahat ng kinakailangang mga ka-partner, na magtataguyod ng isang pakikipagtulungang pamamaraan ng pagpapatupad ng mga programa ng pag-aaral; kasama at binibigyang diin ang mga kursong pang-akademiko at karera at teknikal na maaaring magamit ng isang mag-aaral sa pagpapalano para sa mga partikular na karera sa loob ng isang landas ng karera. Ang halimbawa ng programa ng pag-aaral ay magsisimula nang hindi lalampas sa ika-siyam na baitang at magpapatuloy nang hindi bababa sa dalawang taon ng edukasyon sa postsecondary, na tinitiyak na matututunan nang mabuti ng nag-aaral ang lahat ng pundasyon at kaalaman at kasanayan sa landas ng karera.

3. **Pagtugon sa mga Hindi Pagkakapantay-pantay:** Kinikilala ng pamumuno ng Illinois na ang ating mga sistema ng edukasyon at mga manggagawa ay may kasaysayan na humadlang sa pantay na pag-access at pakikilahok sa programming ng CTE sa parehong sekundaryo at postsecondary na antas. Ang pagtugon sa mga hindi pagkakapantay-pantay sa ating mga sistema ng edukasyon at mga manggagawa ay naging pangunahing prayoridad sa Illinois tulad ng ipinakita sa pamamagitan ng Executive Order 3 ni Gobernador Pritzker. Habang ang Konseho ng P-20 ay lumilikha ng mga layunin sa pagkakapantay-pantay sa mas mataas na edukasyon, ang mga kasosyo sa WIOA ay isinasaalang-alang ang mga layunin sa pagkakapantay-pantay sa trabaho. Ang pakikipagtulungan sa lahat ng ahensya ng edukasyon at mga manggagawa ay magiging mahalaga sa pagtugon sa mga target sa mas mataas na edukasyon at pagkakapantay-pantay sa trabaho ng estado. Ang mga pakikipagsosyo sa mga lokal na tatanggap (sekundaryo at postsecondary), edukasyon at mga entidad ng trabaho sa ilalim ng WIOA, at mga organisasyon sa komunidad ay magiging sentro ng pagpapalawak ng pag-access at pagsuporta sa pagpupursige sa CTE programming para sa mga espesyal na populasyon sa pamamagitan ng maayos na mga pagbabagong kalagayan at koordinasyon ng mga serbisyo. Lalo na, ang ISBE at ICCB ay magtutuo sa pag-recruit at pagpapanatili ng mga mag-aaral ng espesyal na populasyon, pati na rin ang mga mag-aaral ng iba't ibang lahi, sa iba't ibang paraan, kabilang ang pagpapabuti ng mga kinagawian sa pagpapayo sa karera at akademiko.
4. **Inugmang Propesyonal na Pag-aaral:** Gumagamit ang Illinois ng ilang mekanismo upang mapadali ang pakikipagtulungan sa mga ka-partner na mga manggagawa kabilang ang:
 - a. WIOA Summit, isang taunang kaganapan sa buong estado na dinisenyo para sa pamumuno ng mga ka-partner sa WIOA na may hangarin na itaguyod ang pakikipagtulungan at pagsasama ng serbisyo;
 - b. Forum for Excellence, ang pangunahing kaganapan para sa propesyonal na pag-unlad ng CTE at edukasyon ng may-sapat na gulang ng Illinois na dinisenyo upang i-highlight ang mga inisyatibong pang-edukasyon at mabisang mga gawi na nakakaapekto sa pagpapaunlad, pagpapatupad, at pagpapalawak ng landas ng karera;
 - c. Transitions Academy, isang patuloy na serye ng pagpapaunlad ng propesyon na dinisenyo upang tulungan ang mga kolehiyo at partnership na nagtatrabaho sa pagbuo ng mga programang Bridge at ICAPS/IET sa pamamagitan ng pagdaragdag ng kamalayan sa lumalawak na pakikipagsosyo sa pagitan ng Adult Education at CTE habang nauugnay

ito sa mga modelo ng ICAPS/IET, mga programa ng Illinois Bridge, at mga Programa ng Pag-aaral ng Illinois;

- d. at sa wakas, ang mga WIOA Regional Workshop at webinar na ginanap kasama ng WIOA Summit upang palawakin ang pokus ng mga may-katuturang paksa ng interes.

5. **Pagbibigay ng Insentibo sa Lokal na Paghahanay:** Minarkahan ng SFY2021 ang isang natatanging pagkakataon para sa pakikipagtulungan na pagpapalano sa mga rehiyon at lokal na komunidad sa buong estado. Ang Secondary CTE, mga kolehiyo ng komunidad, at mga local workforce innovation area (LWIA) ay magsisimula sa pagpapatupad ng kanilang apat na taong lokal na plano sa ilalim ng WIOA at Perkins V. Sa panahon ng SFY2020, ang ISBE, ICCB, at mga Pangunahing Partner ng WIOA ay nagtulungan upang magbigay ng mga mapagkukunan at pag-unlad na pang-propesyon upang maitaguyod ang pakikipagtulungan sa mga lokal na komunidad na ito. Ang propesyonal na pag-unlad at tulong na teknikal na ito ay magpapatuloy sa buong pangangasiwa ng Plano ng Estado na ito. Ang Local Comprehensive Needs Assessment (LCNA) ay nagsisilbing tulong upang mapadali ang pakikipagtulungang ito. Isasama ng LCNA ang impormasyon ng merkado ng paggawa sa lokal, rehiyonal, at pang-estado, at itutulak ang pagpapaunlad, pagpapatupad, at pagbabago ng mga inaalok na programa ng pag-aaral, pagpapalakas ng pagkakahayan at pakikipag-ugnayan sa pagitan ng entidad ng lokal na edukasyon at mga manggagawa. Ang prosesong ito ay nagbibigay ng isang pagkakataon upang makabuo ng mas malakas na ugnayan sa mga kasosyo sa industriya at negosyo, upang higit na mapaunlad at mapalawak ang mga landas ng karera, at magbigay ng mas maraming mga pagkakataon para sa lahat ng mag-aaral, kabilang ang mga espesyal na populasyon, sa pamamagitan ng mga pinagsamang larangan.

d. Paano gagamitin ng karapat-dapat na ahensya ang mga pondo sa pamumuno ng Estado? (ginawang available sa ilalim ng seksyon 112(a)(2) ng Perkins V para sa bawat isa sa layunin sa ilalim ng seksyon 124(a) ng Batas)

Ang mga pondo sa pamumuno ng estado ay ginagamit upang suportahan ang iba't ibang mga inisyatibo at programa na naaayon sa pananaw at layunin sa buong estado ng Illinois para sa CTE. Ang paggamit ng mga pondo ng pamumuno ng Estado ay batay sa tinatarget na pakikibahagi ng stakeholder. Ang mga stakeholder ay inatasang tukuyin ang mga hadlang at unahin kung saan dapat magamit ang pondo ng pamumuno ng Estado. Habang ang Illinois ay nananatiling madaling umangkop sa kakayahan nitong gumamit ng alinman sa 25 paggamit ng mga pondo na inilarawan sa Seksyon 124 (a), ang mga sumusunod na paggamit ay tinukoy na makakatugon sa ating mga layunin sa buong estado.

Kinakailangang Mga Aktibidad sa Pamumuno ng Estado

1. **Pagtataguyod ng Pagkakapantay-pantay sa Kasarian:** Kinakailangan ang Illinois na magsagawa ng mga aktibidad sa pamumuno ng Estado na nagpapabuti sa karera at teknikal na edukasyon ng mga indibidwal na naghahanda para sa mga hindi tradisyunal na larangan¹ at/o iba

¹ Ang salitang 'mga hindi tradisyunal na larangan' ay nangangahulugang mga trabaho o larangan ng trabaho, kabilang ang mga karera sa computer science, teknolohiya, at iba pang kasalukuyang at umuusbong na mga trabaho na kailangan ng mataas na kasanayan, kung saan ang mga indibidwal

pang mga espesyal na populasyon¹. Bilang karagdagan, ang Illinois ay nakatuon sa pagsulong ng pagkakapantay-pantay sa edukasyon para sa mga mag-aaral na ito. Ang pagbibigay ng suporta para sa mga indibidwal na naghahanda para sa mga hindi tradisyunal na larangan ay kritikal sa pagtaas ng access sa mga pagkakataon sa karera na mataas ang sahod para sa mga kababaihan at pagkakaiba-iba ng ating mga manggagawa. Ang pagpopondo ng pamumuno ay magsusuporta sa propesyonal na pag-aaral at naka-target na tulong-teknikal para sa mga lokal na tatanggap partikular sa mga larangan ng pagkakapantay-pantay sa kasarian, micro aggression², pagbabanta ng pag-stereotype³, at epektibong mga gawi para sa pag-recruit at pagpapanatili sa mga mag-aaral na naghahanda para sa mga hindi tradisyunal na karera. Parehong nakikipag-ugnay ang ISBE at ICCB sa pamamagitan ng kontrata sa Illinois Center for Specialized Professional Support (ICSPS) sa Illinois State University upang magbigay ng propesyonal na pag-aaral at teknikal na tulong na pumapalibot sa suporta para sa mga espesyal na populasyon. Kasama sa mga kaganapan ng propesyonal na pag-aaral ang isang Nontraditional Occupations Summit, kung saan ang mga pambansang eksperto sa pagkakapantay-pantay kabilang ang National Alliance for Partnerships in Equity (NAPE) ay naglalahad ng impormasyon; ang Postsecondary Special Populations Academy; at paggawa ng mapagkukunan upang makapagbigay ng tulong sa mga lokal na kasosyo sa pag-recruit at pagpapanatili ng mga mag-aaral na naglalayong makakuha ng mga hindi tradisyunal na trabaho.

2. **Pagpapalawak ng CTE para sa mga Indibidwal sa Mga Institusyong ng Estado** : Naglalaan ang Illinois hanggang sa pinapayagang dalawang porsyento ng pagpopondo ng pamumuno upang suportahan ang mga programa ng CTE para sa mga indibidwal sa mga institusyong correctional ng estado, kabilang ang mga pasilidad sa hustisya para sa kabataan, at mga institusyong pang-edukasyon na nagsisilbi sa mga indibidwal na may kapansanan. Ang pagdaragdag ng mataas na kalidad na mga oportunidad na pang-edukasyon para sa mga indibidwal sa mga institusyong estado ay isang prayoridad ng mga pinuno ng estado ng Illinois para sa mga layunin ng pagsulong ng pagkakapantay-pantay sa edukasyon, pagtitiyak ng kakayahang ganap na makilahok sa lipunan, pagbabawas ng pag-uulit-ulit ng kasalanan o maling gawi, at pagtataas ng tagumpay sa muling pagpasok sa lipunan⁴. Susuportahan ng pagpopondo ng pamumuno ang

mula sa isang kasarian ay bumubuo ng mas mababa sa 25 porsyento ng mga indibidwal na nagtatrabaho sa bawat nasabing trabaho o larangan ng trabaho.

¹ Kabilang sa salitang "mga espesyal na populasyon" ang sumusunod: 1) Mga indibidwal na may kapansanan; 2) Mga indibidwal mula sa mga pamilyang mahihirap, kabilang ang mga kabataan at matatanda na mababa ang kita; 3) Mga indibidwal na naghahanda para sa mga hindi tradisyunal na larangan; 4) Nag-iisang magulang, kabilang ang mga nag-iisang buntis na kababaihan; 5) Mga indibidwal na walang trabaho; 6) mga nag-aaral ng Ingles; 7) Kabataan na nasa, o tumanda na, mula sa foster care system; 8) Mga indibidwal na walang tirahan; at 9) Mga kabataan na ang mga magulang ay miyembro ng sandatahang lakas o nasa aktibong tungkulin.

² Ang mga micro aggression ay pang-araw-araw na pang-aasar, pagsusuplado, at pang-iinsulto - sinasadya man o hindi sinasadya - na nagpapabatid ng pagalit, derogatoryo, o negatibong mga mensahe sa mga indibidwal na batay lamang sa kanilang pagiging kabilang sa marginalized na grupo. Ang mga micro aggression ay nag-uulit o nagpapatunay ng mga stereotype tungkol sa isang pangkat ng minorya, at kadalasang hindi alintana ang pagkakaroon ng diskriminasyon o bias, sinasadya o hindi. [1]

³ Ang pagbabanta ng pag-stereotype ay tinukoy bilang isang "batay sa panlipunang pagbabantang sikolohikal na lumilitaw kapag ang isang tao ay nasa isang sitwasyon o gumagawa ng isang bagay na kung saan ang isang negatibong stereotype tungkol sa isang grupo ay nalalapat" (Steele at Aronson, 1995). Ayon sa pagbabanta ng pag-stereotype, ang mga kabilang sa isang marginalized na grupo ay kinikilala na ang isang negatibong stereotype ay umiiral patungkol sa kanilang grupo, at ipinakikita nila ang pag-aalala tungkol sa pagkumpirma ng negatibong stereotype sa pamamagitan ng pakikisangkot sa mga partikular na aktibidad. (<https://diversity.nih.gov/sociocultural-factors/stereotype-threat>)

⁴ Castro, EL, at Zamani-Gallaher, EM (2018). Ang pagpapalawak ng de-kalidad na mas mataas na edukasyon para sa kasalukuyan at dating nakakulong na mga tao: Ang paninindigan sa pagkakapantay-pantay at pagprotekta laban sa pagsasamantala. Kinomisyonang *ASHE-NITE Report*. Nakuha mula sa: <https://www.indiana.edu/~cece/wordpress/2018/11/21/ashe-nite-paper-series-release-expanding-quality-higher-education-for-currently-and-formerly-incarcerated-people-committing-to-equity-and-protecting-against-exploitation/>

pagtuturo ng CTE na maaaring idagdag sa credit, pagpapaunlad ng kurikulum, propesyonal na pag-aaral, kagamitan, at mga gamit sa pagtuturo.

3. **Pagbuo ng isang Malakas na Pipeline ng Guro ng CTE :** Ang pagkakaroon ng mga kwalipikadong guro ng CTE ay kinilala bilang isang makabuluhang hadlang sa pagpapatupad at pagpapalawak ng mga programa ng CTE. Ang hadlang na ito ay two-pronged na kinasasangkutan ng parehong pag-recruit at pagpapanatili.
4. **Ang pagbibigay ng Naka-target na Teknikal na Tulong:** Upang lubos na suportahan ang mga lokal na tatanggap sa pangangasiwa ng kanilang mga lokal na plano sa CTE, ang ISBE at ICCB ay magpapatuloy sa paggamit ng mga pondo ng pamumuno upang suportahan ang komprehensibo, batay sa ebidensya na propesyonal na pag-aaral at naka-target na tulong sa teknikal.
5. **Pagsasagawa ng Patuloy na Mga Aktibidad sa Pagpapahusay ng Kalidad:** Ang pagtatasa ng mga antas ng pagganap na tinukoy ng Estado sa antas ng lokal, rehiyonal, at pang-estado ay mahalaga upang maunawaan ang antas ng pagiging epektibo ng mga estratehiya at paggamit ng mga pondo sa pagkamit ng ating mga layunin.

Iba pang Mga Aktibidad sa Pamumuno ng Estado

6. **Programang Pag-unlad ng Pag-aaral:** Ang Perkins V ay nagtatanghal ng isang pangunahing pagkakataon para sa pagsusuri at pagpapabuti ng mga sistema, patakaran, at suporta ng Illinois para sa mga lokal na binuong programa ng pag-aaral. Susuportahan ng pondo ng pamumuno ng estado ang mga sumusunod na programa ng mga aktibidad sa pag-aaral:
 - Paglikha ng mga modelo ng programa ng pag-aaral sa buong estado. Ang ISBE ay gagawa ng apat na programa ng mga modelo ng pag-aaral, bawat isa mula sa iba't ibang cluster ng karera, upang tulungan ang mga LEA sa pagbuo ng kanilang sariling programa ng mga dokumento at proseso ng pag-aaral. Ang mga modelong ito ay magbibigay gabay sa pagkakasunud-sunod at artikulasyon ng kurso, upang isama ang mga pagkakataon sa paglilipat ng credit at pag-aaral na nakabase sa trabaho o work-based learning (WBL), Career and Technical Student Organization (CTSO), mga kredensyal na kinikilala ng industriya, at karagdagang mga halimbawa ng mga oportunidad sa karera ayon sa antas ng edukasyon.
 - Ang pagpapalawak ng mga kasunduan sa artikulasyon sa buong estado para sa CTE at mga pagkakataon sa paglipat ng credit na pang-akademiko sa mga naaprubahan na mga programa ng pag-aaral, partikular sa mga apat na taong kolehiyo at unibersidad.
 - Ang pagtatatag ng o pagdadagdag ng mga pakikipagtulungan sa industriya o sektor sa buong estado sa mga lokal na ahensya ng edukasyon, institusyon ng mas mataas na edukasyon, tagapagkaloob ng edukasyon sa may sapat na gulang, at tagapag-employo. Ang suporta ay ibibigay sa paglikha o pagpapahusay ng mga lokal na program advisory committee o network sa pamamagitan ng mga dokumento sa paggabay at mga oportunidad sa propesyonal na pag-aaral.
 - Ang pagpapabuti ng mga patakaran at istraktura na sumusuporta sa mga oportunidad sa pag-aaral na nakabase sa trabaho (kabilang ang mga apprenticeship). Ang pagtatatag ng dekalidad na mga oportunidad sa pag-aaral na nakabase sa trabaho na nakasama sa loob ng ating mga landas sa edukasyon ay naging isang prayoridad sa buong estado sa mga pinuno ng edukasyon at mga manggagawa.

7. Pagpapahusay sa Dual Credit: Sa panahon ng pagpapatupad ng Perkins V, gagamitin ng ISBE at ICCB ang mga pondo ng pamunuan ng estado upang mapahusay ang mga pagkakataon sa dual credit sa buong estado. Ang kamakailan-lamang na pinagtibay ng Estado na Model Partnership Agreement para sa dual credit ay nagbibigay diin sa mga kurso sa CTE kasama ang mga kurso sa pangkalahatang edukasyon. Ang pagpapahusay at pagpapalawak ng dual credit ay nananatiling prayoridad sa buong estado, na pinapatunayan ng pagpili ng ISBE sa tagapagpahiwatig ng kalidad ng dual credit na programa. Mayroong isang makabuluhang pokus sa pagdaragdag ng mga pagkakataon sa dual credit ng CTE, pati na rin ang pagtaas ng pag-access sa makabuluhan at sinasadyang mga pagkakataon sa loob ng dual credit. Sa pamamagitan ng mapagkumpitensyang mga kaloob na batay sa pangangailangan, ang pondo ng pamumuno ng estado ay susuportahan ang paglago at pagkakanayan ng mga pagkakataon sa dual credit upang matugunan ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa pag-access sa naturang kritikal na programa.

8. Komprehensibong Propesyonal na Pag-aaral: Sinusuportahan ng Illinois ang isang komprehensibong diskarte sa pag-aaral para sa propesyon na nakatuon sa pagsasanay kasama ang sumusunod:

a. *Connections Conference:* Ang ISBE ay nagso-sponsor ng isang taunang kumperensiya sa buong estado na nakatuon sa nagsasanay na may layuning isama ang mga guro at paraprofessional sa pagbabahagi ng mga epektibong gawi na nakabatay sa ebidensya upang mapagbuti ang pagtuturo sa silid-aralan ng CTE. Ang mga aktibidad sa kumperensiya ay nagbibigay ng de-kalidad na mga pagkakataon sa propesyonal na pag-aaral na nakabatay sa pananaliksik at angkop para sa mga tagapagturo, administrador, at tagapayo, pati na rin ang postsecondary faculty ng pang-sekondaryong karera at teknikal na edukasyon. Bilang karagdagan, isinasama ng kumperensiya ang mga guro ng mga ika-5-8 baitang sa paraan ng (nauugnay sa karera) na pagtutuklas. Ang mga sesyon at paglalahad sa kumperensiya ay sumusuporta sa layunin at hangarin ng Perkins V at nagbibigay ng pag-aaral na nagpapalawak at nagpapahusay sa kaalaman, nilalaman, at mga kasanayan upang pagbutihin ang mga landas ng sekondaryo at postsecondary na karera at teknikal na edukasyon. Sinusuportahan din ng Connections Conference ang mga layunin at hangarin ng Plano ng Illinois Every Student Succeeds (ESSA), Perkins V, at ng Illinois Workforce Innovation Opportunity Act.

b. *Forum for Excellence:* Ang nangungunang kaganapan para sa propesyonal na pag-aaral sa Career and Technical Education (CTE) at Adult Education (AE) sa Illinois ay ini-sponsor ng Illinois Community College Board, at hinost ng Illinois Center for Specialised Professional Support (ICSPS), Southern Illinois Professional Development Center (SIPDC), at Central Illinois Adult Education Service Center (CIAESC). Ang Forum ay dinisenyo upang i-highlight ang mga inisyatibong pang-edukasyon at epektibong mga kinagawian na nakakaapekto sa pagpapatupad at pagpapalawak ng landas ng karera. Ang mga sesyon ay pinili ng ICCB at nagsisilbing isang paglulunsad sa propesyonal na pag-aaral ng taon na inihahatid sa pamamagitan ng Professional Development Network. Mga Tagapangasiwa ng Postsecondary at Sekondaryo (kabilang ang ngunit hindi limitado sa: mga direktor ng EFE system, superintendente, punong-guro, direktor/coordinator ng postsecondary Perkins, tagapangasiwa/coordinator ng Edukasyon ng may sapat na gulang, dean, punong opisyal na pang-akademiko, mga tagaturo ng ABE/ASE/ESL, atbp.).

- c. *Illinois Career and Technical Education Innovative Curriculum Resources Project*: Ginagamit ng ISBE ang mga pondo ng pamumuno ng estado upang magbigay ng mga mapagkukunan ng kurikulum at suporta para sa mga guro ng CTE sa pamamagitan ng pagpapatuloy ng Illinois CTE Innovative Curriculum Resources Projecto (ICRP) upang mapadali at maugma ang mga mapagkukunan para sa karera at teknikal sa mga guro at programa ng secondary CTE. Bilang karagdagan, ang mga mapagkukunan ay bubuuin para sa mga tagapayo ng karera at paggabay upang tulungan ang mga mag-aaral sa pagtutuklas at paghahanda para sa karera, pati na rin ang pagbuo ng mga plano sa karera para sa mga mag-aaral ng CTE. Sinusuportahan ng mga layunin ng programa ng ICRP ang: a.) Koordinasyon ng mga programa ng CTE at mga inisyatibo sa kamalayan at pagpapaunlad ng karera, b.) Ang pagbibigay sa buong estado ng mga bagong materyales sa kurikulum para sa mga programang CTE ay isasama ang ang pagkakahanay sa mga Pamantayan ng Pag-aaral sa Illinois, kabilang ang wikang Ingles, sining, matematika at agham (The Next Generation Science Standards), at c.) Panatilihin ang website ng Illinois CTE para sa mga tagapagturo ng CTE sa Illinois.
- d. *Samahan ng Illinois para sa Karera at Teknikal na Edukasyon (Illinois Association for Career and Technical Education)*: Sa pamamagitan ng mga pondo na kaloob para sa pamunuan ng estado, sinusuportahan ng ISBE ang mga pagsisikap ng Illinois Association for Career and Technical Education (IACTE). Ang IACTE ay nakatuon sa pagbibigay ng pinag-isang, may pananaw na pamumuno upang isulong at itaguyod ang lahat ng aspeto ng karera at teknikal na edukasyon. Nagbibigay ang IACTE ng isang taunang kumperensiya sa CTE, na magkasamang pinaplano ng mga kaakibat ng IACTE. Ang pagsasanay sa pamumuno ay ibinibigay sa IACTE Board at mga Kaakibat ng IACTE taun-taon. Tumutulong ang propesyonal na pag-aaral sa lahat ng mga tagapagturo ng CTE na ihanda ang kanilang mga mag-aaral para sa makabago, mahigpit at may-kaugnayang karera sa isang malawak na hanay ng mga karera na may mataas na sahod, kailangan ang mataas na kasanayan at in-demand. Bukod dito, ang IACTE ay nagho-host ng isang taunang Bago at Halos Bagong CTE Teacher Workshop. Ang IACTE ay nakatuon sa pagpapalawak ng mga oportunidad sa propesyonal na pag-aaral upang magbigay ng patuloy na suporta sa mga tagapagturo ng CTE sa CTE.
- e. *Transitions Academy*: Ang akademyang ito ay dinisenyo upang tulungan ang mga kolehiyo at pakikipagtulungan na nagtatrabaho sa pagbuo ng Bridge at ICAPS (Integrated Career and Academic Preparation System) na mga programa sa pamamagitan ng pagdaragdag ng kamalayan sa pagpapalawak ng pakikipagtulungan sa pagitan ng Edukasyon ng May Sapat na Gulang at Karera at Teknikal na Edukasyon dahil nauugnay ito sa mga modelo ng IET/ICAPS, Illinois Bridge na mga programa, at Mga Programa ng Pag-aaral sa Illinois.
- f. *Mga Espesyal na Kaganapan sa Propesyonal na Pag-aaral sa Buong Estado*: Ang ICCB at ISBE ay kapwa nangongontrata sa ICSPS upang magbigay ng praktikal at propesyonal na pag-aaral na batay sa katibayan para sa mga guro, faculty, at mga tauhang nagtuturo ng tungkol sa karera at teknikal na edukasyon. Kasama sa mga kaganapan ang CTE Counseling Academy ¹, Postsecondary Special Populations Academy ², Nontraditional

¹ CTE Counseling Academy:

² Postsecondary Special Populations Academy:

Occupations Summit¹, panreihyon na propesyonal na pag-aaral, at proepsyonal na pag-aaral sa para sa lokal na target.

- g. *Network ng Pag-unlad nang Propesyonal sa CTE*: Ang mga propesyonal ng Perkins ay inaanyayahan na makilahok sa iba't ibang webinar sa mga paksang tinukoy ng pamumuno ng estado at sa pamamagitan ng mga pagtatasa upang tiyakin ang epektibong propesyonal na pag-aaral ng tagapagturo. Kinokomisyon din ng ICCB ang ICSPS na manguna sa isang buwanang Komunidad ng Pag-aaral ng CTE na nagbibigay ng isang platform para sa networking sa pamamagitan ng lokal na epektibong kasanayan at ibinahaging mga diskarte sa pagpapatupad. Bilang karagdagan, sinusuportahan ng ICCB ang pananaliksik na nakabatay sa ebidensya sa pamamagitan ng kontrata nito sa OCCRL upang matulungan ang mga kolehiyo sa pagpapatupad ng isang patuloy na pinapahusay na modelo na nagpapabuti ng mga pakikipagtulungan, programa, at pag-access para sa mga mag-aaral.

9. **Pagpapalawak ng Pinagsamang Edukasyon at Pagsasanay o Integrated Education and Training (IET)** : Tulad ng naunang ipinahiwatig, ang Illinois ay nakatuon sa pagpapalawak ng mga pagkakataon ng CTE para sa lahat ng indibidwal sa Illinois, kasama na ang mga walang diploma sa high school o katumbas nito sa pamamagitan ng mga modelo ng ICAPS/IET. Ang pondo ng pamumuno ng estado ay gagamitin upang suportahan ang CTE programming para sa mga may sapat na gulang at kabataan na hindi nag-aaral, kasabay ng kanilang pagkumpleto ng kanilang sekundaryong edukasyon sa paaralan o iba pang setting ng edukasyon. Ang mga pagkakataon sa mapagkumpitensyang kaloob ay maaaring makamit sa pamamagitan ng ICCB para sa mga kolehiyo ng komunidad upang bumuo o i-angkop ang pagpo-programa ng IET.
10. **Pagpapalawak ng Mga Makabagong Modelo ng Paghahatid**: Ang pondo ng pamumuno ay gagamitin upang suportahan ang paglikha at pagsusuri ng mga makabagong modelo ng paghahatid. Maaaring kabilang dito, ngunit hindi limitado sa mga estratehiya na sumusuporta sa mga kurikulum na nakabase sa kahusayan sa buong CTE system, pag-aaral nang malayo (lalo na upang matugunan ang mga hadlang sa kanayunan), at mapabilis ang mga landas sa karera (hal. pagtatasa bago ng pag-aaral, atbp).
11. **Pagpapabuti ng Patnubay sa Karera at Pagpapayong Pang-akademiko**: Ang mga pondo ng pamumuno ay gagamitin para sa pagpapabuti ng patnubay sa karera at mga programa sa pagpapayong pang-akademiko na tumutulong sa mga mag-aaral sa paggawa ng may kaalamang mga desisyon sa akademiko at karera at teknikal na edukasyon, kabilang ang pagpapayo sa pang-akademiko at pinansyal na tulong.
12. **Mga Mapagkukunan ng Open Education o Open Educational Resources**: Sinusuportahan ng Illinois na gawing malawak na magagamit ang lahat ng uri ng nilalaman na pagtuturo, na maaaring kasama ang paggamit ng mga mapagkukunan ng open education o open educational resources (OER) sa www.ilsharedlearning.org. Ang mga mapagkukunan ng open education ay makikita sa pampublikong domain o inilabas sa ilalim ng isang lisensya ng intelektwal na pag-aari na nagpapahintulot sa libreng paggamit at paggamit para sa ibang layunin ng ibang tao. Ang mga mapagkukunan ng open education ay nagbibigay sa mga tagapagturo ng kakayahang i-akma

¹ Nontraditional Occupations Summit:

ang mga mapagkukunan ng pagtuturo sa mga indibidwal na pangangailangan ng kanilang mga mag-aaral, tiyakin na ang mga mapagkukunan ay napapanahon, at na ang gastos ay hindi hadlang sa pag-access sa mataas na kalidad na mga mga mapagkukunan na naaayon sa mga pamantayan. Kasama sa mga mapagkukunang OER ang mga materyales sa kurso, modyul, textbook, streaming video, mga pagsusulit, software, at anumang iba pang mga tool, materyales, o pamamaraan na ginamit upang suportahan ang pag-access sa kaalaman.

13. **Pagpapahusay ng mga Data Accountability System:** Ang ISBE at ICCB ay nakatuon sa pagbuo o paggamit ng may-bisa at maaasahang mga pagtatasa ng mga kakayahan at teknikal na kasanayan bilang karagdagan sa pagpapahusay ng mga data system upang mangolekta at pag-aralan ang mga datos sa secondary at postsecondary na mga resultang pang-akademiko at pangtrabaho.

2. Pagpapatupad ng Mga Programa sa Karera at Teknikal na Edukasyon at Mga Programa ng Pag-aaral

a. Anong mga programa sa karera at teknikal na edukasyon o programa ng pag-aaral ang susuportahan, bubuuin, o pagbubutihin sa antas ng estado at magagamit ng mga karapat-dapat na tatanggap? (Seksyon 122(d)(4)(A) ng Perkins V)

Ang secondary at postecondary na edukasyon ng Illinois ay magpapatuloy na ayusin at suportahan ang Mga Programa ng Pag-aaral o Programs of Study (POS) na binuo mula sa pitong mga larangan na inendorso sa ilalim ng Postsecondary and Workforce Readiness Act (PWR) at ang 16 na Career Cluster na pinagtibay sa buong bansa at ibinalangkas ng Advance CTE. Ang Illinois State Board of Education (ISBE) at ang Illinois Community College Board (ICCB) ay makikipagtulungan upang suportahan ang mga naunang naaprubahan na mga programa ng pag-aaral at trabaho upang mapagbuti sila alinsunod sa mga layunin at prayoridad ng planong ito. Gayunpaman, magbubuo ang estado ng mga modelo ng Programa ng Pag-aaral batay sa mga sektor na kailangan ang mataas na kasanayan, may mataas na sahod, at in-demand sa buong estado. Noong FY2020, isinagawa ng ISBE at ICCB ang isang pagsusuri ng umiiral na mga modelo ng Mga Programa ng Pag-aaral upang matiyak na ang mga programa ay nakakatugon sa mga pangangailangan ng paghahanda ng mga mag-aaral para sa mga trabahong in-demand, mataas ang sahod, at kailangan ang mataas na kasanayan. Pinalakas ng ICCB ang programa nito sa pag-apruba at pagsusuri sa mga patakaran at nagbigay ng propesyonal na pag-unlad at teknikal na tulong upang mapalakas ang lokal na programa ng mga proseso ng pag-unlad ng pag-aaral.

Sa kasalukuyan, sinusuportahan ng ISBE ang 81 Classification of Instructional Programs (CIP) na inaalok ng 657 ng 713 na pampublikong high school sa Illinois, hindi kasama ang mga panrehiyong programa at Area Career Center. Mayroong 24 na Area Career Center sa estado ng Illinois. Sama-sama, ang Illinois Community College System ay may higit sa 4,265 na aktibo at naaprubahang mga programa ng CTE na sumasaklaw sa lahat ng 16 na cluster ng karera. Ang mga programang ito ay naaprubahan ng ICCB. Ang bawat kolehiyo ng komunidad ay kinakailangan na maglathala ng lahat ng mga handog na programa taun-taon.

Hinihikayat ang mga lokal na programa na bumuo ng kanilang sariling mga programa ng pag-aaral, na sumusunod sa lahat ng mga pamantayan tulad ng tinukoy sa Perkins V at naghihintay ng pag-apruba ng estado. Ang ICCB Program of Study Expectations Tool ay na-update upang maipakita ang mga bagong alituntunin ng Perkins V. Ang ISBE ay kasalukuyang bumubuo ng isang Program Quality Rubric para magamit sa sekundaryong antas. Ang tool na ito ay tumutulong sa mga lokal na tatanggap sa pagpapaunlad,

pagsusuri, at pagpapatupad ng Mga Programa ng Pag-aaral. Magbibigay ang Illinois ng nakasulat at aktibong patnubay para sa mga lokal na tatanggap upang isali ang lahat ng kinakailangang ka-partner at stakeholder, upang magtaguyod ng isang pakikipagtulungan na pamamaraan sa pagpapatupad ng mga programa ng pag-aaral. Kasama sa at bibigyang-diin ng ganitong pakikipagtulungang pamamaraan ang mga kursong pang-akademiko at karera at teknikal at pagkakahayan sa lokal na merkado ng trabaho.

b. Ano ang proseso at pamantayan na gagamitin para sa pag-apruba ng mga lokal na binuong programa ng pag-aaral o mga landas ng karera, kabilang ang kung paano ang mga nasabing programa ay tumutugon sa mga pangangailangan sa kaunlaran at edukasyon ng Estado?

Ang mga programa ng pag-aaral ay dapat matugunan ang mga kinakailangan ayon sa tinukoy sa Perkins V. Ang isang programa ng pag-aaral ay nauunawaan bilang isang inugma, hindi dumodobleng pagkakasunud-sunod ng pang-akademiko at teknikal na nilalaman sa sekondarya at postsecondary na antas na:

- isinasama ang mapaghamong pamantayang pang-akademiko ng Estado;
- tumutugon sa parehong pang-akademiko at teknikal na kaalaman at kasanayan, kabilang ang mga kasanayan magagamit sa paghahanap ng trabaho;
- nakahanay sa mga pangangailangan ng mga industriya sa ekonomiya ng Estado, rehiyon, pamayanan ng Tribo o lokal na lugar;
- umuusad sa mga partikular na larangan;
- may maraming mga entry at exit point na isinasama ang pagtatamo ng kredensyal; at,
- nagtatapos sa pagkakamit ng isang kinikilalang kredensyal na postsecondary.

Ang mga programa ng CTE sa Illinois ay dapat tumutugon sa tatlong pinakamababang pamantayan: pangangailangan, gastos, at kalidad. Ang bawat pamantayan ay malawak na tinukoy sa ibaba. Ang pagtugon sa mga pamantayang ito ay nangangailangan na humiling ng pag-apruba ang mga tatanggap mula sa kani-kanilang ahensya. Para sa buong patakaran at proseso ng pag-apruba ng programa, tingnan ang (Appendix J) at Proceso ng Pag-apruba ng Programa ng ICCB (Appendix K).

- **Pangangailangan ng Merkado ng Paggawa** : Ang isang programa ng CTE ay dapat na mabubuhay mula sa pananaw ng merkado ng paggawa na nagpapahiwatig na maraming mga trabaho ang naghahintay sa pagtatapos ng programa. Ang impormasyon sa merkado ng paggawa ay magagamit mula sa Illinois Department of Employment Security, Bureau Labor of Statistics, o iba pang mga tool sa pag-analisa ng merkado ng paggawa. *Tandaan: Ang impormasyon sa merkado ng paggawa ay maaaring hindi magagamit para sa mga umuusbong na trabaho o makatupad sa mga partikular na pangangailangan ng tagapag-employo. Samakatuwid, ang iba pang mga uri ng dokumentasyon ay maaaring angkop.*
- **Gastos** : Ang tatanggap ay dapat magkaroon ng mga mapagkukunang pinansyal o badyet upang suportahan ang programa ng CTE sa isang sulit na paraan. Dapat idokumento ng mga tatanggap ang kakayahang pang-pinansyal para sa iminungkahing programa.
- **Kalidad**: Ang lahat ng mga programa ng CTE ay dapat na komprehensibo at nakahanay sa mahigpit na pamantayan at dapat maghanda sa mga mag-aaral para sa mga oportunidad sa mga larangan na kailangan ang mataas na kasanayan at in-demand. Dapat ipakita ng mga tatanggap ng pagpopondo ng Perkins ang pagbuo ng de-kalidad na kurikulum na nakahanay sa mga kinakailangan ng pederal, estado at lokal, na tumutugon sa mga pangangailangan ng lokal na manggagawa, at ihahanda ang mga nagtapos nang may naaangkop na antas ng kasanayan upang matugunan ang kanilang mga layunin sa edukasyon at trabaho. Kabilang sa iba pang sangkap ng kalidad ang:

- **Mga Kwalipikadong Tagapagturo** - May kasamang pangkalahatang minimum na kwalipikasyon at mga kredensyal na partikular sa mga tagapagturo sa iminungkahing larangan ng pag-aaral.
- **Pagkakahanay ng Sekundaryo at Postsecondary** - May kasamang katibayan sa pagitan ng pagkakahanay ng sekundaryo at postsecondary sa pamamagitan ng hindi nadodobleng kurso at mga pagkakataon para sa dual credit.
- **Pakikipag-ugnay sa Tagapag-employo** - Ang lahat ng mga programa ng CTE ay dapat magtatag ng isang Advisory Committee. Kapag naaprubahan, ang Advisory Committee ay dapat magtagpo nang kahit isang beses bawat taon.

Idodokumento ng mga tatanggap ng postsecondary kung paano natutugunan ng kanilang mga programa ng pag-aaral ang minimum na pamantayan tulad ng itinakda ng Batas sa pamamagitan ng pagkumpleto ng Form ng Pag-apruba ng Mga Programa ng Pag-aaral. Ang programa ng pag-aaral na binuo at isinumite para sa pag-apruba ay dapat na mula sa isang dati nang naaprubahan na programa ng CTE na pinatatakbo ng kolehiyo. Ito ay dapat isumite kasama ng lokal na aplikasyon o anumang oras sa panahon ng akademikong taon. Ang postsecondary na Programa ng Pag-aaral ng Illinois ay binago upang ihanay sa mga elemento ng isang mataas na kalidad na programa ng CTE na nakabalangkas sa Policy Benchmarking Tool ng Advance CTE. Upang suportahan ang mga programa ng CTE, buo man o bahagi, sa pamamagitan ng pederal na pagpopondo ng Perkins, dapat natutugunan nila o sinisikap na matupad ang mga kinakailangan ng pederal at estado para sa isang Programa ng Pag-aaral. Tingnan ang buong patakaran sa Appendix J at K.

Ang proseso ng pag-apruba para sa mga lokal na binuong programa ng pag-aaral o mga landas ng karera sa sekundaryong antas ay kasama ang mga sumusunod na hakbang:

1. Ang Comprehensive Based Local Needs Assessment (CLNA) para sa LEA ay dapat magpakita ng pangangailangan sa programa.
2. Ang datos sa merkado ng paggawa ay dapat sapat upang bigyang-katwiran ang pangangailangan, kung walang ganitong datos, ang mga sulat ng suporta mula sa lokal o rehiyonal na negosyo at ka-partner sa industriya na nagpapakita ng pangangailangan para sa mataas na sahod, mataas na kasanayan o in-demand.
3. Ang datos sa CLNA at merkado ng paggawa o mga sulat ng suporta ay ipinapakita sa EFE para sa pag-apruba.
4. Kung inaprubahan ng EFE ang aplikasyon, ito ay ipapasa sa ISBE para sa panghuling pag-apruba.

Ang ulong pambungad (rubric) tungkol sa patuloy na pagpapabuti ay kukumpletuhin kada apat na taon kasunod ng paunang pag-apruba upang matukoy ang katayuan ng pagpapatuloy at magbigay ng feedback sa mga pagsisikap na inirerekomenda para sa pagpapabuti. Ang ISBE at ICCB ay magpapatuloy na ihanay ang mga patakaran at proseso sa programa ng pag-aaral kung naaangkop upang higit na ihanay ang lokal na programa ng pag-unlad at pagpapatupad ng pag-aaral.

Bagaman ang ISBE at ICCB ay hindi pormal na aaprubahan ang mga landas ng karera, ang Illinois ay may karaniwang kahulugan para sa "landas ng karera" na pinagtibay ng mga ahensya ng edukasyon at mga manggagawa at nakahanay sa kahulugan na inilarawan sa Workforce Innovation and Opportunity Act. Ang isang *landas ng karera* ay isang kombinasyon ng mahigpit at de-kalidad na edukasyon, pagsasanay, at iba pang mga serbisyo na nakahanay sa parehong patayo at pahalang at may kasamang maraming mga entry at exit point upang mapadali ang pagbuo ng mga indibidwal ng kanilang mga kasanayan habang sila ay sumusulong sa kahabaan ng kanilang edukasyon at pagsasanay at sumusulong sa pagtatrabaho na partikular

sa sektor sa Sekondaryong Edukasyon, Edukasyon ng May Sapat na Gulang, Pagsasanay at Pag-unlad ng Manggagawa, Karera at Teknikal na Edukasyon, at mga system, landas, at mga programa ng Edukasyon ng Postsecondary. Ang mga pakikipagtulungan na nabanggit, ang negosyo at industriya, mga ahensya ng serbisyo sa tao, pagwawasto, at iba pang mga stakeholder ng komunidad ay nagsisilbing pampundasyon na istraktura para sa mataas na kalidad at napapanatiling landas ng karera. Ang kahulugan na ito ay kasama sa Career Pathways Dictionary na higit na nagpapalabas ng ilang hanay ng mga salitang sakop sa ESSA, PWR, WIOA, at Perkins sa loob ng konteksto ng Illinois upang matiyak ang pagkakahanay ng wika sa lahat ng institusyon na makapagpabatid sa lokal na kasanayan.

i. Ano ang pamantayan upang masuri ang lawak kung saan maisusulong ng lokal na aplikasyon (Sec. 134) ang patuloy na pagpapabuti sa pang-akademikong nakamit at teknikal na kakayahang nakamit?

Ang mga karapat-dapat na tatanggap ay hinihiling na ipakita at magbigay ng katibayan kung paano itinatangayod ng mga inaprubahang programa ng pag-aaral at landas ng karera ang patuloy na pagpapabuti sa pagkamit ng pang-akademiko at teknikal na kakayahan. Ang kanilang isinumite na mga aktibidad ay makakatulong na magpabatid ng naka-target na teknikal na tulong upang maibahagi ang mga epektibong kasanayan sa buong sistema.

Ang ISBE ay lumikha ng isang *Local CTE Dashboard*¹ para magamit ng mga lokal na ahensya ng edukasyon sa buong proseso ng aplikasyon. Ang isang bahagi ng dashboard na ito ay ang proseso ng pagsusuri ng programa na kasama ang Continuous Improvement Program Quality Rubric (CIPQR)². Ang CIPQR ay gumagabay sa mga ahensya ng lokal na edukasyon sa pamamagitan ng isang serye ng mga paglalarawan ng pagganap, na nagpapahintulot sa mga lokal na ipahiwatig kung aling antas ng pagganap sila sumasailalim. Kinikilala ng ISBE na ang mga lokal na programa ng pag-aaral ay nasa iba't ibang mga yugto ng implementasyon, at na ang mga paaralan sa iba't ibang yugto na ito ay nangangailangan ng pag-iiba-iba para sumulong sa pagpapatuloy ng mataas na kalidad na programming ng CTE. Kukumpletuhin ng lahat ng mga programa ng pag-aaral na naaprubahan ng estado, bago at umiiral, ang CIPQR sa loob ng dalawang taon mula sa pagtanggap ng pagpopondo ng Perkins, pagkatapos tuwing apat na taon pagkatapos ng paunang pag-apruba. Ang CIPQR ay nagsisilbing isang tool para sa pag-analisa sa lokal na antas, at bilang isang punto ng koleksyon ng datos para sa ISBE. Nakalista sa ibaba ang mga bahagi na tinukoy ng ISBE, kasama ang nakamit na pang-akademiko at teknikal na kasanayan, bilang bahagi ng mataas na kalidad na programming ng CTE, na nangangailangan ng patuloy na pagpapabuti.

- Pag-access at Pagkakapantay-pantay
- Pagpapabuti ng Datos at Programa
- Pag-recruit, Pagpapanatili, at Pagsasanay ng Epektibong Kawani ng CTE
- Angkop na Pasilidad, Kagamitan, Teknolohiya, at mga Materyales
- Pakikibahagi ng Stakeholder
- Mahigpit na Pang-akademiko at Kaugnay na Teknikal na Kurikulum
 - Mga Kurikulum na Nakahanay sa at Isinama ang mga Pamantayan
 - Pagkakasunud-sunod at Artikulasyon
- Pagpapatuloy ng Pag-unlad ng Karera
 - Pag-aaral na Nakabase sa Trabaho

¹ [LINK SA CTE DASHBOARD WEBSITE](#)

² Ang rubrik ng CIPQR ay inangkop mula sa Balangkas ng Programa ng Pag-aaral ng ACTE Quality CTE na nakabase sa pagsasaliksik, at nakahanay, kung saan naaangkop, sa mga kinakailangan sa pagsusuri ng programa ng ICCB.

- Pag-unlad ng Karera ng Mag-aaral (mga kasanayan na magagamit sa paghahanap ng trabaho)
- Career and Technical Student Organizations (CTSO)

Ang tool na ito ay gumagabay sa lokal na pag-unawa ng kung ano ang bumubuo ng isang mataas na kalidad na programa ng pag-aaral ng CTE, tumutulong sa pagtukoy ng mga kalakasan at kahinaan ng mga indibidwal na programa ng pag-aaral, at pinapadali ang pantay na pagbabago para sa **lahat ng** mag-aaral. Gagamitin ng ISBE ang datos na ito upang matukoy ang mga lugar na nangangailangan ng tulong sa teknikal, propesyonal na pag-aaral, o suporta.

Susuriin ng ICCB ang pag-unlad ng mga kolehiyo ng komunidad sa pagdaragdag ng pagkamit ng kasanayang pang-akademiko at teknikal sa pamamagitan ng maraming magkakaibang proseso, kabilang ang, ngunit limitado sa: mga patakaran sa pagsusubaybay sa kaloob at teknikal na tulong (Appendix L), Proseso ng Pagsusuri ng Programa ng ICCB sa Buong Estado ¹, at iba pang patuloy na proseso ng pagpapabuti tulad ng Mga Landas sa Mga Resulta. Ang ICCB, sa pamamagitan ng Program Review Advisory Committee, ay lumikha ng mga template at mga mapagkukunan para magamit ng mga kolehiyo sa taunang o pansamantalang pagsusuri at pagpapabuti ng kanilang mga programa ng CTE sa pagitan ng kinakailangang kada limang taong pagsusuri.

ii. Ano ang pamantayan na ginamit upang masuri ang lawak kung saan ang lokal na aplikasyon (sa ilalim ng seksyon 134) ay magpapalawak ng pag-access sa karera at teknikal na edukasyon para sa mga espesyal na populasyon?

Kinakailangan ng lokal na aplikasyon na maipakita at maibigay ng mga tatanggap ang katibayan kung paano lalawak ang pag-access ng mga aprubadong mga programa ng pag-aaral at landas ng karera para sa mga espesyal na populasyon sa mga sumusunod na larangan:

- pag-access sa programa, mga serbisyo at aktibidad;
- paghahanda para sa trabaho;
- pagsasanay at tulong upang malampasan ang mga hadlang na maaaring makalimita ng mga pagkakataon para sa tagumpay; at
- mga pagsisikap laban sa diskriminasyon.

Ang pagtiyak ng pantay na pag-access ay nangangailangan ng pinahusay na paggamit ng datos, lalo na ang pinaghiwa-hiwalay na datos, upang maunawaan kung saan umiiral ang mga pagkakaiba-iba sa programming ng CTE . Tulad ng nakasaad, kinakailangan ng lokal na aplikasyon na alamin ng mga tatanggap kung paano papalawakin ng mga aktibidad ang pag-access sa CTE para sa mga espesyal na populasyon. Upang naaangkop na ipagbigay-alam ang mga aktibidad na ito, kailangang suriin at i-ulat ng mga lokal na tatanggap ang datos sa antas ng programa, kabilang ang mga hinimay na datos sa taunang batayan. Bilang karagdagan sa kanilang Lokal na Aplikasyon para sa SFY2021-2024 at ang Comprehensive Local Needs Assessments (CLNA) na nakumpleto bago ang SFY2021 at SFY 2023, ang mga lokal na tatanggap ay aatasang magsumite ng isang Plano ng Pagpapabuti sa Pagganap para sa lahat ng mga piskal na taon na kung saan ang kanilang pagganap ay hindi nakakatugon sa mga target sa pagganap na isinasaayos ng estado. Dapat tukuyin ng mga plano na ito ang mga pagkakaiba-iba batay sa hinimay na datos at ilarawan ang mga estratehiya o aktibidad na batay sa ebidensya upang matugunan ang mga natukoy na pagkakaiba-iba.

¹ https://www.iccb.org/iccb/wp-content/pdfs/manuals/program_review/ICCB_Program_Review_2017-2021_Revised_6_13_19_FINAL.pdf

Bilang karagdagan, naka-embed sa loob ng CIPQR ang mga line item na malinaw na nagpapahiwatig ng pagpapalawak ng access para sa mga espesyal na populasyon. Dapat suriin ng mga aplikante ang pagprograma sa mga sumusunod na paraan:

- Ang kurikulum, pagtuturo, materyales at pagtatasa ay walang kinikilingan, inklusibo, at hindi nagdidiskrimina, at inaalok sa isang paraan na nagtitiyak na naa-access ng lahat ng mag-aaral ang pagkakataon at nakakamit ang tagumpay sa programa ng pag-aaral, kabilang ang mga kinakailangang kaluwagan sa bawat IEP o 504 na plano, kung naaangkop.
- Ang programa ng pag-aaral ay isinusulong sa lahat ng mga potensyal na kalahok at kanilang mga magulang/tagapag-alaga (kung naaangkop), sa isang paraan na walang kinikilingan, inklusibo, at hindi nagdidiskrimina.
- Ang mga kagamitan, kasangkapan, teknolohiya, at mga materyales ay ibinibigay sa isang paraan na nagsisiguro na lahat ng mag-aaral ay magkakaroon ng pagkakataon na makamit ang tagumpay sa programa ng pag-aaral, kabilang ang pagtugon sa Title IX, Americans with Disabilities Act at iba pang mga kinakailangan sa pag-access tulad ng mga 504 plan.
- Inaalok ang gabay sa karera sa lahat ng potensyal at kasalukuyang programa ng mga kalahok ng pag-aaral sa isang paraan na walang kinikilingan, inklusibo, at hindi nagdidiskrimina.
- Isinagawa ang mga naaangkop na aksyon upang maalis ang mga hadlang sa mga pinalawak na karanasan sa pag-aaral para sa lahat ng mag-aaral, kabilang ang mga espesyal na populasyon.

Ang mga pakikipagtulungan ng mga lokal na tatanggap (sekundaryo at postecondary), edukasyon at mga entidad ng trabaho sa ilalim ng WIOA, at mga organisasyon na nakabase sa komunidad, na maaaring magbigay ng suporta at programming na nagdaragdag sa CTE at nagtitiyak ng tagumpay ng mag-aaral, ay gagamitin upang mapalawak ang pag-access sa at pagsuporta sa pagtitiyaga sa CTE programming para sa mga espesyal na populasyon sa pamamagitan ng maayos na pagbabagong kalagayan at koordinasyon ng mga serbisyo.

iii. Ano ang pamantayan na ginamit upang masuri ang lawak kung saan susuportahan ng lokal na aplikasyon sa ilalim ng seksyon 134 ang pagsama ng mga kasanayan na magagamit sa paghahanap ng trabaho sa mga programa ng pag-aaral at mga landas ng karera? (Seksyon 122(d)(4)(B) ng Perkins V)

Nakumpleto ang malawak na gawain sa Illinois sa nakalipas na ilang taon na may kaugnayan sa pag-unawa sa mga kasanayan na magagamit sa paghahanap ng trabaho at kung paano isasama ang mga ito sa programming ng CTE. Noong 2017, nilikha ng Illinois ang Essential Employability Skills Framework and Self-Assessment, na binuo gamit ang input mula sa mga tagapagturo at pinuno ng sekundaryo at postsecondary, pamunuan ng edukasyon ng may sapat na gulang at mga tagapagkaloob, mga ka-partner na negosyo, kinatawan ng mga manggagawa at alinsunod sa Employability Framework ng OCTAE. Ang personal na etika, etika sa trabaho, kasanayan sa komunikasyon, at pagtutulungan ng magkakasama ay natukoy ng taskforce bilang mga kritikal na elemento na kinakailangan upang maging matagumpay sa lugar ng trabaho. Sa loob ng bawat elemento, ang mga kilos at pag-uugali ay tinukoy na nagpapakita ng kahusayan. Ang Balangkas para sa Mga Mahahalagang Kakayahan para Madaling Makakuha ng Trabaho o *Essential Employability Skills Framework* ay may kasamang isang tool sa pagtatasa sa sarili na dinisenyo upang matulungan ang mga tatanggap ng postsecondary na edukasyon sa pangmatagalang pagpapalawak at

pag-unlad. Sa pamamagitan ng pagtatasa sa sarili at kasamang propesyonal na pag-aaral, ang balangkas na ito ay sumusuporta sa mga lokal na programa ng CTE habang dinidisenyo at isinasama nila ang mga kasanayan na magagamit sa paghahanap ng trabaho sa kurikulum at mga aktibidad. Ang mga pagkilos at pag-uugali na kinilala sa tool ay nagsisilbing pamantayan para sa pagtukoy sa mga kakayahang magagamit sa paghahanap ng trabaho sa silid-aralan, na isang mahalagang hakbang sa pagdidisenyo ng naka-kontekstong mga aktibidad upang mabuo ang mga kakayahang ito. Partikular, ang mga pagkilos at pag-uugali na nakabalangkas ay nagbibigay ng isang pamantayan upang gabayan ang paglalagay sa konteksto ng mga kakayahan na magagamit sa paghahanap ng trabaho sa silid-aralan o mga aktibidad na nakabase sa trabaho. Ang seksyon ng pagtatasa sa sarili ay nagbibigay-daan sa mga guro na i-mapa ang ugnayan sa pagitan ng mga aktibidad sa silid-aralan at mga kasanayan na magagamit sa paghahanap ng trabaho upang mapadali ang mas malalim na paglalagay sa konteksto. Kasama rin sa tool ang isang hiwalay na pagtatasa sa sarili ng tagapangasiwa na nakatuon sa pagsusuri sa mga elemento ng pagprograma upang matiyak na ang mga kakayahan na magagamit sa paghahanap ng trabaho ay naka-konteksto sa lahat ng antas at ang lahat ng mag-aaral ay may pagkakataon na palakasin ang mga kasanayang ito.

Sa pagpapatuloy ng nakaraang gawain, nilikha ang Nangungunang 10 Mahahalagang Kakayahan na Magagamit sa Paghahanap ng Trabaho sa Lahat ng Sektor at isinama sa loob ng College and Career Pathway Endorsement (CCPEs; binuo noong Hulyo 2018, tingnan ang Appendix M) sa ilalim ng Postsecondary and Workforce Readiness Act (PWR), na naisabatas noong 2016. Binuo sa pamamagitan ng isang umuulit na proseso ng paggamit ng mga public-private steering committee. Ang Balangkas ng Mahahalagang mga Kakayahan na Magagamit sa Paghahanap ng Trabaho at ang Mahahalagang Kahusayan na Magagamit sa Paghahanap ng Trabaho sa Lahat ng Sektor ay nakalista sa ibaba.

Balangkas ng Mahahalagang mga Kakayahan na Magagamit sa Paghahanap ng Trabaho	Nangungunang 10 Mahahalagang Kakayahan na Magagamit sa Paghahanap ng Trabaho sa Lahat ng Sektor
<ol style="list-style-type: none"> 1. Personal na Etika 2. Etika sa Trabaho 3. Kakayahan sa Pakikipag-usap 4. Pakikipagtulungan 	<ol style="list-style-type: none"> 1. Pakikipagtulungan at Paglutas ng Hindi Pagkakasundo 2. Komunikasyon 3. Paglutas ng Suliranin 4. Paggawa ng Desisyon 5. Kritikal na Pag-iisip 6. Kakayahan at Kadaliang Umangkop 7. Inisyatibo at Pagtulak sa Sarili 8. Pagkamaasahan at Pananagutan 9. Kakayahang Pangkultura 10. Pagpaplano at Pag-aayos

Dahil ang mga kakayahan na magagamit sa paghahanap ng trabaho ay isang pangunahing pokus ng Perkins V, ang ICCB at ang Illinois Center for Specialized Professional Support (ICSPPS) ay nagbuo at patuloy na mag-aalok ng propesyonal na pagtuturo sa kung paano isasama ang Balangkas ng Mahahalagang mga

Kakayahan na Magagamit sa Paghahanap ng Trabaho at Pagtatasa ng Sarili sa mga silid-aralan at kurikulum ng CTE . Ang mga practicioner ng CTE ay maaaring gumamit ng balangkas upang matulungan ang mga mag-aaral na maunawaan ang may kaugnayan at kahalagahan ng mga kasanayang ito sa pagiging handa sa karera. Ang mga tatanggap ay inaatasang ilarawan sa kanilang lokal na aplikasyon kung paano nila isasama ang Balangkas ng Mahahalagang mga Kakayahan na Magagamit sa Paghahanap ng Trabaho ng Illinois sa kanilang mga programa sa CTE. Ang kanilang isinumiteng mga aktibidad ay makakatulong na ipaalam sa naka-target na teknikal na tulong ng ISBE at ICCB upang maibahagi ang mga epektibong gawi sa buong sistema.

C.i. Paano gagawa ang Ahensya ng impormasyon sa mga naaprubahang programa ng pag-aaral at mga landas ng karera (kabilang ang pagtutuklas ng karera, mga pagkakataon sa pag-aaral na nakabase sa trabaho, mga haiskul na matuturing na maagang kolehiyo, at mga pagkakataon sa dual o magkakasabay na mga programa ng pagpapatala) at mga mapagkukunan ng gabay at pagpapayo, na maaari sa mga mag-aaral (at mga magulang, kung naaangkop), mga kinatawan ng edukasyon sa sekondaryo at postsecondary, at mga espesyal na populasyon, at sa abot ng makakaya, ibibigay ang impormasyon at mga mapagkukunang iyon sa wikang mauunawaan ng mga mag-aaral, magulang, at tagapagturo?

Gumagamit ang ISBE at ICCB ng ilang mga paraan ng komunikasyon upang magbahagi ng impormasyon sa mga stakeholder at mga tagapangasiwa at practicioner ng CTE. Ibinabahagi ng ISBE ang may-katurang impormasyon sa pamamagitan ng mga listserv sa mga direktor ng EFE at tagapayo sa paaralan. Bilang karagdagan, ang ISBE ay nakikipag-usap sa isang mas malawak na madla sa pamamagitan ng isang lingguhang ini-email na Superintendent's Bulletin, at madalas na inna-update na mga social media account sa Facebook at Twitter na nagbibigay daan para sa mas direktang komunikasyon sa mga mag-aaral at mga magulang. Ang ISBE ay bubuo at magpapanatili ng isang listserv ng mga guro at tagapangasiwa ng CTE upang magbigay ng mga update. Babantayan ng ISBE ang paglikha ng impormasyon tungkol sa pinakamahusay na mga kinagawian at magbibigay ng mga diskarte sa pakikipag-usap sa mga magulang. Bilang karagdagan sa mga listserv, ipinapakalat ng ICCB ang impormasyon sa mga pinuno ng mas mataas na edukasyon at mga practicioner ng CTE sa pamamagitan ng isang buwanang newsletter, na ipinamamahagi sa pamamagitan ng website ng ahensya at mga account sa social media. Itinatampok ng newsletter ang mga napakahusay na programa ng CTE, ibinabahagi ang mga epektibong kasanayan, at ibinabahagi ang mahalagang patnubay. Patuloy ring nagbabahagi ang ICCB ng impormasyon tungkol sa mga landas sa karera, pag-aaral na nakabase sa trabaho, at pagtutuklas ng karera sa pamamagitan ng mga webinar, mga komunidad ng pag-aaral, at propesyonal na pag-aaral.

Binago ng ISBE ang mga webpage nito ng CTE noong SFY2020 upang ihanay sa 16 na pederal na cluster ng karera (kasama ang malapit nang buuin na cluster ng enerhiya) at ang mga pag-eendorso sa Postsecondary and Workforce Readiness (PWR) Act. Ang mga webpage ay nagbibigay ng mga detalye sa naaprubahan na mga programa ng pag-aaral at mga landas ng karera na magagamit ng mga mag-aaral sa haiskul sa Illinois. Ang mga bagong webpage ay susuriin sa wika at kakayahang mai-access upang isama ang mga espesyal na populasyon na tinukoy sa Perkins V ng mga nauugnay na mga grupo ng stakeholder. Ang webpage ng bagong tagapayo ng paaralan kasama ang page ng Student Voices ay tututok sa pag-aaral na nauugnay sa karera sa lahat ng baitang at nagbibigay ng mga mapagkukunan para sa pagtutuklas ng karera, dual o magkakasabay na mga programa ng pagpapatala, at pag-aaral na nakabase sa trabaho. Ang mga mag-aaral at magulang ay maaaring makahanap ng mga link sa webpage na ito, mga aktibidad sa pagtutuklas ng karera, gabay ng isang magulang sa mga alalahanin sa haiskul/postsecondary, isang sample na balangkas ng PaCE, at kasalukuyang datos ng trend ng karera. Ang

mga kinatawan ng sekondaryo at postsecondary ay maaari ring makahanap ng mga link sa mga may-kaugnayang mapagkukunan sa webpage ng tagapayo ng paaralan, kasama ang mga link sa mga patakaran ng estado tulad ng mga kinakailangan sa pagtatapos, mga pamamaraan sa pagiging handa sa kolehiyo at karera, mga patakaran sa dual credit, at mga pag-endorso ng landas.

Ang mga mag-aaral, magulang, at kinatawan mula sa mga institusyon ng sekondaryo at postsecondary ay maaaring ma-access ang gabay sa karera ng ISBE sa buong estado bilang isang hard copy o sa digital na format. Ang digital na format ay isasalin sa iba pang mga wika at maa-access sa pamamagitan ng tumutulong na teknolohiya upang payagan ang pinalawak na pag-access ng mga espesyal na populasyon. Ang pambansang kinikilalang mga cluster ng karera ang batayan ng gabay sa karera. Para sa bawat cluster, ang impormasyon ay ibinibigay na may kaugnayan sa mga programa ng pag-aaral, entry at exit point na nagkokonekta ng mga pagkakataon sa sekondaryo sa mga pagkakataon sa postsecondary, kasalukuyang datos sa merkado ng paggawa, at mga ka-partner sa negosyo at industriya sa buong estado. Ang gabay sa karera ay maaaring iangkop upang magbigay ng mas makitid na pokus sa panrehiyong o lokal na impormasyon at magamit ng mga distrito ng paaralan o mga panrehiyong entidad upang magbahagi ng impormasyon sa kanilang mga mag-aaral at komunidad.

Ang website ng Direktoryo ng Programa ng ICCB ay nagbibigay sa publiko ng impormasyon tungkol sa mga makukuhang programa ng pag-aaral sa mga kolehiyo ng komunidad sa Illinois. Ang mga mag-aaral ay maaaring maghanap ayon sa kolehiyo o sa programa ng pag-aaral. Binibigyan ang mga mag-aaral ng impormasyon tungkol sa mga makukuhang programa ng pag-aaral, aling mga kolehiyo ang nag-aalok ng mga ito, degree o uri ng sertipiko, at ang kinakailangang bilang ng oras para makumpleto. Mayroong tagahanap ng Zip Code upang tulungan ang mga mag-aaral na makahanap ng kanilang lokal na kolehiyo ng komunidad. Mayroon ding impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa mga kolehiyo.

Bilang isang patuloy na pagsisikap, ang mga kasangkapan sa komunikasyon, mapagkukunan, at propesyonal na pag-aaral ay sinusuri batay sa pagiging epektibo, mga hadlang sa wika, kakayahang mabasa, at pagkakahanay at makukuha rin nang nakasalin. Ang mga nasubukan sa pagsasaliksik na pagmemensahe at mga tool, tulad ng nilikha ng Advance CTE, ay gagamitin, kung naaangkop, upang mas mabisang maabot ang mga mag-aaral at mga magulang. Ang ISBE at ICCB ay mangongolekta ng feedback mula sa mga stakeholder upang matukoy kung gaano ka-epektibo ang umiiral na mga mapagkukunan na makaabot sa mga guro, tagapayo sa paaralan, tagapayo, magulang, at mag-aaral.

c.ii. Paano mapapadali ng karapat-dapat na ahensya ang pakikipagtulungan sa mga karapat-dapat na tatanggap sa pagbuo at koordinasyon ng mga programa sa karera at teknikal na edukasyon (at mga programa ng pag-aaral) at mga landas ng karera na kasama ang maramihang mga entry at exit point?

Isinusulong ng ISBE at ICCB ang pakikipagtulungan sa mga karapat-dapat na tatanggap sa buong proseso ng pagbuo, pagsusuri, at koordinasyon ng mga programa sa karera at teknikal na edukasyon at mga programa ng pag-aaral at landas ng karera. Ang mga lokal na karapat-dapat na tatanggap ay makikipagtulungan sa pagkumpleto ng kanilang Komprehensibong Pagtatasa ng mga Lokal na Pangangailangan (Comprehensive Local Needs Assessment) at Lokal na Aplikasyon. Magbibigay din ang ISBE at ICCB ng mga mapagkukunan at mga pagkakataong matuto upang higit na maisulong ang pakikipagtulungan.

Comprehensive Local Needs Assessment (CLNA): Ang lahat ng mga karapat-dapat na tatanggap ay magkukumpleto ng isang Comprehensive Local Needs Assessment sa pakikipagtulungan sa kanilang mga sekondaryo at postsecondary na ka-partner (hal. mga guro, faculty, mga tagagabay sa karera at akademikong tagapayo, mga punong-guro at iba pang mga pinuno ng paaralan, tagapangasiwa, at mga suportang kawani sa

espesyal na pagtuturo at mga paraprofessional). Makukumpleto ang CLNA tuwing ikalawang taon simula sa SFY2020. Bilang karagdagan, isasangguni sa mga sumusunod na stakeholder ang proseso ng pagtatasa:

1. Mga kinatawan ng lupon ng Estado o mga lokal na lupon sa pag-unlad ng mga manggagawa at mga lokal o panrehiyong industriya;
2. Mga magulang at mag-aaral;
3. Mga kinatawan ng mga espesyal na populasyon;
4. Mga kinatawan ng mga panrehiyong o lokal na ahensyang naglilingkod sa mga kabataang hindi nag-aaral, mga kabataang walang tirahan, at mga kabataang nalalagay sa panganib;
5. Mga kinatawan ng mga Tribong Indiyano at mga organisasyon sa Estado na pang-tribo, kung saan naaangkop; at
6. Mga tagapagkaloob ng Edukasyon ng May Sapat na Gulang. .

Lumilikha ang CLNA ng pagkakataon para sa mga sekundaryo at postsecondary na ka-partner na magtulungan upang matukoy kung paano mas mahusay na maglingkod sa kanilang mga komunidad. Ang komprehensibong pagtatasa ng mga lokal na pangangailangan (comprehensive local needs assessment) ay:

- Nagtitiyak na ang mga programa ng pag-aaral ay nakaayon at napatunayan ng mga pangangailangan ng lokal na manggagawa;
- Nagtitiyak na ang mga lokal na karapat-dapat na tatanggap ng Perkins ay nagsisilbi sa bawat mag-aaral nang pantay-pantay at tumutugon sa mga kakulangan ng pagkakapantay-pantay, lalo na para sa pag-recruit, pag-enrol, pagpapanatili, at pagkumpleto;
- Tumutulong sa mga karapat-dapat na tatanggap upang mas mahusay na idirekta ang mga mapagkukunan patungo sa mga programa ng pag-aaral na hahantong sa mataas na kasanayan, mataas na sahod at in-demand na trabaho;
- Lumilikha ng isang platform para sa pag-ugnay at pag-streamline ng umiiral na mga proseso ng pagsusuri at pagpapabuti ng programa upang makapagdala ng pokus sa mga estratehikong desisyon;
- Nagbibigay ng isang nakaayos na paraan upang regular na makasali ang mga pangunahing stakeholder sa kalidad at epekto ng mga lokal na programa ng CTE.

Lokal na Aplikasyon : Matapos ang pagkumpleto ng CLNA, ang mga karapat-dapat na lokal na tatanggap, kasama ang iba pang mga stakeholder at ka-partner, ay magkukumpleto ng isang 4 na Taong CTE Application. Habang ang mga sekundaryo at postsecondary na tatanggap ay magkukumpleto at magsusumite ng magkakahiwalay na mga aplikasyon para sa kaloob, hihilingin silang suportahan ang isa't isa, na magbabawas ng pagkopya at tutugon sa mga pangangailangan na tinukoy ng CLNA. Bilang karagdagan, ang mga lokal na aplikasyon, kahit na hindi magkapareho, ay kinabibilangan ng lahat ng mga kinakailangang elementong tinutukoy sa Seksyon 134 ng Batas. Dapat tugunan ng mga lokal na aplikasyon:

1. ang mga resulta ng komprehensibong pagtatasa ng pangangailangan;
2. ang impormasyon tungkol sa mga handog at mga aktibidad sa kurso ng CTE na susuportahan ng pagpopondo ng Perkins, kabilang ang hindi bababa sa 1 programa ng pag-aaral na naaprubahan ng isang Estado;
3. kung paano ibibigay ng karapat-dapat na tatanggap, sa pakikipagtulungan sa mga lokal na lupon ng pag-unlad ng manggagawa at iba pang mga lokal na ahensya ng manggagawa, one-stop na sistema ng paghahatid, at iba pang mga ka-partner, ang --
 - a. pagtuklas ng karera at coursework sa pag-unlad ng karera, mga aktibidad, o mga serbisyo;

- b. impormasyon sa karera ukol sa mga oportunidad sa pagtatrabaho na isinasama ang pinakabagong impormasyon tungkol sa mga sektor o trabaho na kailangan ang mataas na kasanayan, may mataas na sahod, o in-demand, batay sa komprehensibong pagtatasa ng pangangailangan; at
 - c. akademikong pagpapayo sa mga mag-aaral bago magpatala at habang nakikilahok sa isang programa ng CTE;
4. Kung paano mapapabuti ng karapat-dapat na tatanggap ang mga kasanayang pang-akademiko at teknikal ng mga mag-aaral na lumalahok sa mga programa ng CTE;
 5. Kung paano maglalaan ng mga aktibidad ang karapat-dapat na tatanggap upang ihanda ang mga espesyal na populasyon para sa mataas na kasanayan, mataas na sahod, o in-demand na mga sektor ng industriya o o trabaho na magdudulot sa kanilang kayang buhayin ang sarili;
 6. Ang mga oportunidad sa pag-aaral na nakabase sa trabaho na ibibigay ng karapat-dapat na tatanggap sa mga mag-aaral na lumalahok sa mga programa ng CTE at kung paano makikipagtulungan ang tumatanggap sa mga kinatawan mula sa mga tagapag-empleyo upang mapaunlad o mapalawak ang mga oportunidad sa pag-aaral na nakabase sa trabaho para sa mga mag-aaral ng karera at teknikal na pag-aaral, kung naaangkop;
 7. Kung paano mabibigyan ng karapat-dapat na tatanggap ang mga mag-aaral na lumalahok sa mga programa ng CTE ng pagkakataon na makakuha ng postsecondary credit habang pumapasok pa rin sa haiskul, tulad ng mga dual o magkakasabay na mga programa ng pagpapatala o maagang kolehiyo habang nasa haiskul, hangga't maaari;
 8. Kung paano makikipag-ugnay ang karapat-dapat na tatanggap sa karapat-dapat na ahensya at mga institusyon ng mataas na edukasyon upang suportahan ang pag-recruit, paghahanda, pagpapanatili, at pagsasanay, kabilang ang propesyonal na pag-aaral, ng mga guro, faculty, mga tagapangasiwa, at mga suportang kawani sa espesyal na pagtuturo at mga paraprofesional na nakakatugon sa naaangkop na sertipikasyon ng Estado at mga kinakailangan sa paglilisensya, kabilang ang mga indibidwal mula sa mga grupong hindi sapat ang kinatawan sa propesyon ng pagtuturo; at
 9. Kung paano gagamitin ng karapat-dapat na tatanggap ang magkakahiwalay na datos at tukuyin at tugunan ang mga pagkakaiba o kakulangan sa pagganap sa mga inaalok ng CTE at sa lahat ng mga programang CTE nito.

Pagsuporta sa Patuloy at Makabuluhang Pakikipagtulungan:

Susuportahan ng ISBE at ICCB ang mga sama-samang pagsisikap sa pagpapatuloy ng mga pulong ng Perkins V Core Team. Sama-sama, ang mga entidad ay lilikha ng mga mapagkukunan, mga tool, at mga lugar kung saan ang mga lokal na tatanggap ay maaaring mag-ugnayan at magsama upang lumikha ng mga tuluy-tuloy na paglipat sa pagitan ng dalawang sistema. Ang pagtutulungang ito ay sumusuporta sa mga pagsisikap kasama ang iba pang mga ka-partner upang lumikha ng mga landas ng karera, kabilang ang maraming mga entry at exit point. Ang isang halimbawa ng ganitong uri ng oportunidad ay kinabibilangan ng Transitions Academy, kung saan ang mga postsecondary na tagapangasiwa ng CTE at faculty at mga tagapangasiwa at faculty ng Edukasyon para sa May Sapat na Gulang ay natututo tungkol sa kung paano bumuo, magpatupad, at suriin ang mga pinagsamang edukasyon at pagsasanay na mga programa.

c.iii. Paano gagamitin ng karapat-dapat na ahensya ang datos ng merkado ng paggawa ng Estado, rehiyon, o lokal upang matukoy ang pagkakahayan ng mga programa ng pag-aaral ng mga karapat-dapat na tatanggap sa mga pangangailangang pang-ekonomiya ng Estado, rehiyon, o lokal, kabilang ang

mga in-demand na sektor ng industriya at trabaho na tinukoy ng lupon ng Estado, at upang ihanay ang karera at teknikal na edukasyon sa mga ganitong pangangailangan, kung naaangkop?

Gagamitin ng ISBE at ICCB ang impormasyon sa merkado ng paggawa na nakolekta at ibinigay ng Illinois Department of Employment Security (IDES) upang maunawaan ang mga projection at takbo ng mga hanay ng manggagawa ng buong estado at rehiyon. Bilang karagdagan, magagamit ng ISBE at ICCB ang State WIOA Unified Plan, kasabay ng mga panrehiyong at lokal na plano ng WIOA para matiyak na ang mga lokal na programa ng CTE ay nakahanay sa mga pangangailangan ng merkado ng paggawa, kung naaangkop. Ang Postsecondary CTE ay isang kinakailangang ka-partner ng WIOA; kaya, ang mga lokal na na tatanggap ng postsecondary CTE ay aktibong nakikibahagi sa mga panrehiyong at lokal na proseso ng pagpapalano ng WIOA. Sa maraming mga aspeto, ang mga sekundaryong tatanggap ng Perkins ay aktibong nakikipagtulungan sa mga lokal na lupon ng manggagawa at maaaring maging bahagi ng lokal na pagpapalano ng WIOA. Panghuli, ang ISBE at ICCB ay makikipagtulungan sa Workforce Innovation Board ng Estado upang matukoy ang iba o umuusbong na in-demand na mga sektor o trabaho.

Partikular, ang Executive Order 3 ni Gobernador Pritzker ng Illinois na nanawagan sa Department of Commerce and Economic Opportunity na suriin ang kasalukuyan at potensyal na industriyang naka-target sa paglago ng ekonomiya at magmungkahi kung paano maaaring mapabuti ang mga mapagkukunan ng mga manggagawa para sa mga populasyong tinanggalan ng karapatang bumoto sa mga komunidad sa buong Illinois. Bilang tugon, ang DCEO at ang tatlo pang mga ahensya ng estado na responsable sa pagpapatupad ng federal Workforce Innovation at Opportunity Act (Illinois Department of Employment Security, Department of Human Services at ang Illinois Community College Board) at mga kinatawan ng Illinois Workforce Innovation Board ay tumukoy ng mga kasanayan at modelong nakabatay sa ebidensya pati rin ng mga makabagong-likha sa Illinois at iba pang mga estado na inaaasahang makakamit ng ating mga layunin sa manggagawa at paglikha ng trabaho at pagsisilbi sa mga populasyong walang karapatang bumoto. Bilang bahagi ng *Action Agenda for Workforce Development and Job Creation* (ang tugon sa EO3), magpo-pokus ang ISBE at ICCB sa pagpapalawak ng dual credit at pinagsamang edukasyon at pagsasanay, lalo na ang mga handog na ito ay nakahanay sa mga pangangailangan ng merkado ng paggawa bilang mga estratehiya upang makamit ang mga layunin na inilatag sa Action Agenda.

Habang ang ISBE at ICCB ay gagawa ng isang paunang pagtatasa kung saan ang lokal na programming ay tumutugon sa mga pangangailangan ng mga manggagawa sa pamamagitan ng pagsusuri ng apat na taong lokal na mga aplikasyon at pagsumite ng mga programa ng pag-aaral para aprubahan, ang iba pang mga proseso ng pagsusuri ay handa na upang matiyak na ang pagkakahayan ng merkado ng paggawa ay napapanatili, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa: ang CLNA at ang proseso ng Pagsusuri ng ICCB na Programa.

iv. Paano masisiguro ng karapat-dapat na ahensya ang pantay na pag-access sa mga naaprubahang programa ng pag-aaral at mga aktibidad sa karera at teknikal na edukasyon na suportado sa ilalim ng Batas na ito para sa mga espesyal na populasyon?

Pagsusulong ng Pantay na Pag-access sa pamamagitan ng Propesyonal na Pag-aaral

Ang mga lokal na tatanggap ay kailangang tumugon, sa proseso ng pag-apruba ng kanilang Lokal na Aplikasyon at Programa ng Pag-aaral, kung paano masisiguro ng kanilang naaprubahang mga programa ng

pag-aaral at aktibidad ng CTE sa ilalim ng Batas na ito ang pantay na pag-access para sa mga espesyal na populasyon ng mga mag-aaral. Ang mga aktibidad na inilarawan sa kanilang lokal na aplikasyon ay maiimpluwensyahan ng mga resulta ng Komprehensibong Pagtatasa ng mga Lokal na Pangangailangan. Ang mga oportunidad sa propesyonal na pag-aaral ay ibibigay sa mga lokal na tatanggap batay sa isang pagsusuri sa buong estado ng pagganap ng mga espesyal na populasyon at pagbibigay-alam ng mga kakulangang natukoy sa Komprehensibong Pagtatasa ng mga Lokal na Pangangailangan upang mabawasan ang mga hadlang at mapalawak ang pag-access para sa mga espesyal na populasyon.

Isusulong ng ISBE at ICCB ang pantay na pag-access sa naaprubahang mga programa ng pag-aaral at mga aktibidad ng CTE para sa mga espesyal na populasyon ng mga mag-aaral. Ang lahat ng mga aktibidad ay maiimpluwensyahan ng mga estratehiyang batay sa ebidensya. Pakikinabangan nang husto ng ISBE at ICCB ang mga mapagkukunan mula sa National Alliance for Partnerships in Equity (NAPE), Association of Career and Technical Education, Advance CTE, at Center for Law and Social Policy, bukod sa iba pa. Ang ISBE at ICCB ay makikipagkontrata at kukunsulta sa mga grupong ito kung kinakailangan upang magbigay ng tuluy-tuloy na propesyonal na pag-aaral at tulong teknikal sa mga lokal na tatanggap. Bilang karagdagan sa mga pananaliksik at estratehiyang tinukoy ng mga pambansang non-profit na grupo, ang ISBE at ICCB ay makikipagkontrata sa iba't ibang unibersidad ng estado upang magsagawa ng pananaliksik sa mga estratehiya na matitiyak ang pantay na pag-access sa mga naaprubahang programa ng CTE. Ang mga kontratista sa unibersidad ay magbibigay ng propesyonal na pag-aaral at tulong teknikal sa mga lokal na programa.

Habang maghahatid ang ISBE at ICCB ng naka-target na propesyonal na pag-aaral at tulong teknikal, makikipagtulungan sila sa iba pang mga ka-partner upang bumuo ng mga tool at mapagkukunan para matulungan ang lahat ng mga lokal na tatanggap na makamit ang pantay na pag-access at mga resulta para sa mga espesyal na populasyon. Ang mga halimbawa ng nasabing mapagkukunan ay kinabibilangan ng:

- Rubric para sa Kalidad ng Programa: Malinaw na sinasabi ng Rubric para sa Kalidad ng Programa ng ISBE ang pagpapalawak ng pag-access para sa mga espesyal na populasyon.
- Ang Special Population Recruitment and Support Strategies Briefs (ay maa-update kasama ng kasalukuyang pananaliksik at mga bagong espesyal na populasyon na tinukoy ng Perkins V).
- Mga mapagkukunan na Karapatang Sibil na partikular sa pag-access: Ang ISBE at ICCB ay nagbibigay ng magkatugma ngunit natatanging mga mapagkukunan at propesyonal na pag-unlad upang mapaunlakan ang bawat audience. Upang matiyak ang koordinasyon, makikipagkontrata ang parehong ahensya sa ICSPS upang suportahan ang onsite na proseso ng pagsusuri sa karapatang sibil, bumuo at mapanatili ang mga website, at maglaan ng propesyonal na pag-unlad.
 - Pinananatili ng ICCB ang ilcivilrightsreview.com bilang isang online tool na idinisenyo upang magbigay ng impormasyon, mga direktang link sa batas, at mga kapaki-pakinabang na mapagkukunan na may kaugnayan sa mga karapatang sibil. Bilang karagdagan, ang ICCB ay nagbibigay ng propesyonal na pag-unlad at tulong teknikal sa mga kolehiyo sa buong estado tungkol sa kahalagahan ng proseso ng pagsusuri sa karapatang sibil.
 - Pinananatili ng ISBE ang ilequity.com, na nagbibigay ng mga tool at mapagkukunan para sa mga distrito ng paaralan upang makatulong sa pagsunod sa mga federal na batas sa karapatang sibil, na nagtataguyod ng pantay na mga kapaligiran sa pag-aaral, at pag-unawa sa pag-access. Bilang karagdagan, ipinapakita ng ISBE ang impormasyong ito sa mga

kaugnay na kumperensya at pagpupulong upang matiyak na nauunawaan ang mensahe ng pagsunod sa karapatang sibil.

- Nagbibigay ang parehong ahensya ng tulong teknikal para sa mga LEA na nakikibahagi sa proseso pati na rin ang pagtatasa sa sarili para sa mga institusyon na naghahanap ng kamalayan.
- Mga mapagkukunan upang matulungan ang mga lokal na tatanggap na palakasin ang mga punto ng paglipat para sa mga indibidwal na may kapansanan sa postsecondary na edukasyon at trabaho.

Titiyakin ng ISBE at ICCB ang pantay na access sa pamamagitan ng mga patakaran sa pagsubaybay at mga tulong teknika.

Mga Estratehiya sa Pantay na Pagpopondo

Sa SFY2018, ang Illinois Public Act 100-0465 o ang Evidence-Based Funding (EBF) para sa Student Success Act ay nilagdaan upang maging batas. Ang batas na ito ay komprehensibong binago ang paraan kung paano natatanggap ng mga distrito ng paaralan ang karamihan ng kanilang mga pondo ng estado. Nagpapadala ang EBF ng mas maraming mga mapagkukunan sa mga distrito ng Illinois na pinaka-kapos sa mapagkukunan. Nagpapakita ang EBF ng isang bagong pag-iisip para sa pag-unawa ng ugnayan sa pagitan ng katarungan, kasapatan, at mga kinahihinatnan ng mag-aaral sa pamamagitan ng pagkonekta ng mga katangian ng mag-aaral at paaralan sa mga pangangailangan sa pagpopondo. Ang pagdaragdag ng pondong nakalaan sa mga distritong pinakamalayo sa kasapatang pinansiyal sa pamamagitan ng pagpapatupad ng EBF ang pinakamakatiyay sa pinalawak na pag-access sa mga aktibidad ng CTE sa pamamagitan ng kakayahang magbigay ng mga kaluwagan, espesyal na programming, pagpapahusay ng kurikulum, at iba pang mga suporta upang magbigay-daan sa pantay na pag-access sa mga aktibidad ng CTE. Kinokonsidera ng EBF ang mga sukatan na nauugnay sa mga espesyal na populasyon upang matukoy ang pinansiyal na pangangailangan ng isang distrito sa mga oportunidad sa pagpopondo na inilalaan para sa CTE .

c.v. Paano makikipag-ugnay ang karapat-dapat na ahensya sa Lupon ng Manggagawa ng Estado upang suportahan ang lokal na pag-unlad ng mga landas ng karera at maipahayag ang mga proseso kung saan ang mga landas ng karera ay bubuuin ng mga lokal na lupon sa pag-unlad ng manggagawa, kung naaangkop?

Ang mga kinatawan ng ISBE at ICCB ay mga aktibong miyembro sa Illinois Workforce Innovation Board (IWIB). Ang pagsasamang ito ay nagbibigay-daan para sa estratehikong pagkakahayan sa mga inisyatibo ng IWIB na nakatuon sa negosyo. Ang koordinasyon ay magpapatuloy sa mga sumusunod na paraan:

1. Ang mga grupo sa pagpapalano ng Perkins V at WIOA ay sadyang nagtrabaho upang ihanay ang mga layunin, estratehiya, at aktibidad sa mga kawaning nagsisilbi sa parehong hanay ng grupo.
2. Ang IWIB ay maaaring tumukoy ng mga prayoridad (nangunguna o umuusbong) na sektor o iba pang hindi natutugunang pangangailangan sa trabaho. Ang mga pagkakakilanlang ito ay maaaring magbigay-alam sa ISBE at ICCB para makonsidera sa naka-target na pagpopondo.
3. Ang ISBE at ICCB ay makikipag-ugnay sa IWIB hinggil sa patnubay para sa mga lokal na tatanggap habang inaayon nila ang mga plano ng Perkins at WIOA.
4. Makikipagtulungan ang ISBE at ICCB sa IWIB ukol sa pagtatatag ng anumang magkasanib na mga pagkakataon sa mapagkumpitensyang kaloob para sa mga lokal na tatanggap upang

makamit ang aming panlahatang mga layunin o prayoridad (hal. pag-aaral na nakabase sa trabaho, dual credit, atbp.)

b. vi. Paano susuportahan ng karapat-dapat na ahensya ang epektibo at makabuluhang pakikipagtulungan sa pagitan ng mga sekondaryang paaralan, postsecondary na institusyon at mga tagapag-employo upang magbigay ng karanasan sa mga mag-aaral sa, at pag-unawa sa, lahat ng aspeto ng isang industriya, na maaaring kabilang dito ang pag-aaral na nakabase sa trabaho tulad ng mga internship, mentorship, simulated na kapaligiran sa trabaho, at iba pang mga aktuwal (hands-on) o batay sa pagtatanong (inquiry-based) na aktibidad sa pag-aaral?

Komprehensibong Pagtatasa ng Mga Lokal na Pangangailangan (Comprehensive Local Needs Assessment)

Ang pagtutulongan ng mga sekondaryong paaralan, postsecondary na institusyon, at taga-employo ay mahalaga sa pagbibigay ng mga oportunidad para sa mga mag-aaral upang makakuha ng karanasan sa, at pag-unawa sa, lahat ng aspeto ng isang industriya na nakaayon sa mga layunin sa karera. Ang pundasyon na gagamitin ng ISBE at ICCB upang suportahan ang mga LEA sa pagtatatag o pagpapalalim ng mga pagtutulongang ito ay ang Comprehensive Local Needs Assessment (CLNA). Ang istraktura ng CLNA ay nagbibigay ng isang balangkas upang makatulong sa paggabay para sa epektibo at makabuluhang pagtutulongan ng mga sekondaryang paaralan, postsecondary na institusyon, at tagapag-employo. Inaasahan ng balangkas na ito ang mga LEA, EFE, at kolehiyo ng komunidad na magkaroon ng mga ginagabayang talakayan kasama ng mga lokal na tagapag-employo, tagapagkaloob ng Edukasyon para sa May Sapat na Gulang, miyembro ng mga espesyal na populasyon, bukod sa iba pang kinakailangang mga stakeholder, upang makumpleto ang isang masusing pagsusuri sa kanilang mga pangangailangan sa lokal na edukasyon at sa hanay ng manggagawa.

Pag-uugnay ng Pagpopondo upang Suportahan ang Lokal na Pagtutulongan

Ang ISBE at ICCB ay may malakas na samahan sa mga programang pang-edukasyon at manggagawa na isinasagawa ng ibang mga ahensya ng estado. Ang pagpopondo ng Postsecondary Perkins at pagpopondo ng Edukasyon para sa May Sapat na Gulang at Kakayahang Magbasa/Magsulat ng Pamilya (WIOA Title II) ay patuloy na sumusuporta sa lokal na pagtutulongan ng mga tagapagkaloob ng postsecondary CTE at edukasyon ng may sapat na gulang upang mabuo, maipatupad, at palawakin ang mga programa sa Pinagsamang Edukasyon at Pagsasanay (Integrated Education ang Training). Ang mga programang nabuo sa mga pakikipagtulungan sa mga tagapag-employo ang pinakamahalaga. Bilang karagdagan, ang ISBE at ICCB ay naghahanap ng isa pang pagkakataon sa mapagkumpitensyang kaloob sa Department of Commerce and Economic Opportunity (tagapangasiwa para sa WIOA Title I) upang suportahan ang pagtutulongan ng sekondaryong CTE, postsecondary CTE, at mga lokal na lupon ng manggagawa, kabilang ang negosyo at industriya, upang bumuo at magpatupad ng pagtuklas ng karera, mga oportunidad sa pag-aaral na nakabase sa trabaho, mga dual credit na oportunidad na nakahanay sa mga trabahong in-demand, kailangan ang mataas na kasanayan, may mataas na sahod, at mentorship. Ang inisyatibong ito ay magbibigay-daan sa mga lokal na samahan upang pumili mula sa isang menu ng mga pagpipilian na naaayon sa mga pangangailangan ng kanilang mga lokal na komunidad.

Tulong Teknikal sa pamamagitan ng Pag-unlad ng Lokal na Mapagkukunan

Ang ISBE at ICCB ay patuloy na bubuo ng mga mapagkukunan na gagamiting pang-lokal para suportahan ang makabuluhang pakikipagtulungan upang ang mga mag-aaral ay mabigyan ng karanasan sa, at pag-unawa sa, lahat ng aspeto ng isang industriya. Kabilang sa mga dokumentong nagawa sa ngayon sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng ISBE, ICCB, at mga kaugnay na grupo ng tagapag-empleyo na stakeholder para sumoporta at gumabay sa pakikipagtulungan ng sekundaryong edukasyon, mga postsecondary na institusyon, at mga tagapag-empleyo:

- **Guidebook ng Komite na Pagkokonsultahan :** Inilahad ng ISBE at ICCB ang inaasahan na ang isang komite na pagkokonsultahan, na kinabibilangan ng mga lokal na tagapag-empleyo at iba pang nauugnay na mga stakeholder, kabilang ang mga organisasyong nakabase sa komunidad at mga mag-aaral, ay nagbibigay-alam sa lahat ng mga programa ng pag-aaral ng CTE. Ang guidebook na ito ay binuo ng Illinois Center para sa Dalubhasang Propesyonal na Suporta sa pakikipagtulungan ng ICCB upang magbigay ng gabay sa mga programa ng CTE habang nagtatrabaho sila upang mapabuti ang kanilang mga komite na pagkokonsultahan.
- **Diksiyaryo ng Landas ng Karera :** Ang mga landas ng karera sa Illinois ay pinangangasiwaan ng iba't ibang pribado, estado, at lokal na mga entidad; at sa gayon, ang ilang mga komite ng pang-estadong edukasyon at mga manggagawa, kasama ang isang malawak na saklaw ng mga stakeholder, ay bumuo ng mga napagkasunduang mga kahulugan upang matiyak ang pagkakanayan sa mga ahensya, legal na mga balangkas, at mga inisyatibo. Ang dokumentong ito ay binubuo ng apat na pangunahing bahagi: 1) Panimula, na nagbibigay ng isang detalyadong background ng hangarin sa likod ng gawaing ito pati na rin ang mga proseso ng pananaliksik at pagpapahusay na nagbunga ng mga kalakip na kahulugan; 2) Kahulugan ng Estado ng Illinois para sa Mga Landas ng Karera; 3) Mga kahulugan ng Estado ng Illinois para sa mga elemento sa loob ng isang programa o sistema ng landas ng karera; at 4) Mga appendix na naglalaman ng mga kaugnay na balangkas ng patakaran at kahulugan.
- **Toolkit ng Karanasan sa Pag-unlad ng Karera (isinasaagawa):** Ang layunin ng CDE Toolkit ay upang: 1) Itaguyod ang mga inaasahan para sa pagpapatupad ng mataas na kalidad, matinding karanasan sa pag-aaral na nakabase sa trabaho na naghahanda sa mga kabataan para maging maagap sa kolehiyo at karera sa pamamagitan ng pagbuo ng mga Mahahalaga, Entrepreneurial at Teknikal na Kasanayan Para Magkatrabaho ; 2) Magbigay ng gabay, mga tool, at mga balangkas na magkakaloob ng isang Karanasan sa Pag-unlad ng Karera, na isang kinakailangang bahagi ng balangkas ng College and Career Pathway Endorsement at sa State's Every Student Succeeds Act (ESSA) bilang isang Tagapagpahiwatig ng Pagiging Handa Para sa Kolehiyo at Karera; at 3) I-highlight ang mga halimbawa ng pinakamahusay na kasanayan kung paano naisasakatuparan ito ng mga organisasyon sa aktwal na lugar (on-the-ground) at nakakapaghikayat na mag-iisip para sa iba pang mga komunidad sa kung paano maaaring baguhin ang mga halimbawang ito upang umayon sa kanilang sariling natatanging konteksto
- **Mga Mapagkukunan ng Tagapayo:** Ang webpage ng Tagapayo sa Paaralan ng ISBE ay kinabibilangan ng pagtuon sa pag-aaral na nakaugnay sa karera sa lahat ng antas ng grado at nagbibigay ng mga mapagkukunan para sa pagtuklas ng karera, dual o magkakasabay na mga programa ng pagpapatala, at pag-aaral na nakabase sa trabaho. Ang webpage na ito ay nakatuon sa pagbibigay ng mga mapagkukunan partikular para sa mga kinatawan ng sekundaryo at postsecondary, kabilang ang mga link sa mga patakaran ng estado tulad ng mga kinakailangan sa pagtatapos, at mga pamamaraan ng tagapagpahiwatig ng pagiging handa sa kolehiyo at karera, mga patakaran sa dual credit, mga pag-eendorso sa landas, pag-aaral na nakabase sa trabaho at mga apprenticeship.

- ***Programs of Study Expectations Tool*** : Ang Illinois Programs of Study Expectations Tool ay idinisenyo upang maging isang interactive na instrumento upang matulungan ang mga ka-partner sa edukasyon na matiyak na natutugunan nila ang parehong mga kinakailangan ng pederal na Programa ng Pag-aaral at ang mataas na pamantayan na itinakda sa Illinois. Ito ay nilalayong gabayan ang isang Partnership Team - o isang panloob na team ng pagsusuri sa sarili - sa pamamagitan ng iba't ibang mga Inaasahan at mga tagapagpahiwatig ng kalidad. Parehong tapat ang ISBE at ICCB sa paghahanay ng mga iniaalok na kurikulum.

Mga Dapat Isaalang-alang:

- Maari bang maidagdag ang survey na ito sa 5Essentials na survey na may datos na idinagdag sa ISBE School Report Card?
- Anong mga bagay ang dapat isama sa survey na ito?
- Kung hindi ito idinagdag sa 5Essentials, paano dapat pangasiwaan ang survey na ito?

Propesyonal na Pag-aaral at Pinadaling Mga Networking na Oportunidad

- ***Connections Conference***: Ang ISBE dahil sa pinag-ibayong pakikipagtulungan sa ICCB, ay nag-iisponsor ng taunang kumperensya sa buong estado na nakatuon sa practitioner na may layuning hikayatin ang mga guro at paraprofessional na magbahagi ng mga epektibong kasanayang batay sa ebidensya upang mapabuti ang pagtuturo sa silid-aralan ng CTE. Ang mga aktibidad sa kumperensya ay nagbibigay ng mataas na kalidad, mga oportunidad sa propesyonal na pag-aaral na batay sa pananaliksik, na angkop sa sekundaryong karera at pang-teknikal na edukasyon na mga guro, tagapangasiwa, at tagapayo, pati na rin postsecondary faculty. Bilang karagdagan, ang kumperensya ay kinabibilangan ng ilang mga guro sa ika-5-8 baitang sa pamamagitan ng pagtuklas na nauugnay sa karera. Ang mga sesyon at pagtatanghal sa kumperensya ay sumusuporta sa layunin at hangarin ng Perkins V at nagbibigay karunungan na nagpapalawak at nakakadagdag ng kaalaman, nilalaman, at kasanayan upang mapahusay ang mga landas ng sekondaryo at postsecondary na karera at teknikal na edukasyon, pati na rin ang mga layunin at hangarin ng Illinois Every Student Succeeds (ESSA) Plan, Perkins V, at Illinois Workforce Innovation Opportunity Act.
- ***Forum for Excellence***: Ang Forum for Excellence ay ang pangunahing kaganapan ng Illinois sa propesyonal na pag-aaral ukol sa Career and Technical Education (CTE) at Adult Education (AE) na sinusupportahan ng Illinois Community College Board at pinangangasiwaan ng Illinois Center for Specialised Professional Support (ICSPS), Southern Illinois Professional Development Center (SIPDC), at Central Illinois Adult Education Service Center (CIAESC). Ang Forum ay dinisenyo upang i-highlight ang mga inisyatibong pang-edukasyon at epektibong mga kinagawian na nakakaapekto sa pagpapatupad at pagpapalawak ng landas ng karera. Ang mga sesyon ay pinili ng ICCB at nagsisilbi bilang paglunsad sa taon ng propesyonal na pag-unlad na inihatid sa pamamagitan ng Professional Development Network. Sinusuportahan ng taunang kumperensya ang mga postsecondary at sekundaryong tagapangasiwa na kabilang ngunit hindi limitado sa: Mga Direktor ng EFE System, Superintendente, Punong-guro, sekondaryo at postsecondary na Perkins Direktor/Coordinator, Tagapangasiwa/Coordinator ng Adult Education, Dean, Punong Opisyal Pang-akademiko, tagapagturo ng ABE/ASE/ESL, at ka-partner na manggagawa. Ang kumperensya ay nagsisikap na maitaguyod ang pundasyon ng pagtutulungan, pinapakita ang mga lokal, panrehiyon at pambansang modelo na nakakaapekto at

nagpapahusay ng mga oportunidad para sa lahat ng mag-aaral upang magkaroon ng pantay na pag-access sa de-kalidad na mga programa ng CTE.

- ***Illinois Career and Technical Education Innovative Curriculum Resources Project (ICRP):*** Ginagamit ng ISBE ang mga pondo ng pamumuno ng estado upang magbigay ng mga mapagkukunan ng kurikulum at suporta para sa mga guro ng CTE sa pamamagitan ng pagpapatuloy ng Illinois CTE Innovative Curriculum Resources Projecto (ICRP) upang mapadali at maugma ang mga mapagkukunan para sa karera at teknikal sa mga guro at programa ng secondary CTE. Bilang karagdagan, ang mga mapagkukunan ay bubuuin para sa mga tagapayo ng karera at paggabay upang tulungan ang mga mag-aaral sa pagtutuklas at paghahanda para sa karera, pati na rin ang pagbuo ng mga plano sa karera para sa mga mag-aaral ng CTE. Sinusuportahan ng mga layunin ng programa ng ICRP ang: a.) koordinasyon sa buong estado ng mga programa ng CTE at mga inisyatibo sa kamalayan at pag-unlad ng karera b.) pagkakaloob sa buong estado ng mga bagong materyales sa kurikulum para sa mga programa ng CTE kabilang ang paghahanay sa Mga Pamantayan sa Pag-aaral ng Illinois (Illinois Learning Standards), pagsasama ng wikang Ingles, matematika, at agham (The Next Generation Science Standards), at c.) pagpapanatili ng website ng Illinois CTE para sa mga tagapagturo ng Illinois CTE.
- ***Samahan ng Illinois para sa Karera at Teknikal na Edukasyon (Illinois Association for Career and Technical Education):*** Sa pamamagitan ng mga pondo na kaloob para sa pamunuan ng estado, sinusuportahan ng ISBE ang mga pagsisikap ng Illinois Association for Career and Technical Education (IACTE). Nagbibigay ang IACTE ng pinag-isang, may pananaw na pamunuan upang isulong at itaguyod ang lahat ng aspeto ng karera at teknikal na edukasyon. Nagbibigay ang IACTE ng isang taunang kumperensiya sa CTE, na magkasamang pinaplano ng mga kaakibat ng IACTE. Ang Leadership Training ay taunang ibinibigay sa IACTE Board at Mga Kaakibat ng IACTE. Ang propesyonal na pag-aaral ay nakakatulong sa lahat ng mga guro ng CTE habang hinahanda nila ang kanilang mga mag-aaral sa kasalukuyang makabago, matindi at may-katuturang karera sa napakalawak na hanay ng mga karerang mataas ang sahod, kailangan ang mataas na kasanayan, may malaking pangangailangan. Bukod dito, ang IACTE ay nagho-host ng isang taunang Bago at Halos Bagong CTE Teacher Workshop.
- ***Illinois Transitions Academy:*** Ang Transitions Academy ay idinisenyo upang tulungan ang mga team ng programa na nagtatrabaho tungo sa pagbuo ng mga programa ng Bridge at ICAPS (Integrated Career and Academic Preparation System)/IET (Integrated Education and Training) sa pamamagitan ng pagdaragdag ng kamalayan sa pagpapalawak ng samahan sa pagitan ng Adult Education at Career and Technical Education habang nauugnay ito sa mga modelo ng ICAPS/IET, mga programa ng Illinois Bridge/Pre-IET, at Mga Programa ng Pag-aaral sa Illinois (Illinois Programs of Study). Ang Transitions Academy ay nagbibigay ng tulong teknikal, online at propesyonal na pag-unlad sa personal at pagbuo ng produkto upang suportahan ang mga programa habang nagtatrabaho sila upang buuin, i-ayon sa laki at paghusayin ang kanilang mga ICAPS/ IET na programa. Ang Illinois Transitions Academy ay pinaghahandaan sa pamamagitan ng pakikipagtulungan sa pagitan ng Southern Illinois Professional Development Center (SIPDC) at Illinois Center for Specialized Professional Support (ICSPPS) at suportado ng Illinois Community College Board.
- ***CTE Professional Development Network:*** Ang Professional Development Network ay nagsisilbing plataporma para sa panrehiyong pakikipagtulungan ng mga tagapangasiwa ng kolehiyong pang-komunindad ng CTE, mga coordinator, at faculty, mga direktor ng EFE system at lahat ng Perkins Professional. Ang hangarin ay para tiyakin na ang karera at mga teknikal na programa ng kolehiyong pang-komunindad ay patuloy na epektibong nakatuon sa mga

kahihinatnan ng mga mag-aaral, magpapalakas ng mga koneksyon sa pagitan ng sekundaryo at postsecondary na edukasyon, at magpapahusay ng pananagutan ng programa (program accountability).

Kabilang sa mga espesipikong kaganapan sa propesyonal na pag-aaral sa buong estado, ang ICCB at ISBE ay parehong nakikipagkontrata sa ICSPS upang magbigay ng praktikal, batay sa katibayan na propesyonal na pag-aaral para sa Perkins Professional kabilang ang mga tagapangasiwa, guro, faculty, tagapayo, pang-akademikong tagapayo at tauhang nagtuturo ng tungkol sa karera at teknikal na edukasyon. Ang mga kaganapan na kakatuon para sa Espesyal na Populasyon ay kinabibilangan ng CTE Counseling Academy, Postsecondary Special Populations Academy, Nontraditional Occupations Summit, mga panrehiyong workshop, at lokal na naka-target na propesyonal na pag-aaral. Ang propesyonal na pag-aaral ay nakatuon sa mga espesipikong paksa kabilang ngunit hindi limitado sa unibersal na disenyo, mga programa ng pag-unlad sa pag-aaral, pagtugon sa pagkiling sa silid-aralan, ang Balangkas ng Mahahalagang Kakayahan na Magagamit sa Paghanap ng Trabaho (Appendix O), pagkilala at pagsuporta sa mga mag-aaral na may Autism Spectrum Disorder (ASD) sa silid-aralan ng CTE, at iba pang mga paksa na may kaugnayan sa pagkakapantay-pantay sa CTE. Bukod dito, bilang bahagi ng CTE Professional Development Network, inaanyayahan ang mga propesyonal sa Perkins na lumahok sa iba't ibang mga webinar sa mga paksang tinukoy ng pamumuno ng estado at sa pamamagitan ng mga pagsusuri upang matiyak ang epektibong pag-aaral ng propesyonal na tagapagturo. Inaatasan rin ng ICCB ang ICSPS na pamunuan ang buwanang CTE Learning Community sa pagbibigay ng isang plataporma para sa networking sa pamamagitan ng lokal na epektibong kasanayan at mga estratehiya ng pakikibahagi sa pagpapatupad. Bilang karagdagan, sinusupportahan ng ICCB ang pananaliksik na nakabatay sa ebidensya sa pamamagitan ng kontrata nito sa OCCRL upang matulungan ang mga kolehiyo sa pagpapatupad ng isang patuloy na pinapahusay na modelo na nagpapabuti ng mga pakikipagtulungan, programa, at pag-access para sa mga mag-aaral.

c.vii. Paano mapapabuti ng karapat-dapat na ahensya ang mga resulta at mababawasan ang mga kakulangan sa pagganap para sa mga concentrator ng CTE, kabilang ang mga miyembro ng mga espesyal na populasyon? (Seksyon 122(d)(4)(C) ng Perkins V)

Ang mga lokal na tatanggap ay kinakailangang magsumite ng isang Plano sa Pagpapahusay ng Pagganap (Performance Improvement Plan) para sa lahat ng mga piskal na taon kung kailan ang kanilang pagganap ay hindi hihigit sa mga naayos ng estado na target sa pagganap . Dapat tukuyin ng mga plano na ito ang mga pagkakaiba-iba batay sa hinimay na datos at ilarawan ang mga estratehiya o aktibidad na batay sa ebidensya upang matugunan ang mga natukoy na pagkakaiba-iba.

Upang matulungan ang mga lokal na tatanggap sa pagpapabuti ng resulta at pagbabawas ng mga kakulangan sa pagganap, kabilang ang para sa mga miyembro ng mga espesyal na populasyon, ang ICCB at ISBE ay magbibigay ng propesyonal na pag-aaral at naka-target na tulong teknikal. Ang mga estratehiya sa propesyonal na pag-aaral at naka-target na tulong teknikal ay inilarawan sa Seksyon iv sa itaas.

d. Paano isinasama ng karapat-dapat na ahensya ang oportunidad para sa mga estudyante sa sekyundaryang paaralan na lumahok sa mga dual o sabay na pag-enrol sa programa, maagang kolehiyo habang nasa haiskul, o edukasyong nakabatay sa kakayahan? (Seksyon 122 (d) (4) (D) ng Perkins V)

Isinasabatas ng Dual Credit Quality Act ang dual credit sa Illinois. Bilang susog, simula Enero 1, 2019, ang Batas ay nagtatakda para sa paglikha ng pormal na kasunduan sa pakikipagtulungan sa pagitan ng mga pampublikong sekundaryong paaralan at mga kolehiyong pangkomunidad. Ang mga kasunduan sa

pakikipagtulungan ay nagbibigay ng mga espesipikong detalye ng paghahatid ng dual credit na kurso sa pagitan ng mga sistema kabilang ang mga responsibilidad ng haiskul at kolehiyong pangkomunidad, mga kinakailangang kwalipikasyon ng faculty, mga pamantayan sa pagtuturo, at mga gastos.

Ang sistema ng kolehiyong pangkomunidad, na pinag-ugnay ng ICCB, ay ang pinakamalaking tagapagkaloob ng dual credit sa Illinois. Sa akademikong taon ng 2017-18, mahigit na 117,000 na sekundaryong mag-aaral ang nag-enrol sa dual credit ng kolehiyong pangkomunidad sa lahat ng 48 na kolehiyong pangkomunidad. Partikular, sa CTE, mayroong 44,622 na pagpapatala sa dual credit na kurso sa 4,350 na CTE dual credit na kurso. Ang pinakapopular na kurso ng CTE ay ang paghihinang, ngunit may iba't ibang mga kurso mula sa certified nursing assistant (CNA) hanggang sa mga trabahong pangkonstruksiyon (construction trades).

Upang ipagpatuloy ang tagumpay ng sistema sa dual credit, ang ICCB at ISBE ay nagpaplanong palawakin ang dual credit gamit ang mga sumusunod na estratehiya:

- ***Isulong ang mga oportunidad sa pagtamo ng kredensyal na may mataas na kalidad:*** Ang patuloy na pagpapalawak ng mga stackable credential (mga panandaliang sertipiko na naka-embed sa mas matagal na sertipiko at degree) at ang pagsasama ng mga kredensyal na kinikilala ng industriya sa loob ng mga programa ng CTE ay napakahalaga sa epektibong, de-kalidad na CTE programming. Ang direktang pagtatali ng mga may-katurang dual credit na oportunidad sa mga panrehiyong cluster na may malaking epekto at nauugnay na mga in-demand na trabaho ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na matugunan ang kanilang mga layunin sa karera na may pinakamataas na antas ng paghahanda at pinakamaraming kredensyal upang mapatunayan ang paghahandang iyon, balakin man nilang direktang lumipat sa hanay ng manggagawa o magpatuloy sa kanilang edukasyon sa kolehiyong pang-komunidad o sa isang apat na taong institusyon.
- ***Isulong ang Katarungan ng Mataas na Edukasyon (Higher Education Equity) sa pamamagitan ng Dual Credit:*** Ang hindi makatarungang paglahok mula sa mga minoridad na lahi at maraming mga espesyal na populasyon, tulad ng tinukoy ng Perkins V, ay umiiral sa dual credit programming. Sa pamamagitan ng pinabuting pagsubaybay at pagsusuri ng datos ng mag-aaral, matutukoy at mabibigay ng ISBE at ICCB ang mga naka-target na tulong teknikal, mas epektibong alokasyon ng mapagkukunan, at pinahusay na tuluy-tuloy na mga pagsisikap sa pagpapabuti ng kalidad. Bukod dito, binibigyang-daan nito ang sistema upang mapalawak ang pag-access sa dual credit na kurso, tinitiyak ang isang magkakaiba at kumakatawang lupon ng mag-aaral at manggagawa para sa mga in-demand na trabahong may mataas na kasanayan, mataas na sahod. Nangangailangan din ito ng mas mahusay na komunikasyon para sa mga mag-aaral at kanilang mga pamilya na hindi sapat ang kinatawan hinggil sa mga pagpipilian sa dual credit, kabilang ang mga kursong inaalok, epekto sa trajectory ng karera ng isang mag-aaral, at ang mga kaugnay na oportunidad sa karera na nakaayon sa bawat programa. Sa pangkalahatan, ang estratehiyang ito mismo ang nagbibigay katiyakan na ang lahat ng mga mag-aaral ay may access sa dual credit, lalo na sa mga distritong mas maliit at may mababang kita.
- ***Palawakin ang pakikibahagi ng tagapag-empleyo at ang paggamit ng impormasyon sa labor market upang bigyang prayoridad ang mga inaalok na dual credit :*** Ang mga kolehiyong pang-komunidad ay naglilingkod para sa mga pangangailangan ng lokal na manggagawa sa kanilang pamayanan. Upang magawa ito, ang mga kolehiyong pang-komunidad ay direktang nakikipagtulungan sa mga tagapag-empleyo, gumagamit ng datos ng merkado ng paggawa upang mabuo at mapahusay ang programming, at umaasa sa mga program advisory committee na ang

nakararami ay binubuo ng mga tagapag-empleyo, upang gabayan ang pag-unlad at pagsusuri sa kurikulum. Ang mga samahan ng mga tagapag-empleyo ay kritikal upang matiyak na ang mga programa ay nakakatugon sa mga pangangailangan ng lokal na merkado ng paggawa at maibigay ang teknikal na kasanayan na kinakailangan upang maging matagumpay sa kasalukuyang umuusbong na hanay ng manggagawa. Sa pamamagitan ng pagpapahusay ng mga pagsisikap na ito, maaaring mas direktang ituon ng ahensya at ng sistema ang dual credit programming sa mga in-demand na industriya.

- ***Suriin at I-ayon sa Laki ang Epekto ng Dual Credit sa Tagumpay ng Mag-aaral:*** Sa dual credit, ngunit lalo na sa konteksto ng pagkakapantay-pantay, mahalagang maunawaan ang mga kadahilanang nagdudulot ng tagumpay sa mag-aaral sa mga dual credit na kurso. Sa pamamagitan ng pagtuon sa tagumpay ng mag-aaral, kapwa sa pamamagitan ng isang magkakahiwalay na lens (disaggregated lens) at in-demand na mga larangan ng karera, ang mga pagsasaayos sa kurso, suporta sa mag-aaral, at pangkalahatang pagpapahusay sa programa ay maaaring maipatupad. Ang ISBE at ICCB ay nagkokonekta ng na-de-identify na dual credit na datos ng mag-aaral sa pamamagitan ng pagsisikap ng Illinois Longitudinal Data System (ILDS) at magpapatuloy at palalawakin ang pagsisikap na ito upang masukat ang epekto ng dual credit sa pamamagitan ng mga resulta ng tagumpay ng mag-aaral tulad ng pagtitiyaga, pagpapanatili, at bilang ng mga nagtapos.
 - Ang ICCB at ISBE ay magkakaloob ng mga pagkakataon sa mapagkumpitensyang kaloob na ibibigay sa pamamagitan ng pagpopondo ng Perkins Leadership upang suportahan ang pag-unlad, pagpapahusay sa paghatid, at paghahayag ng mga lokal na dual credit program at upang mapalawak ang pag-access ng mag-aaral sa mataas na edukasyon habang pinapanatili ang mataas na pamantayang pang-akademiko.

e. Paano hihikayatin ng karapat-dapat na ahensya ang mga magulang, mga pang-akademiko at karera at teknikal na mga guro, tagapangasiwa, faculty, gabay sa karera at pang-akademikong tagapayo, lokal na negosyo (kabilang ang mga maliliit na negosyo), mga labor organization, at mga kinatawan ng mga Indian Tribe at Tribal organization, kung naaangkop, sa pagpapalano, pagbuo, pagpapatupad, at pagsusuri ng mga programa sa karera at teknikal na edukasyon nito? (Seksyon 122(d)(12) ng Perkins V)

Pagpapalano at Pagbuo ng Programa ng CTE

- Sa pagtatapos ng SFY 2020, nakapagbuo na dapat ang ISBE at ICCB ng hindi bababa sa apat na modelo ng programa ng pag-aaral na handang magamit ng mga distrito ng paaralan at mga kolehiyong pang-komunidad. Ang mga stakeholder, kabilang ang mga guro ng CTE, tagapangaswia, gabay sa karera at pang-akademikong tagapayo, kasama ang mga kinatawan ng negosyo at industriya, ay kasali sa paglikha ng mga modelong ito. Para sa SFY2021-2024, bubuuin ang karagdagang programa ng mga modelo sa pag-aaral sa pakikipagtulungan sa mga stakeholder na ito.
- Bumuo ang ISBE ng isang CTE advisory committee upang isama ang mga kalahok na mag-aaral at magulang, kabilang, ngunit hindi limitado sa mga miyembro ng Student Advisory Council, mga lider na estudyante mula sa CTSO, mga mag-aaral na pinili para sa Illinois CTE Presidential Scholar, at mga mag-aaral at mga magulang ng mga espesyal na populasyon upang magbigay ng feedback sa pagpapalano, pagbuo, pagpapatupad, at pagsusuri at patuloy na pagpapabuti ng mga programa sa karera at teknikal na edukasyon ayon sa antas ng buong Estado.

- Ang mga lokal na ahensya ng edukasyon, kabilang ang mga tauhan ng paaralan, mag-aaral, at pamilya na kasalukuyang nakikilahok sa Illinois [5Essentials Survey](#) o isa pang inaprubahang alternatibong survey ng estado. Ito ay pinangangasiwaan sa mga grade K-12, at ang mga karagdagang katanungan ay idadagdag upang magbigay-daan sa koleksyon ng datos na may kaugnayan sa CTE sa mga ika-5-12 baitang upang makatulong sa higit pang pagpapalano at pag-unlad.

Pagpapatupad ng Programa ng CTE

- Ang ISBE at ICCB ay magbibigay ng tulong teknikal at bubuo ng mga mapagkukunan upang hikayatin at palakasin ang lokal na pakikibahagi ng mga stakeholder na ito tungo sa pagpapatupad ng mga programa ng CTE. Ang Advisory Committee Guidebook na ginawa ng ICCB ay isang halimbawa ng mapagkukunan na tumutulong sa mga lokal na kolehiyong pang-komunidad na hikayating makibahagi sa pagpapatupad ng CTE programming ang mga kinatawan ng negosyo, industriya, at labor organization, bilang karagdagan sa iba pang mga stakeholder tulad ng mga gabay sa karera at pang-akademikong tagapayo, mga organisasyon na nakabase sa komunidad, at mga sekundaryang institusyon. Ang kaunlaran ng panrehiyong at lokal na propesyonal ay isinagawa upang suportahan ang mga LEA habang nagtatrabaho sila para mapabuti ang kanilang mga komite ng tagapayo (advisory committees).
- Bumuo ang ISBE ng isang CTE advisory committee na magbibigay ng feedback sa pagpapalano, pagbuo, pagpapatupad, at pagsusuri ng mga programa sa karera at teknikal na edukasyon kabilang ang pagbuo ng plano ng Perkins sa Estado (Appendix N).

Pagsusuri ng Programa ng CTE

- Sa pamamagitan ng Proseso sa Pagsusuri ng Programa (Program Review Process) ng ICCB, nilikha ng ICCB ang Program Review Advisory Committee, na binubuo ng mga tagapangasiwa, faculty, at isang mag-aaral. Ang Program Review Advisory Committee ay naatasang: 1) pagbutihin ang kahusayan at pagiging epektibo ng proseso sa pagsusuri ng programa sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga hamon, kalabisan, at nakaligtaan at pagbibigay ng mga rekomendasyon para sa pagpapabuti ng proseso; 2) tukuyin, buuin, at/o pagbutihin ang propesyonal na pag-unlad, mga proseso sa teknikal na suporta, at mga karagdagang materyales na nagpapatibay at nagpapahusay ng mga resultang nauugnay sa pagsusuri ng programa; at, 3) gumawa ng mga oportunidad para sa mga institusyon sa buong estado upang makapagbahagi ng mga karanasan, pamamaraan, at mapagkukunan, pati na rin makapagbigay ng feedback tungkol sa proseso sa pagsusuri ng programa. Ang isang espesipikong rekomendasyon ng komiteng ito sa hinaharap ay ang pagtatatag ng isang faculty peer-review na sistema sa pagsusuri ng programa sa buong sistema ng kolehiyong pang-komunidad. Ang mga tagapag-employo, miyembro ng komunidad, mag-aaral, at iba pang mga stakeholder ay nakikibahagi sa pamamagitan ng proseso sa pagsusuri ng programa sa kani-kanilang mga institusyon. Ang mga mapagkukunan, tulad ng *Creating a Space for Student Voice in Advancing Program Review*¹, ay bubuuin upang

¹ <https://ocrl.illinois.edu/docs/librariesprovider4/program-review/student-voice-brief.pdf>

matulungan ang mga lokal na tatanggap sa paghikayat na makibahagi ang mga pangunahing stakeholder sa pagsusuri ng mga programa ng CTE.

- Ang ISBE at ICCB ay lilikha ng iba't ibang mga mapagkukunan upang hikayatin at palakasin ang lokal na pakikibahagi ng mga stakeholder na ito sa pagpapalano, pag-bubuo, pagpapatupad, at pagsusuri ng CTE programming. Isang espesipikong halimbawa ay kinabibilangan ng CTE Networking Directory, isang online directory ng mga sekundarya at postsecondary na tagapangasiwa ng CTE, lokal na tauhan ng lupon ng manggagawa, mga tagapangasiwa ng edukasyon ng may sapat na gulang, at mga organisasyong sumusuporta sa mga grupo tulad ng mga beterano at mga indibidwal na may mga kapansanan. Ang directory na ito ay magbibigay-daan para sa koneksyon ng iba't ibang mga stakeholder upang maitaguyod ang pakikipagtulungan sa pagbuo, pagpapatupad, at pagsusuri ng programa ng CTE. Bilang karagdagan, ang propesyonal na pag-unlad sa pagpapalawak ng pakikibahagi ng stakeholder mula sa gawain ng Advance CTE Stakeholder Engagement tool ay ipinapatupad sa Illinois.
- Simula sa FY21, ang mga karagdagang katanungan na may kaugnayan sa CTE ay idadagdag sa 5Essentials Survey upang magbigay-daan sa mas mahusay na koleksyon ng datos at susuriin upang magbigay ng isang mas kumpletong paglalarawan ng kapaligiran na batay sa paaralan, na makakagawa ng isang indibidwal na ulat para sa bawat paaralan. Ang survey, batay sa mahigit na 20 taong pananaliksik ng University of Chicago Consortium on School Research, ay nakatuon sa limang mga domain kabilang ang, epektibong mga pinuno, mga nagtutulongang guro, mga pamilyang nakikibahagi, mga mapagkalingang kapaligiran, at masigasig na pagtuturo. Ang mga resulta ng survey ay magbibigay-daan sa mga datos ng LEA at ISBE upang matukoy ang mga katangian, kahinaan, at implikasyon ng programming.

f. Kopya ng template ng lokal na aplikasyon na kakailanganin ng karapat-dapat na ahensya mula sa karapat-dapat na tatanggap para isumite alinsunod sa seksyon 134 (b) ng Perkins V.

Lokal na Aplikasyon sa Sekundaryo- Appendix P

Lokal na Aplikasyon sa Postsecondary- Appendix Q

g. Kopya ng template ng komprehensibong pagtatasa ng lokal na pangangailangan at/o mga patnubay na kakailanganin ng karapat-dapat na ahensya mula sa mga karapat-dapat na tatanggap upang matugunan ang mga kinakailangan na nasa seksyon 134 (c) ng Perkins V.

Template at Mga Patnubay sa Komprehensibong Pagtatasa ng Mga Pangangailangan - Appendix R

h. Ang pagpapakahulugan ng karapat-dapat na ahensya para sa "sukat, saklaw, at kalidad" na gagamitin upang magkaroon ng pondo para sa mga karapat-dapat na tatanggap alinsunod sa seksyon 135 (b) ng Perkins V.

Ang ISBE at ICCB ay magkasamang tinukoy ang mga sumusunod na termino para sa sukat, saklaw, at kalidad. Ang iminungkahing kahulugan para sa sukat, saklaw, at kalidad at mga elemento nito ay angkop sa lahat ng mga karapat-dapat na tatanggap, sekondaryo at postsecondary, maliban na lang kung espesipikong nabanggit. Ang mga kahulugan ay ang mga sumusunod:

Sukat

- Dapat ipatupad at i-alok ng mga lokal na tatanggap ang hindi bababa sa isang aprubadong Programa ng Pag-aaral ng CTE ng isang estado na nasa isa sa 16 na kinikilalang cluster ng karera sa bansa.
- Ang lahat ng Mga Programa sa Pag-aaral ay nakaayon sa mga in-demand na sektor ng estado, rehiyon, o lokal gamit ang impormasyon sa merkado ng paggawa. Ang sukat ng mga programa ay dapat ipagbigay-alam ng pangangailangan ng merkado ng paggawa.
- Mga tatanggap sa sekondaryo: pinakamaliit na sukat ng klase na may 10 mag-aaral o patuloy na pag-unlad patungo sa paglaki ng klase.
- Mga tatanggap sa postsecondary: dapat sumunod sa mga patakaran ng lokal na lupon ukol sa laki ng klase.

Laki ng LEA District (Bilang ng mga mag-aaral)	Pinakamababang Bilang ng Mga Programa sa Pag-aaral ng CTE
Mas mababa sa 500	Isang Programa
501 – 2,000	Dalawang Programa
2,001-3,000	Tatlong Programa
3,001 – 4,000	Apat na Programa
4,001 pataas	Limang Programa

Saklaw

Ang programa ng pag-aaral ay isang magkakaugnay, hindi madodobleng pagkakasunud-sunod ng pang-akademiko at teknikal na nilalaman sa sekundaryo at postsecondary na antas na-

- a. isinasama ang mapaghamong pamantayang pang-akademiko ng Estado;
- b. tumutugon sa parehong pang-akademiko at teknikal na kaalaman at kasanayan, kabilang ang mga kasanayan magagamit sa paghahanap ng trabaho;
- c. nakahanay sa mga pangangailangan ng mga industriya sa ekonomiya ng Estado, rehiyon, pamayanan ng Tribo o lokal na lugar;
- d. umuusad sa mga partikular na larangan;
- e. may maraming mga entry at exit point na isinasama ang pagtatamo ng kredensyal; at,
- f. nagtatapos sa pagkakamit ng isang kinikilalang kredensyal na postsecondary.

Ang programa ng pag-aaral ay nagbibigay sa mga estudyante ng isang matinding karanasan at komprehensibong pangunawa sa lahat ng mga aspeto ng industriya. Dapat tukuyin ang saklaw ng isang programa sa pamamagitan ng pagbubuo, pagsusuri, at pagbabago ng kurikulum. Dapat tukuyin ang saklaw ng programa sa pamamagitan ng konsultasyon sa lahat ng mga stakeholder kabilang ang negosyo at industriya.

Kalidad

Sa pamamagitan ng mga programa ng CTE, ang mga karapat-dapat na tatanggap ay nagbibigay ng oportunidad sa mga mag-aaral na lumahok sa mga programa sa pag-aaral na hahantong sa hindi bababa sa *isa* sa mga sumusunod: mataas ang kasanayan, mataas ang sahod, in-demand na trabaho. Ang mga karapat-dapat na tatanggap ay hinihikayat na mag-alok ng programming na nakakatugon sa dalawa o tatlong nabanggit na mga katangian ng programa ng pag-aaral.

Mga Programa sa Pag-aaral:

1. Ipinagbibigay-alam ng panlabas na (external) stakeholder, kabilang ngunit hindi limitado sa mga sekundaryong ka-partner, postsecondary na ka-partner, negosyo at industriya, mga lokal na lupon ng manggagawa, tagapagkaloob ng edukasyon para sa may sapat na gulang, at mga organisasyong nakabase sa komunidad sa pamamagitan ng mga advisory committee. Dapat magkaroon ng kahit man lamang taunang pagpupulong ang mga Advisory Committee.
2. Nagbibigay ng isang hindi nadodobleng, ganap na naipaliwanag na pagkakasunud-sunod na mga kurso mula sekundaryo hanggang postsecondary at maaaring magsama ng mga paglilipat sa mga apat na taong institusyon.
3. Kabilang ang mga kurso at aktibidad na nagbibigay sa mga mag-aaral ng isang komprehensibong pag-unawa at matinding karanasan sa lahat ng aspeto ng industriya. Kabilang dito ang pag-aaral na nakabase sa trabaho at pagtuklas ng karera.
4. Kabilang ang pang-akademiko at teknikal na pagtuturo na mahigpit, magkaugnay, at nakahanay sa naaangkop na pamantayan ng estado at industriya (hal. Mga Pamantayang Pang-akademiko, Mga tagapangasiwa ng akreditasyon, at mga pamantayang propesyonal at paglilisensya) mga kasanayang kailangan ng mga tagapag-empleyo.

5. Pinangunahan ng mga kwalipikadong tagapagturo at tauhan na binibigyan ng mga oportunidad para sa komprehensibong propesyonal na pag-aaral (hal. Mga Kinakailangan sa Paglilisensya ng ISBE, Pamantayan sa Accrediting, Mga Panuntunan sa Pangangasiwa ng ICCB).
6. Tulungan ang mga tatanggap na matugunan ang mga lokal na tagapagpahiwatig ng pagganap.
7. Patuloy na nasusuri at napapahusay gamit ang isang tuluy-tuloy na proseso ng pagpapabuti ng programa (hal. Mga Landas tungo sa Mga Resulta, Pagsusuri ng Programa, Pagtatasa ng Komprehensibong Pangangailangan, Pagsusuri sa Kalidad ng Programa (Program Quality Rubric), iba pang mga pamamaraan o pagsusuri ng programa)
8. Inaalok sa ankop na pasilidad gamit ang kasalukuyang teknolohiya at kagamitan.
9. Sekundaryo: Nakaayon o sinusupportahan ang plano sa pagtatapos/plano ng landas (pathway plan) para sa bawat mag-aaral na tumutukoy sa mga inirekumendang pang-akademiko at teknikal na kurso, na nakakonekta sa postsecondary na edukasyon.
10. Postsecondary: Kabilang ang iba pang mga entry at exit point upang magbigay ng pag-access at mga maayos na paglilipat sa pamamagitan ng programming (hal. mga mag-aaral na may sapat na gulang, beterano, atbp.)

3. Pagtugon sa mga Pangangailangan ng Espesyal na Populasyon

- a. **Ilarawan ang mga karapat-dapat na mga estratehiya ng programa ng mga ahensya para sa mga espesyal na populasyon, kabilang ang paglalarawan kung paano ang mga indibidwal na miyembro ng mga espesyal na populasyon -**
 - i. **ay mabibigyan ng pantay na pag-access sa mga aktibidad sa tulong ng Batas na ito;**
 - ii. **Ilarawan kung paano magbibigay ang karapat-dapat na ahensya ng mga estratehiya sa programa para sa mga espesyal na populasyon, kabilang ang paglalarawan kung paanong hindi makakaranas ng diskriminasyon ang mga indibidwal na miyembro ng mga espesyal na populasyon batay sa katayuan bilang isang miyembro ng isang espesyal na populasyon**
 - iii. **ay mabibigyan ng mga programa na idinisenyo upang matulungan ang mga indibidwal na miyembro ng mga espesyal na populasyon na matugunan o malagpasan ang mga natukoy ng Estado na antas ng pagganap na nakalarawan sa seksyon 113, at maghanda sa mga espesyal na populasyon para sa karagdagang pag-aaral at para sa mataas na kasanayan, mataas na sahod, o in-demand na mga sektor pang-industriya o mga trabaho;**
 - iv. **mabibigyan ng mga ankop na kaluwagan;**
 - v. **mabibigyan ng panuto at mga oportunidad sa pag-aaral na nakabase sa trabahong nasa mga integrated setting na sumusuporta sa trabahong para sa mga may kahinaan o kapansanan (competitive integrated employment).**

Kinikilala ng ISBE at ICCB ang kahalagahan ng pagkakapantay-pantay, pagkakaiba-iba, at pagsasama sa lahat ng aspeto ng karanasan sa edukasyon. Kinikilala din ng Illinois na ang mga marginalized na mag-aaral, tulad ng mga mag-aaral mula sa ibang lahi at espesyal na populasyon na tinukoy sa Perkins V, ay hindi nagkaroon ng pantay na pag-access sa, o paglahok sa, pang-edukasyon na programming, kabilang ang CTE. Ang mga kurso at programa ng CTE ay dapat na inaalok nang pantay-pantay upang matiyak na hindi mangyari ang diskriminasyon. Dapat magbigay ang mga programa ng CTE ng pag-access kasama ng ankop na kaluwagan para sa LAHAT ng mga mag-aaral. Ang Illinois sa pakikipag-ugnay sa mga ka-

partner nito sa pagkakapantay-pantay tulad ng ICSPS, ay magpapatuloy na bumuo ng mga mapagkukunan at magbigay ng tulong teknikal para suportahan ang mga mag-aaral sa espesyal na populasyon upang magkaroon sila ng pantay na pag-access para lumahok sa CTE programming.

Kabilang sa mga Espesyal na Populasyon, na tinukoy ng Batas ay ang:

1. ***Indibidwal na may Kapansanan***

- A. Sa pangkalahatan - ang kahulugan ng salitang "indibidwal na may kapansanan" ay isang indibidwal na may anumang kapansanan (tulad ng tinukoy sa seksyon 3 ng Americans with Disabilities Act of 1990 (42 U.S.C 12101))
- B. Ang kahulugan ng salitang "kapansanan" ay may kaugnayan sa isang indibidwal na mayroong ...
 - i. pinsala sa katawan o kaisipan na lubhang naglilimita sa isa o higit pa sa mga pangunahing gawain sa buhay ng isang indibidwal,
 - ii. rekord ng gayong klase ng kahinaan, o
 - iii. itinuturing na may gayong klase ng kahinaan. (Hindi kasama sa salitang "kahinaan" ang mga katangian ng o predisposisyon sa karamdaman o sakit.)

2. ***Mga Indibidwal mula sa Mga Mahihirap na Pamilya, kabilang ang mga kabataan at may sapat na gulang na mababa ang kita*** - sa mga nasabing pamilya o indibidwal na tinutukoy ng Kalihim na may mababang kita ayon sa pinakabagong makukuhang datos mula sa Department of Commerce.

Ang pagkakakilanlan sa sekundaryong antas ay maaaring matukoy batay sa mga sumusunod na pamantayan:

- a. Pagiging kwalipikado para sa libre o mababang presyo ng tanghalian sa paaralan
- b. Pagiging kwalipikado para sa paglahok sa mga programang natutulongan ng Workforce Investment Act
- c. Pagiging kwalipikado para sa TANF/mga pampublikong tulong na pondo
- d. Ang taunang kita ng indibidwal o pamilya ay nasa o mas mababa sa pambansang antas ng kahirapan o ng Self-Sufficiency Standard ng Illinois.

Ang pagkakakilanlan sa antas ng postsecondary ay naangkop sa mga sumusunod:

- a. Ang tatanggap ng Pell Grant o katulad ng programa ng Estado na tulong pinansyal batay sa pangangailangan
- b. Ang taunang kita ng indibidwal o pamilya ay nasa o mas mababa sa pambansang antas ng kahirapan o ng Self-Sufficiency Standard ng Illinois.
- c. Ang kalahok o pamilya ng kalahok ay tumatanggap ng pampublikong tulong
- d. Ang kalahok ay kwalipikadong makasama sa mga programang natutulongan ng Workforce Investment Act

3. ***Individuals Preparing for Nontraditional Fields*** - Ang kahulugan ng salitang 'nontraditional fields' ay mga trabaho o larangan ng trabaho, kabilang ang mga karera sa computer science, teknolohiya, at iba pang kasalukuyan at umuusbong na trabahong may mataas na kasanayan, kung saan ang mga indibidwal mula sa isang kasarian ang bumubuo ng wala pang 25 porsiyento ng mga indibidwal na nagtatrabaho sa bawat nasabing trabaho o larangan ng trabaho.

4. ***Nagsosolong magulang, kabilang ang mga walang asawang kababaihang nagdadalang-tao***: walang asawa o legal na hiwalay sa asawa at may menor de edad na anak o mga anak na

nasa pangangalaga (custody) ng magulang o pinagsamang karapatan sa pangangalaga (joint custody) o nagdadalang-tao.

5. ***Indibidwal na Wala sa Hanay ng Manggagawa:***

A. Isang indibidwal na isang displaced homemaker, na tinukoy sa seksyon 3 ng Workforce Innovation and Opportunity Act (29 USC 3102); o

B. Isang indibidwal na -

- i. halos nagtrabaho nang walang bayad para pangalagaan ang tahanan at pamilya, at dahil doon ay nabawasan ang mga kakayahang magagamit sa trabaho (marketable skills); o
- ii. isang magulang na ang bunsong anak ay hindi magiging kwalipikado na tumanggap ng tulong ayon sa part A ng pamagat IV ng Social Security Act (42 U.S.C. 601 et seq.) nang hindi lalampas sa 2 taon pagkatapos ng petsa kung kailan humiling ng tulong ang magulang sa ilalim ng nasabing pamagat; at
- iii. walang trabaho o underemployed at nakakaranas ng kahirapan sa pagkuha o pag-upgrade ng trabaho.

6. ***Mga Nag-aaral ng Ingles*** - Ang salitang "nag-aaral ng Ingles", kapag ginamit kaugnay sa indibidwal, ay nangangahulugan ng isang indibidwal -

- i.* na may edad 3 hanggang 21
- ii.* na naka-enrol o naghahanda na mag-enrol sa isang elementarya o sekondaryong paaralan;
- iii.* na hindi ipinanganak sa Estados Unidos o ang katutubong wika ay isang wika maliban sa Ingles;
 - a.* na isang Katutubong Amerikano o Alaska Native, o isang katutubong residente sa mga malalayong lugar; at
 - b.* nagmula sa isang lugar kung saan ang isang wika maliban sa Ingles ang may malaking epekto sa antas ng kasanayan sa wikang Ingles ng indibidwal; o
- iv.* isang dayuhan, na ang katutubong wika ay isang wika maliban sa Ingles, at nagmula sa isang lugar kung saan ang isang wika maliban sa Ingles ang nangingibabaw; at
- v.* may mga problema sa pagsasalita, pagbabasa, pagsusulat o pag-unawa sa wikang Ingles na maaaring maging sapat para tanggihan ang indibidwal -
 - a.* ng kakayahang matugunan ang mapaghamong pang-akademikong pamantayan ng Estado;
 - b.* ng kakayahang magtagumpay sa mga silid-aralan kung saan ang wika ng pagtuturo ay Ingles; o
 - c.* ng pagkakataong makilahok ng lubos sa lipunan.

7. ***Mga Indibidwal na Walang Tirahan:*** inilarawan sa seksyon 725 ng McKinney-Vento Homeless Assistance Act (42 USC 11434a)

8. ***Ang mga kabataan na nasa, o tumanda na, mula sa foster care system:*** ay inilalarawan bilang 24 na oras na kahaliling pangangalaga para sa mga batang inilayo sa kanilang mga magulang o tagapag-alaga at siyang pinananagutan ng ahensyang para sa kapakanan ng bata ukol sa placement at pangangalaga. Kabilang dito, ngunit hindi limitado sa, mga placement sa mga foster family home, foster home ng mga kamag-anak, group home, emergency shelter, residential facility, institusyong nangangalaga sa mga bata, at mga pre-adoptive home.

9. ***Kabataan na may isang magulang na:***

- a. miyembro ng hukbong sandatahan (na inilarawan sa seksyon 101 (a) (4) ng pamagat 10, Code ng Estados Unidos); at
- b. nasa aktibong tungkulin (ang naturang salita ay tinukoy sa seksyon 101 (d) (1) ng naturang pamagat).

Para sa bawat natukoy na espesyal na populasyon, susuportahan ng ISBE at ICCB ang mga sumusunod na estratehiya upang matulungan ang mga sekundaryong paaralan at mga kolehiyong pang-komunidad sa pagbibigay ng pantay na pag-access at pakikilahok.

Mga Indibidwal na may Kapansanan

1. *Pagbibigay ng Mga Angkop na Kaluwagan:* Ang ISBE at ICCB ay magpapatuloy na magbigay ng makabuluhang gabay, tulong teknikal, at propesyonal na pag-unlad sa mga lokal na tatanggap ukol sa pagbigay ng mga angkop na kaluwagan para sa mga mag-aaral na may mga kapansanan upang sila ay pantay-pantay na makapag-access at makilahok sa programming ng CTE. Ang isang paraan upang matiyak ang pantay-pantay na pag-access sa mga oportunidad sa edukasyon ay sa pamamagitan ng proseso ng pagsusuri sa mga karapatang sibil, ayon sa ipinag-uutos ng programa ng US Department of Education, Office for Civil Rights Methods of Administration (MOA). Ang ISBE at ICCB ay parehong may magkakaugnay ngunit natatanging mga mapagkukunan at propesyonal na pag-unlad upang mapaunlakan ang bawat audience. Upang matiyak ang koordinasyon, makikipagkontrata ang parehong ahensya sa ICSPS upang suportahan ang onsite na proseso ng pagsusuri sa karapatang sibil, bumuo at mapanatili ang mga website, at maglaan ng propesyonal na pag-unlad. Ang ISBE at ICCB ay parehong nagpapanatili ng mga website na nagbibigay ng mga tool at mapagkukunan para sa mga paaralan at distrito upang makatulong sa pagsunod sa mga pederal na kahilingan at pagtaguyod ng pantay na kapaligiran sa pag-aaral para sa lahat ng mga estudyante. Sa pamamagitan ng proseso ng pagsusuri, ang ISBE at ICCB ay magkahiwalay na tumutukoy ng mga karaniwang kalakaran na sanhi ng mga hadlang, na pumipigil sa mga naaangkop na kaluwagan para sa lahat ng mga mag-aaral. Ang kapwa ahensya ay nagbibigay ng tulong teknikal para makasali ang LEA sa proseso pati na rin bilang pagtatasa sa sarili para sa mga institusyon na naghahanap ng kamalayan.
2. *Pinapadali ang Mga Paglilipat sa at sa pamamagitan ng Postsecondary na Edukasyon at Trabaho:* Noon, ang ISBE at ICCB ay nagsagawa ng isang magkasamang pagsisikap upang matiyak na ang mga indibidwal na may kapansanan ay may access sa programming at mga aktibidad ng CTE sa pamamagitan ng pagbigay ng mga angkop na kaluwagan. Habang ang ISBE at ICCB ay magpapatuloy sa mga pagsisikap na ito, pagtutuunan din namin ng pansin ang pagsuporta sa mga indibidwal na may kapansanan tungo sa kanilang paglipat sa postsecondary na edukasyon hanggang sa trabaho. Sa mga indibidwal na may kapansanan na lilipat sa mataas na edukasyon at papasok sa trabaho na mas mababa ang mga sahod kaysa sa mga indibidwal na walang kapansanan, mahalaga sa kanilang tagumpay ang pagsuporta sa mga puntong ito ng paglipat. Ang ISBE at ICCB ay makikipag-ugnay sa Department of Vocational Rehabilitation at Department of Commerce upang matiyak na ang mga haiskul at kolehiyong pang-komunidad ay lubusang nakikipagtulungan sa mga lokal na tagapagkaloob ng serbisyo na nagbibigay suporta sa paghahanap at pagpapanatili ng makabuluhang trabaho sa mga indibidwal na may kapansanan. Bilang karagdagan, ang ISBE at ICCB, na

gumagamit ng maraming mga estratehiya na tinukoy sa *U.S. Department of Education's Transition Guide to Postsecondary Education and Employment for Students and Youth with Disabilities*¹, ay magpopokus sa pagbibigay ng suporta sa mga lokal na tatanggap upang madagdagan ang mga oportunidad para sa mga indibidwal na may kapansanan na lumahok sa pagtuklas ng karera, dual credit, mga oportunidad sa pag-aaral na nakabase sa pagtatrabaho, at mga karagdagang oportunidad sa edukasyon at pagsasanay.

Mga Kabataan at May Sapat na Gulang na may Mababang Kita

1. *Nagbibigay ng mas malawak na kakayahang umangkop para suportahan ang mga mag-aaral na mapagtagumpayan ang mga hadlang:* Simula sa SFY20, binibigyang-daan ng ISBE ang higit na pleksibilidad sa pagpopondo ng Estado at Pederal upang mabawasan ang mga hadlang para sa mga espesyal na populasyon. Ang pondong ito ay maaaring magamit upang mabawasan o maalís ang mga sariling gastos para sa mga espesyal na populasyon na lumalahok sa karera at teknikal na edukasyon, kabilang ang mga nakikilahok sa dual o magkasabay na mga enrollment program o mga programa sa haiskul na maagang pag-kolehiyo, at pagsuporta sa mga gastos na may kaugnayan sa mga bayarin, transportasyon, pag-aalaga ng bata, o mga hamon sa pagkilos (mobility) para sa mga espesyal na populasyon. Kinaugalian na ng ICCB na magkaroon ng kakayahang umangkop sa pagbibigay ng limitadong direktang suporta sa mag-aaral. Karagdagang kakayahang umangkop ang ibibigay sa mga kolehiyo sa hinaharap, na naayon sa diwa ng batas. Mga halimbawa ng maaaring suportahan ng lokal na pagpopondo:
 - Mga aklatang nagpapahiram ng libro (Textbook loan libraries),
 - Transportasyon,
 - Pangangalaga sa bata,
 - Mga suplay (hal. uniporme, kinakailangang kasangkapan at suplay, atbp.),at
 - Mga kaluwagan.
2. *Pagpapalawak ng May Bayad na Oportunidad sa Pag-aaral na Nakabase sa Trabaho :* Ang mga oportunidad sa pag-aaral na nakabase sa pagtatrabaho, tulad ng mga internship, ay mga makabuluhang karanasan sa pag-aaral para sa mga estudyanteng gumagawa ng direktang koneksyon sa mga potensyal na karera. Sa kasamaang palad, maraming mga oportunidad sa pag-aaral na nakabase sa pagtatrabaho ang hindi binabayaran, nagdudulot ng mga karagdagang balakid at kawalan ng pagkakakitaan (disincentives) para makilahok ang mga mag-aaral na may mababang kita. Ang mga apprenticeship, na nangangailangan ng isang bahaging binabayaran at hahantong sa isang oportunidad sa trabaho, ay lumalaki sa Illinois. Ang ISBE at ICCB ay patuloy na susuporta sa pag-unlad at pagtaas ng de-kalidad na kabataan at mga rehistradong apprenticeship na²makukuha ng mga mag-aaral sa haiskul at kolehiyo, lalo na ang pagbibigay prayoridad sa suporta para sa mga mag-aaral na mababa ang kita o mga mag-aaral na karaniwang nakakaligtaan sa ganitong uri ng programa.

¹ <https://www2.ed.gov/about/offices/list/osers/transition/products/postsecondary-transition-guide-2017.pdf>

² Isang apprenticeship na nakarehistro sa US Department of Labor na nakaabot sa mga pamantayang tinukoy ng USDOL, na kasama ang limang kinakailangang batayan: 1) Pakikibahagi sa Negosyo; 2) Nakabalangkas na On-the-Job Training; 3) Kaugnay na Pagtuturo; 4) Gantimpala para sa Mga Kasanayang Natamo; at 5) Mga Kredensyal sa Industriya. Tingnan ang Diksiyonaryo ng Landas ng Karera (Career Pathway Dictionary) para sa mas marami pang mga kahulugan sa pag-aaral na nakabase sa trabaho: <https://www.isbe.net/Documents/IL-Career-Pathways-Dictionary.PDF>

3. *Pagpapalawak ng Open Educational Resources* : Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng mga materyales sa pag-recruit na maiaaangkop ayon sa pangangailangan (customizable) tulad ng gabay sa karera at pag-access sa mataas na kalidad, nakahanay na pamantayan, open educational resources (OER), sinusupportahan ng ISBE ang mga LEA sa kanilang pagsisikap na makapag-recruit at magbigay ng pantay na pag-access sa mga mag-aaral sa mga espesyal na populasyon. Ang ISBE at ICCB ay patuloy na bubuo at susuporta sa mga oportunidad sa propesyonal na pag-aaral na may kaugnayan sa proseso sa pamamagitan ng iba't ibang mga paraan, na tulad ng, paglikha ng mga OER na materyales, mga taunang kumperensya sa pamumuno sa buong estado, mga webinar, website, at iba pang mga paraan na napasyahang naaangkop.

Mga Indibidwal na Naghahanda para sa Mga Larangang Hindi Tradisyunal

1. *Pagsusulong sa Pagkakapantay-pantay ng mga Kasarian*: Nakatuon ang Illinois sa pagsulong ng pagkakapantay-pantay sa edukasyon para sa mga mag-aaral na pumapasok sa mga larangang hindi tradisyunal (nontraditional fields). Ang pagbibigay ng suporta para sa mga indibidwal na ito ay kritikal sa pagdagdag ng pag-access sa mga oportunidad sa karera na mataas ang sahod para sa mga kababaihan at pagkakaroon natin ng iba't ibang hanay ng manggagawa. Ang pagpopondo sa pamumuno ay susuporta sa propesyonal na pag-aaral at naka-target na tulong teknikal para sa mga lokal na tatanggap partikular sa mga aspeto ng pagkakapantay-pantay ng mga kasarian, mga micro aggression¹, pagbabanta ng pag-stereotype², at mga epektibong kasanayan sa pag-recruit at pagpapanatili ng mga mag-aaral na naghahanda para sa mga karerang hindi tradisyunal. Makakatanggap ng propesyonal na pag-unlad ang mga tagapayo sa paaralan at iba pang mga guro upang makatulong sa pag-unawa sa mga larangang hindi tradisyunal at pag-recruit at pagpapanatili ng mga mag-aaral sa mga larangang ito. Ang pagpapanatili ng mga mag-aaral sa larangang hindi tradisyunal ay lalong higit na mahalaga para sa pagsulong ng pagkakapantay-pantay ng mga kasarian, samantalang ang mga pagpili ng karera batay sa kasarian ay napatunayang nagpapalala sa umiiral na hindi makatarungang agwat ng sahod.

Mga solong magulang, kabilang ang mga kababaihang nagdadalang-tao at magulang ng mga tinedyer

1. *Pag-access sa mga Abot-kaya at Madaling Maangkop na Suporta, kabilang ang pangangalaga sa bata* : Maraming mga solong magulang, kabilang ang mga kababaihang nagdadalang-tao at magulang ng mga tinedyer, ang nahaharap sa mga matitinding balakid sa

¹ Ang mga micro aggression ay mga araw-araw na berbal, di-berbal, at pang-kapaligirang pangmamata, pang-aalipusta, o pang-iinsulto - sinasadya man o hindi sinasadya - na nagpapahiwatig ng galit, mapanira, o negatibong mga mensahe sa mga indibidwal batay lamang sa kanilang pagiging miyembro ng marginalized na grupo. Inuulit at napatunayan ng micro aggression ang mga stereotype ukol sa isang minorityang grupo, at tila minamaliit ang pagkakaroon ng diskriminasyon o pagkiling, sinasadya man o hindi. [1]

² Ang kahulugan ng pagbabanta ng pag-stereotype ay isang "panlipunang teorya tungkol sa sikolohikal na banta na lumalabas kapag ang isang tao ay nasa isang sitwasyon o gumawa ng isang bagay na kung saan ang isang negatibong stereotype tungkol sa kanyang grupo ay naangkop" (Steele at Aronson, 1995). Ayon sa pagbabanta ng pag-stereotype, aminado ang mga miyembro ng isang marginalized na grupo na ang isang negatibong stereotype ay umiiral kaugnay sa kanilang grupo, at nagpapamalal sila ng pangamba tungkol sa pagkumpirma ng negatibong stereotype sa pamamagitan ng pakikibahagi sa mga partikular na aktibidad. (<https://diversity.nih.gov/sociocultural-factors/stereotype-threat>)

paglahok sa programming ng CTE. Ang ISBE at ICCB ay patuloy na susuporta sa propesyonal na pag-unlad sa mga lokal na tatanggap kung paano matutulungan ang mga mag-aaral na ito na mapagtagumpayan ang mga hadlang sa paglahok. Partikular, dapat magbigay ang mga kolehiyong pang-komunidad ng direktang impormasyon tungkol sa tulong na may kaugnayan sa mga serbisyo sa pangangalaga sa bata, transportasyon, sertipikasyong katumbas ng haiskul (kung kinakailangan), at mga mapagkukunang pinansyal na magbibigay-daan sa higit na pag-access sa mga programa ng CTE. Dapat ding makipagugnayan ang mga kolehiyo sa mga network ng komunidad upang magbigay ng karagdagang tulong sa mga pamilya. Ang mga solong magulang, na nakakaranas din ng mga hadlang sa pananalapi, ay maaaring makapag-access ng mga suportang nabanggit sa itaas para sa mga kabataan at may sapat na gulang na may mababang kita. Ang mga pagpipiliang flexible scheduling ay hinihikayat na makapaglingkod nang mas mabuti sa mga solong magulang, na nagbabalanse ng pamilya at iba pang mga responsibilidad.

Mga Indibidwal na Wala sa Hanay ng Manggagawa

1. *Mga Oportunidad sa Landas ng Karera:* Susuportahan ng ISBE at ICCB ang pagbuo ng mga stackable credential at mga panandaliang sertipiko upang mapabilis ang edukasyon at pagsasanay na kinakailangan upang makakuha ng makabuluhang trabaho. Dapat ay madaling makapag-transition ang mga oportunidad na ito sa mga karagdagang stackable credential, upang makasulong ang mga indibidwal sa loob ng isang landas ng karera. Susuportahan ng ISBE at ICCB ang mga estratehiya upang mapahusay ang mga pag-aaral na batay sa pagtatrabaho at serbisyong suporta para sa mga indibidwal na ito.
2. *Pinagsamang Edukasyon at Pagsasanay:* Para sa mga indibidwal na wala sa hanay ng manggagawa at walang diploma sa haiskul o katumbas nito, ang mga mag-aaral ay nagtatrabaho upang makumpleto ang kanilang katumbas sa haiskul) at naka-enroll nang sabay (co-enrolled) sa mga kurso/sertipiko ng credit CTE sa pamamagitan ng isang pinagsamang modelo ng pagtuturo - na pinupunan ng mga kursong pangsuporta, komprehensibong serbisyo ng suporta sa mag-aaral, at pinahusay sa pamamagitan ng pagtuturo ng grupo na kinabibilangan ng CTE faculty at mga tagapagturo ng mga pangunahing kasanayan. Ang modelo ay nagbibigay ng mga oportunidad para sa landas ng karera/trabaho para sa mga mag-aaral habang inuumpisahan ang kanilang paglipat sa karagdagang mga postsecondary certificate/degree program.

Mga Nag-aaral ng Ingles

1. Ang mga nag-aaral ng Ingles ay bibigyan ng mga angkop na kaluwagan at hindi dapat hadlangan ang pag-access o paglahok sa programming o aktibidad ng CTE dahil sa kakulangan ng mga Kasanayan sa Wikang Ingles.
2. *Mga Makabagong Modelo ng Programa na Nagpapabilis sa Pag-aaral:* Sinusuportahan ng ICCB ang makabagong programming upang matugunan ang mga pangangailangan ng Mga Nag-aaral ng Ingles. Ang ilang mga kolehiyo ay naghatid ng kurikulum sa bilingwal na paraan upang mapabilis ang oras na kailangan para makumpleto ng Mga Nag-aaral ng Ingles ang coursework sa ESL at CTE.

Mga indibidwal na Nakakaranas ng Kawalan ng Tirahan

1. *McKinney-Vento*: Alinsunod sa McKinney-Vento Act ang ISBE ay nagtatag ng mga pamamaraan upang matiyak na ang mga bata at kabataang walang tirahan ay mabigyan ng parehong mga oportunidad sa edukasyon upang maging matagumpay na mga mag-aaral tulad ng lahat ng iba pang mga kabataan, kabilang ang mga pagkakataong makilahok nang ganap sa CTE programming.
2. *Pagtugon sa Kawalang-Kapanatagan sa Pagkain at Tahanan*: Gagamitin ng ICCB ang pananaliksik na nakabatay sa ebidensya upang magbigay ng tulong teknikal sa mga kolehiyong pang-komunidad sa paglilingkod sa mga mag-aaral na nakakaranas ng kawalan ng tirahan, kabilang ang mga naka-detalye sa isang ulat ng Institute of Education Sciences ¹. Bilang karagdagan, ang kawalang-kapanatagan sa pagkain ng mga mag-aaral sa kolehiyo ay tumataas sa antas na nakababahala. Ipinapakita sa pananaliksik na aabot hanggang 56% na mga mag-aaral sa kolehiyo, lalo na ang mga naka-enrol sa mga kolehiyong pang-komunidad, ang nahaharap sa kakulangan sa pagkain araw-araw ². Tutulungan ng ICCB ang mga kolehiyong pang-komunidad sa pakikipagtulungan sa mga lokal na mapagkukunan, tulad ng programa ng SNAP Employment and Training sa pamamagitan ng Department of Human Services, upang mapalawak ang pag-access sa mga pederal na benepisyong tulong na pagkain sa mga mag-aaral sa kolehiyo na nakikilahok sa mga programa ng CTE.

Mga kabataan na nasa, o tumanda na mula sa foster care system

1. *Paggamit ng mga Kasanayang Batay sa Ebidensya Para Suportahan ang mga Foster Youth*: Ang mga kabataan na nasa, o tumanda na mula sa foster care system ay isang bagong subpopulation sa mga espesyal na populasyon na tinukoy ng Perkins V. Sa Illinois na mayroong pangatlong pinakamataas na bilang ng foster youth na tumanda na mula sa sistema ³, ang ISBE at ICCB ay naglalayong gumamit ng mga estratehiya sa pamamagitan ng Planong ito ng Estado upang madagdagan ang mga oportunidad sa edukasyon at trabaho para sa populasyong ito. Ang mga foster youth ay mas malamang na hindi mag-enrol sa postsecondary na edukasyon kumpara sa kapwa nilang kabataan, nagpapababa ng makabuluhang oportunidad sa karera sa hinaharap. Habang 86 porsyento ng mga foster youth ay nagpapahiwatig na nais nilang mag-aral sa kolehiyo, tatlong porsyento lamang ang nakakumpleto ng kurso sa kolehiyo. Sa halip, marami ang walang trabaho, nakakaranas ng kawalan ng tirahan, o nakabilanggo ⁴. Upang maunawaan kung paano mas mahusay na masuportahan ang populasyong ito, ang ICCB ay nakipagkontrata sa OCCRL sa SFY2019 upang magsagawa ng isang pagsusuri sa kapaligiran para maunawaan ang lawak ng paglahok ng mga foster youth (o dating foster youth) sa postsecondary na edukasyon, kabilang ang CTE programming sa Illinois. Nagmumula sa pagsusurii sa kapaligiran, ang OCCRL ay

¹ <https://ies.ed.gov/blogs/research/post/a-new-research-spotlight-on-educating-highly-mobile-students>

² Government Accountability Office. (2018). *Kawalang-kapanatagan sa pagkain: Ang mas mahusay na impormasyon ay maaaring makatulong sa mga karapat-dapat na mag-aaral sa kolehiyo na ma-access ang mga pederal na benepisyong tulong na pagkain.*

³ Pag-unlad ng Foster (Foster Progress) (n.d.). Nakuha mula sa: <http://www.foster-progress.org/>

⁴ Pag-unlad ng Foster (Foster Progress) (n.d.). Nakuha mula sa: <http://www.foster-progress.org/>

magsasagawa ng isang pagtuklas (exploratory) na pag-aaral tungkol sa mga serbisyong suporta at mga karanasan ng mag-aaral ng mga dating foster youth sa mga programa sa pag-aaral ng kolehiyong pang-komunidad. Ang mga datos na ito ay magbibigay-alam sa mga pagsisikap sa pagpapalano ng buong estado, mga estratehiya, at pamumuhunan sa mapagkukunan (resource investment) sa hinaharap at maibabahagi sa komunidad ng CTE ng kolehiyong pang-komunidad.

Kabataan na may magulang na miyembro ng sandatahang lakas at nasa aktibong tungkulin

1. Magbigay-gabay sa mga LEA at EFE ukol sa mga suporta para sa mga mag-aaral na ito habang palipat-lipat sila ng paaralan

Iba pang mga Mahahalagang Estratehiya upang Matugunan ang mga Pangangailangan ng Mga Espesyal na Populasyong Mag-aaral

Universal Design for Learning

Ang mga estratehiya para mapahusay ang kakayahan ng guro sa Universal Design for Learning (UDL) ay uunahin sa mga oportunidad sa pagpopondo para sa CTE. Ang UDL ay isang set ng mga alituntunin o na batay sa pananaliksik na gumagabay sa disenyo ng mga kapaligiran sa pag-aaral upang maging abot-kamay at epektibo para sa lahat. Ang layunin ng UDL ay alisin ang anumang mga hadlang sa pag-aaral sa pamamagitan ng maramihan at madaling umangkop na mga estratehiya sa pagtuturo. Ang balangkas ng UDL ay naghihikayat sa mga guro na maglahad ng impormasyon sa maraming paraan, upang matulungan ang mga mag-aaral na maipamalas sa maraming paraan ang kanilang natutununan, at magamit ang iba't ibang mga pamamaraan upang makahikayat ng mga mag-aaral. Ang propesyonal na pag-unlad at pagsasanay para sa faculty at mga tagapangasiwa ay magsisimula sa taong ito upang matulungang maipatupad ang UDL sa mga kasanayan sa pagtuturo at pag-aaral sa buong Illinois. Simula sa SFY2020, ang ISBE ay bubuo ng mga dokumento sa paggabay para sa mga lokal na tatanggap kaugnay sa pagpapatupad ng UDL para sa mga aspeto ng programa ng CTE sa pakikipagtulungan sa mga dalubhasa ng UDL, tauhan ng espesyal na edukasyon, tauhan para sa Nag-aaral ng Ingles, mga disability access coordinator, mga guro, at mga propesyonal sa industriya. Ang propesyonal na pagtuturo sa kung paano pagsamahin ang UDL sa disenyo ng programa ay ilalaan din sa rehiyon para sa mga guro, tagapayo, faculty, tauhan ng serbisyong pang-estudyante, at mga administrador. Upang maipakita ang tuloy-tuloy na pagpapahusay, isasagawa ang patuloy na pagsusuri ng mga propesyonal na pangangailangan sa pag-aaral ukol sa UDL bilang bahagi ng patuloy na proseso sa pagpapahusay at babalikan taun-taon upang gabayan ang pagbuo ng mga bagong mapagkukunan na nabanggit sa mga estratehiya para makamit ang ating mga layunin sa estado.

Ang ISBE ay magpo-pokus sa pagpapabuti ng pagtuturo, pag-access, at mga resulta sa pamamagitan ng tatlong pangunahing balangkas at alinsunod sa mga tuntuning itinakda sa Perkins V Act: Universal Design for Learning (UDL), mga multi-tier na sistema ng suporta kabilang ang response to intervention (RtI) at Positive Behavioral Interventions and Support (PBIS), pati na rin ang iba't bang pagtuturo. Ang iba't ibang mga propesyonal na pag-unlad at

mga mapagkukunan ay kasalukuyang makukuha ng mga guro sa website ng ISBE at sa pamamagitan ng mga personal na pagsasanay para maipatupad ang lahat ng tatlong balangkas, na nagbibigay sa mga guro ng maraming mga estratehiya upang matiyak na ang lahat ng mga mag-aaral ay maaaring makapag-access ng nilalaman at kumatawan sa kanilang mga pang-unawa sa maraming paraan. Ang mga estratehiya para mapahusay ang kakayahan ng guro sa tatlong aspetong ito ay uunahin para sa mga oportunidad sa pagpopondo na nakalaan para sa CTE. Ang propesyonal na pag-aaral para sa mga tauhan ng CTE sa ISBE at ICCB na may kaugnayan sa tatlong mga balangkas na ito ay hinihikayat para sa lahat at kinakailangan para sa mga tauhang bumubuo ng mga dokumento sa pag-gabay at nagbibigay ng suporta.

Pagpopondong Batay sa Ebidensya

Ang pagpapatupad ng Pagpopondong Batay sa Ebidensya o Evidence-Based Funding (EBF) ay isang estratehiya upang mapahusay ang pinalawak na pag-access sa mga aktibidad ng CTE sa pamamagitan ng mas mataas na kakayahang magbigay ng mga kaluwagan, espesyal na programming, pagpapahusay ng kurikulum, at iba pang mga suportang magbibigay-daan sa pantay na pag-access sa mga aktibidad ng CTE. Tinaasan ng EBF ang pondo na ibinibigay sa mga distritong may mataas na pangangailangan, dahil kinokonsidera nito ang mga sukatan (metrics) kaugnay ng mga espesyal na populasyon upang matukoy ang pangangailangang pinansyal ng distrito. Ang pagkakapantay-pantay, kasapatan, at mga resulta ng mag-aaral ay malinaw na nauugnay sa istrakturang pagpopondong ito upang makapagpadala ng mas maraming mapagkukunan sa mga mag-aaral ng Illinois na pinakakapos sa mapagkukunan.

Pag-unlad ng Propesyonal na Pag-aaral at Mapagkukunan

Ang ISBE at ICCB ay magpapatuloy na makipagtulungan sa ICSPS na lumilikha, sumuporta, at naghahatid ng propesyonal na pag-unlad para sa mga karera at teknikal na propesyonal sa buong Illinois. Nakapagkumpleto ng pananaliksik ang ICSPS ukol sa mga bago at kakaibang mga estratehiya tungkol sa mga sumusunod na elemento: pagtanggap sa mga espesyal na populasyon na mga mag-aaral sa mga oportunidad sa pag-aaral na nakabase sa trabaho kabilang ang mga programa sa apprenticeship at pag-aangkop ng mga materyales sa pagtuturo at kagamitan para sa mga nag-aaral ng wikang Ingles at mga nag-aaral na may mga kapansanan. Ang nabanggit na pananaliksik ay nagbunga ng mga mapagkukunan sa kung paano magbigay ng mga angkop na kaluwagan at patuloy na itinuturing na isang mahalagang aspeto para sa mga oportunidad sa propesyonal na pag-aaral, mga dokumento sa paggabay, at iba pang mga inisyatibo sa pagpapakalat. Bilang karagdagan, gumawa ang ICCB at ICSPS ng mga dokumento ukol sa Special Populations Support Super Strategy (Appendix S). Ang mga pinalawak na dokumento ay nagpapahiwatig ng mga ispesipikong pamamaraan batay sa pananaliksik upang mapabuti ang pag-recruit sa espesyal na populasyon at mga pagsisikap sa pagpapanatili, pati na rin sa pagbigay ng mga estratehiya para matanggap ang lahat ng mga mag-aaral mula sa espesyal na populasyon na natukoy sa Perkins V. Ang kapwa ICCB at ISBE ay maghahatid ng propesyonal na pag-unlad sa pamamagitan ng mga webinar at harapang na pagsasanay at magbibigay ng tulong teknikal sa pamamagitan ng ICSPS ukol sa mga estratehiya ng pag-suporta para sa pag-recruit at pagpapanatili ng mga mag-aaral sa espesyal na populasyon, pag-unawa sa proseso ng pagsusuri

sa karapatang sibil, at pagtulong sa mga LEA na maunawaan ang pagkakaiba sa pagitan ng mga kaluwagan at pagbabago sa pagsuporta sa mga mag-aaral. Bilang karagdagan, susuportahan ng ICCB ang patuloy na pananaliksik na isinasagawa ng Office for Community College Research and Leadership (OCCRL) ukol sa pagpapahusay ng pagkakapantay-pantay para sa mga mag-aaral at kasanayan sa kolehiyo.

Ang ISBE at ICCB ay lalong magsisikap sa CTE Counseling Academy, isang tatlong-bahaging serye sa propesyonal na pag-unlad kung saan natututunan ng mga tagapayo, advisor, at iba pang mga propesyonal na sumusuporta sa mag-aaral ang halaga ng CTE at mga estratehiya sa pagsuporta at pagpapalawak ng mga oportunidad para sa mga mag-aaral sa espesyal na populasyon. Ang CTE Counseling Academy ay binuo bilang tugon sa mga natuklasan sa pananaliksik na ang mga tagapayo ay ang pinakamalaking punto ng ugnayan sa mga mag-aaral at may pinakalaking potensyal na epekto. Ang seryeng ito ukol sa propesyonal na pag-aaral ay nagtatampok ng inklusibong katangian ng CTE at nagbibigay sa mga kalahok ng mga estratehiya upang suportahan ang mga miyembro ng mga espesyal na populasyon. Karaniwan, ang mga indibidwal na ito ang humaharap upang magbigay ng tulong sa mga mag-aaral, ngunit kadalasan ay hindi alam ang mga suportang maaaring makuha. Tinitiyak ng seryeng ito na ang lahat ng mga espesyal na populasyon ng mga mag-aaral ay mabibigyan ng pantay na pag-access sa mga programa at serbisyo, nang walang diskriminasyon.

Paggamit ng Datos upang Mapahusay ang Pantay na Pag-access

Hinihikayat ng ISBE at ICCB ang paggamit ng isang pamamaraang pinapagana ng datos upang makapaglikha ng mga programa ng suporta para sa mga mag-aaral. Hinihiling ng ICCB sa mga kolehiyo na magbigay ng impormasyon tungkol sa mga aktibidad na naghahanda sa mga mag-aaral sa espesyal na populasyon na naka-enrol sa mga programa ng CTE para sa mataas na kasanayan, mataas na sahod, o may mataas na pangangailangan na hahantong sa pagkakaroon ng trabaho. Ang mga kolehiyo ay kinakailangang gumamit ng mga itinalagang pamamaraan ukol sa pananagutan upang masuri ang pagganap. Kung ang mga indibidwal na antas sa kolehiyo ay mababa sa kinakailangang antas ng ICCB, ang kolehiyo ay dapat bumuo at magsumite ng isang plano sa pagpapabuti ng pagganap. Sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga ispesipikong demograpiko sa loob ng lahat ng mga espesyal na kategorya ng populasyon na nakakaapekto sa pangkalahatang pagganap, ang kolehiyo ay maaaring bumuo ng mga naka-target na aktibidad upang mapabuti ang pagganap. Sa pamamagitan ng plano sa pagpapabuti ng pagganap, pati na rin ang komprehensibong pagtatasa ng lokal na pangangailangan, ang mga kolehiyo ay maaaring mamuhunan ng lokal na pondo upang matulungan ang mga mag-aaral sa espesyal na populasyon na pagtagumpayan ang mga hadlang sa tagumpay.

Mga Oportunidad sa Pag-aaral na Nakabase sa Trabaho sa Mga Integrated Setting

Ang pag-aaral na nakabase sa trabaho, na inilarawan sa *Career Pathway Dictionary* ay nagbibigay sa mga kalahok ng mga oportunidad na nakabase sa trabaho upang magsanay at mapahusay ang mga kasanayan at kaalaman na nakuha sa kanilang programa ng pag-aaral o programa ng pagsasanay sa industriya, pati na rin upang bumuo ng kakayahang magkatrabaho, at kabilang ang pagtatasa at pagkilala sa natamong kaalaman at

kasanayan. Kabilang sa mga halimbawa ang: mga internship, paglilingkod na pag-aaral (service learning), karanasan sa trabahong may bayad, on-the-job training, pagsasanay sa kasalukuyang manggagawa, mga transitional na trabaho, at mga apprenticeship.

Isasama sa seksyong ito ang kahulugan ng oportunidad sa pag-aaral na nakabase sa trabaho, mga integrated setting, at integrated employment kapag ang mga ito ay malinaw na nailarawan at napag-aralan nang husto. Isasama din sa seksyong ito ang pagtalakay sa kasalukuyang mga hamon para sa mga espesyal na populasyon na nagbibigay ng mga problema sa pagkuha ng mga karanasan.

4. Paghahanda sa mga Guro at Faculty

a. Ilarawan kung paano susuportahan ng karapat-dapat na ahensya ang pag-recruit at paghahanda ng mga guro, kabilang ang mga guro ng espesyal na edukasyon, faculty, punong-guro ng paaralan, tagapangasiwa, mga suportang kawani sa espesyal na pagtuturo, at mga paraprofessional upang magtuturo ng tungkol sa karera at teknikal na edukasyon, pamumuno, at suporta, kabilang ang propesyonal na pag-unlad na nagbibigay ng kaalaman at kasanayang kinakailangan upang mapabuti at mapahusay ang pagtuturo sa mga espesyal na populasyon. (Seksyon 122(d)(6) ng Perkins V)

Maraming mga bakanteng posisyon sa mga paaralan ng Illinois. Ang mga bakanteng posisyong ito ay dokumentado sa taunang Educator Supply and Demand na ulat ng ISBE noong nakalipas na taong 2000. Ang Teach Illinois, isang pakikipagtulungan sa pagitan ng ISBE at Joyce Foundation, ay itinatag upang siyasatin at i-ulat ang mga nakakaapektong isyu at magsumikap tungo sa mas napapanatiling kasanayan. Ang Teach Illinois na kolaborasyon ng mga pangunahing stakeholder at koleksyon ng mga datos ng focus group ay nakagawa ng pitong rekomendasyon na may mga implikasyon sa paghahanda ng guro, pakikipagtulungan, mga inisyatibong kailangang buuin, at pagtataguyod ng gurong tagapamuno.

Ang pag-recruit, pagpapanatili, at pagsuporta sa mga magagaling na guro at faculty ay kritikal sa tagumpay ng mataas na kalidad na mga programa ng CTE. Ang mga pagpapasya tungkol sa kung aling mga programa ang inaalok sa isang haikul, kolehiyo, o area technical center ay unti-unting hindi nadedetermina ng interes ng estudyante at demand sa merkado ng paggawa kundi nakasalalay higit pa sa makukuha at kwalipikadong mga guro at faculty. Ang mga estado ay may napakahalagang papel sa pagsuporta at pagtataguyod ng mga peer-to-peer na relasyon at mentorship upang matulungan ang mga guro ng CTE na mapabuti ang kanilang kasanayan. Ang mga estado ay maaaring magtaguyod ng mga alternatibong landas ng sertipikasyon upang magbigay ng kakayahang umangkop sa mga paaralan para mag-recruit ng mga dalubhasa sa industriya bilang kaugnay o full-time na mga guro. Maaari din nilang hikayatin ang muling pag-sertipika o dalawahang sertipikasyon ng kasalukuyang mga guro upang sila ay maging handa sa pagtuturo ng mga subject ng CTE na mataas ang demand. Ang mga patakaran ay maaaring ayusin upang matiyak na ang karanasan sa industriya ay pinahalalagahan sa pag-hire at sahod.

Ang ilan sa mga rekomendasyon ng Teach Illinois ay partikular na nauugnay sa karera at teknikal na edukasyon. Ang pagtataas sa kalagayan ng propesyon sa pagtuturo sa pamamagitan ng pag-kampanya sa buong estado (Rekomendasyon ng Teach Illinois) ay mahalaga upang matugunan ang mga kakulangan sa estado, lalo na sa larangan ng karera at teknikal na edukasyon, kung saan ang mga gurong hindi nakatapos ng karaniwang mga programa sa paghahanda ay madalas na nakikitang mas mahina kaysa sa mga gurong nakapagtapos. Upang maisakatuparan ang mga hangaring ito, binuo ng Illinois ang isang task force upang gabayan ang Estado sa pagbuo ng mga estratehiya para sa pag-recruit ng mga gurong may potensyal at

pagtaguyod sa pagtuturo bilang isang karera. Kaugnay ng taskforce, ang Estado ay naghahanap ng mga natatanging landas (Rekomendasyon 2 ng Teach Illinois) sa paglilisensya sa karera at teknikal na edukasyon, na maaaring kasama ang pagpapatupad ng isang landas ng karera ng tagapagturo bilang isang tool sa pag-recruit ng mga gurong may potensyal na kasalukuyang nasa haiskul, kabilang ang pagtaas ng kahalagahan ng lisensya sa pamamagitan ng paggamit nito bilang isang daan sa pagkakaroon ng lisensya bilang propesyonal na tagapagturo at pagtuklas ng mga paraan para sa mga pang-emergency na pagsang-ayon sa karera at teknikal na edukasyon upang magbigay ng mas mataas na kakayahang umangkop sa paggamit ng mga kwalipikadong guro sa mga distritong nahaharap sa mga isyu ukol sa kakapusan.

Pag-recruit at paghahanda ng mga guro

Ang Karera at Teknikal na Edukasyon sa Illinois ay patuloy na nakakaranas ng taunang kakulangan sa mga tagapagturo gaya ng makikita sa mga bakanteng posisyon at maging mga pagsasara ng programa ng CTE dahil sa kawalan ng kakayahan ng isang distrito na makahanap ng isang kwalipikadong tagapagturo. Maraming mga entidad na nakikipagtulungan sa ISBE ang nagtangkang tugunan ang mga kakulangang ito sa pamamagitan ng mga pagsisikap sa pag-recruit at pagpapanatili. Ang mga entidad na ito ang bumubuo sa mga propesyonal na organisasyon sa karera at teknikal na tagapagturo, mga panrehiyong konsorsyum sa karera at teknikal na edukasyon, at mga postsecondary na ka-partner.

Ang mga pagsisikap na ito ay kinabibilangan ng mga pagkakataon sa mapagkumpitensyang kaloob para sa mga postsecondary na institusyong may kaugnayan sa mga pagsisikap sa pag-recruit, isang task force para sa pagtugon ng kakulangan na partikular sa landas, pagsali sa pambansang konsorsyum na nakatuon sa kakapusan, mga kaloob na sumusuporta sa mga suweldo ng guro ng CTE, induction ng bagong guro at mentoring, at maliit na mga kaloob upang maitaguyod ang pagpapaunlad ng guro bilang lider. Sa edukasyong pang-agrikultura, ang ISBE ay nag-aalok ng isang formula grant na programa at isang mapagkumpitensyang kaloob na programa para makatanggap ng pondo ang mga postsecondary na institusyon para sa mga pagsisikap sa pag-recruit at pagpapanatili sa larangan. Ang task force ukol sa kakulangan ng tagapagturo ng agrikultura, sa pag-uutos ng Gobernador, ay pinamunuan ng ISBE kabilang ang mga natuklasan mula sa pagsisikap na ito na ginagamit upang gabayan ang mga bagong panukalang paghiling sa kaloob na programa sa larangan ng edukasyong pang-agrikultura. Ang mga pondo ng Perkins, pondo ng estado sa karera at teknikal na edukasyon, at pera mula sa line item ng edukasyong pang-agrikultura, ay ginagamit lahat upang magbigay suporta para sa mga suweldo ng guro ng CTE na may edukasyong pang-agrikultura. Ang suportang ito ay nakukuha sa pamamagitan ng isang epesipikong kaloob na nagpopondo sa mga suweldo para sa mga pinalawak na mga kontratang nagbibigay-daan sa mga guro para makapagbigay ng programming na higit pa sa tradisyunal na araw ng pasukan at akademikong taon. Ang mga pondo ng estado para sa CTE, pederal na pondo ng Perkins, at line item ng edukasyong pang-agrikultura ay nagbibigay suporta din para sa mga panrehiyong konsorsyum sa karera at teknikal na edukasyon na kumikilos upang mag-recruit ng mga guro para sa mga bakanteng posisyon sa kanilang mga rehiyon. Ang konsorsyum sa buong estado para sa edukasyong pang-agrikultura ay naglalaan ng pondo para sa pangangasiwa ng induction programming para sa una at ikalawang taon na mga tagapagturo ng agrikultura. Kasama sa induction programming na ito ang isang dalawang araw na panimulang kaganapan na may mga propesyonal na carousel sa pag-aaral at pagsasanay batay sa isang pagsusuri sa mga pangangailangang batay sa impormasyon na ibinigay ng mga baguhang guro at ang mga institusyong naghahanda ng guro. Isang in-field na mentoring program ang isinasayos rin sa pamamagitan ng mga konsorsyum sa rehiyon at estado ukol sa edukasyong pang-agrikultura.

Kahit na sinubukang tugunan ng mga pagsisikap ng nabanggit na mga programa ang mga alalahanin tungkol sa pag-recruit at paghahanda ng mga guro, ang patuloy na kakulangan sa guro at mataas na antas ng paglilipat ng tungkulin ay nagpapahiwatig ng pangangailangan ng karagdagang suporta. Ang mga pulong ng tauhan ng Kolehiyo at Karera ng ISBE kasama ang mga Direktor ng EFE pati na rin ang mga alalahanin mula sa mga distrito, ay nagpapatunay sa pangangailangan para sa mga karagdagang pagsisikap sa pag-recruit at pagpapanatili. Sa 2019, ang mga pagpupulong na dalawang beses sa isang buwan ng mga pangunahing tagapayo ng SBE sa mga Kagawaran ng CTE at Innovation, at Pagiging Epektibo ng Tagapagturo, ay isinagawa kung saan ang talakayan ay nakasentro sa mga katangian, kahinaan, at kontribusyon ng dating itinatag na mga inisyatibong nakalista sa itaas.

Isa sa mga pangunahing punto ng talakayan ay nakatuon sa pagbawas ng mga hadlang sa paglilisensya para sa karera at teknikal na mga nagtuturo. Ang dalawang pangunahing hadlang na natukoy ay ang patakaran sa paglilisensya at ang paghina ng pormal na programa sa paghahanda ng guro para sa mga landas ng CTE. Bilang tugon sa huli, ang kagawaran ng ISBE ng CTE at Innovation at kagawaran ng Pagiging-epektibong Tagapagturo ay patuloy na nakikipagtulungan upang baguhin ang mga umiiral na mga patakaran at kasanayan sa layuning mabawasan ang mga hadlang sa pagpasok para sa mga kwalipikadong kandidatong guro. Ang katayuan ng pormal na mga programa sa paghahanda ng guro para sa mga landas ng CTE sa Illinois ay nagbibigay ng mga natatanging alalahanin at kinakailangang matugunan.

Mayroong paghina sa makukuhang mga programa sa paghahanda ng guro sa ilang mga landas (halimbawa, pamilya at consumer sciences) at ganap na kawalan sa ibang mga landas (hal., teknolohiya ng health science), na nagdudulot ng kagyat na pangangailangan sa pagbabago sa proseso ng pagrerebisa at pagbubuo ng patakaran sa paglilisensya para sa karera at teknikal na edukasyon. Sa mga pagsisikap na ginawa upang mabawasan ang mga hadlang sa paglilisensya, mayroong pangalawang layunin na magbigay ng kaluwagan sa mga isyu sa sistema sa pamamagitan ng pag-aayos ng landas sa paglilisensya, lalo na para sa mga propesyonal mula sa industriya na nagnanais na lumipat sa edukasyon. Ang iba pang pokus ng mga pagbabagong ito sa patakaran ng paglilisensya ay ang matugunan ang basta sabi-sabing, madalas na naituturing na estigma kaugnay sa pagiging isang alternatibong lisensyadong tagapagturo na nakapasok sa pagtuturo sa pamamagitan ng ibang paraan maliban sa tradisyunal na programa sa paghahanda ng guro. Ang estigmang ito, na regular na naibahagi sa mga tauhan ng ISBE, ay inilarawan bilang isang tunay na karanasan ng mga alternatibong lisensyadong tagapagturo mismo at sa negatibong wika at mga kilos na may pagkiling mula sa mga tagapangasiwa ng distrito at paaralan.

Ang isa pang prayoridad ay upang matugunan ang malawak na hanay ng mga pangangailangan dahil sa mga pagkakaiba-iba ng antas ng paghahanda mula sa mga lumahok sa isang pormal na programa sa guro at paghahanda at ang mga taong direktang pumapasok mula sa industriya. Ang paghina ng mga pormal na programa sa paghahanda ng guro para sa mga landas ng CTE ay nagdudulot ng pagkadama ng kagyat na pangangailangan sa pagbuo ng mga hakbang upang matiyak na ang lahat ng mga guro ng CTE ay angkop na nakahanda para sa kanilang unang taon ng pagtuturo. Habang ang mga programa ay itinatag para sa pagtatalaga ng mga guro ng CTE, mayroong paglago na kinakailangan upang matiyak na ang lahat ng mga papasok na guro ng CTE ay makakatanggap ng induction programming. Ang mga pangunahing aspeto para sa itinuturing na paglago ng mga tauhan ng ISBE ay ang pag-recruit at paglahok ng mga indibidwal sa mga inalok na landas ng CTE at ang pagdaragdag ng isang pormal na mentoring program na espesipiko sa CTE. Kailangan ang mga binuong sesyon at nilalaman para sa mga alternatibong lisensyadong guro bilang isang bahagi para sa induction program.

Ang mga karagdagang pagsisikap sa pag-recruit at pagpapanatili ay espesipikong nakatutok sa mga gurong mula sa ibang lahi. Ang inisyatibong Diverse and Learner Ready Teacher (DLRT), na pinamumunuan ng Council of Chief State School Officers (CCSSO), ay nagsimula noong tagsibol ng 2018 at nakatuong gawing iba-iba ang hanay ng mga guro at tiyaking makibahagi ang lahat ng mga guro sa pagtuturong tumutugon sa kultura. Halos isang taon pagkatapos ng pagkakatatag nito, ang Illinois ay nasa gitna ng pagbuo ng mga pamantayan sa pagtuturong tumutugon sa kultura. Habang ang Estado ay kumikilos patungo sa isang pamamaraan sa pag-aaral na nakabase sa kakayahan, ang mga pamantayang ito ay gagamitin upang ipaalam ang pagbuo ng mga katangiang tumutugon sa kultura para sa pre-service at in-service na mga nagtuturo. Simula 2020, ang mga pamantayan/kakayahan ay isasama sa propesyonal na pag-aaral para sa mga in-service na tagapagturo at sa mga programa ng paghahanda para sa mga nagnanais maging guro, at gagamitin rin upang himukin ang paglikha ng mga plano sa pag-recruit at pagpapanatili para sa mga kandidatong guro sa mga institusyon ng mataas na edukasyon at para sa mga guro sa pampublikong paaralan ng Illinois.

Propesyonal na pag-aaral upang mapahusay ang pagtuturo para sa mga espesyal na populasyon

Ang induction programming na inaalok ng mga panrehiyong konsorsyum at mga organisasyon ng karera at teknikal na propesyonal ay karaniwang may kakaunting panahon para maisama ang ilang mga espesyal na grupo ng populasyon, na kadalasang nakasentro sa pagkikipagtulungan sa mga mag-aaral na may kapansanan. Isang prayoridad ng ISBE ang maglingkod sa lahat ng mga mag-aaral, gaya ng nakasaad sa pahayag ng pananaw (vision statement). Sa pagsisikap na kumilos tungo sa paglingkod sa lahat ng mga mag-aaral, pagtutuunan ng pansin ang propesyonal na pag-aaral ng mga baguhan at bihasang tagapagturo, mga direktor ng CTE, mga coordinator ng EFE, at tauhan ng ISBE na nakatuon sa pag-recruit, pagpapanatili, at pakikipagtulungan sa mga mag-aaral mula sa mga espesyal na populasyon. Sa SFY20, ang mga EFE coordinator ay kinakailangang lumahok at maglaan para sa mga propesyonal na oportunidad sa pag-aaral para sa faculty at tauhan ng CTE na may kaugnayan sa mga espesyal na populasyon o Universal Design for Learning.

Ang mga tagapangasiwa ng programa ng ISBE ay makikipagtulungan sa mga kontratista at mga kaugnay na tagapangasiwa ng tatanggap ng kaloob upang maipabatid ang prayoridad para sa propesyonal na pag-aaral nang mapahusay ang pagtuturo para sa mga espesyal na populasyon habang ang mga aplikasyon para sa pagpopondo ay binubuo. Habang binubuo ang mga RFP at karagdagang mga oportunidad sa pagpopondo, ang mga karapat-dapat na mga aplikante ay kinakailangang magsumite ng isang estratehikong plano upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga guro na tutugon sa pagtuturo sa mga espesyal na populasyon. Kabilang sa plano ang mga tagapagpahiwatig para tukuyin ang pag-access at mga balakid ng mga espesyal na populasyon sa CTE programming pati na rin ang mga estratehiyang nakabase sa pananaliksik para matugunan ang magkakaibang mga pangangailangan ng mga espesyal na populasyon. Ang mga estratehiya para sa kalidad na propesyonal na pag-aaral ay kinabibilangan ng, Universal Design for Learning, iba-ibang pagtuturo, at pagkakapantay-pantay at pagsasanay na tumutugon sa kultura. Ang prayoridad sa propesyonal na pag-aaral para mapahusay ang pagtuturo sa mga espesyal na populasyon ay ipaalam sa larangan sa pamamagitan ng mga dokumentong pang-gabay at propesyonal na pag-unlad. Mayroong pagtutok sa buong ahensya sa koleksyon ng mga datos na may kaugnayan sa programming na pinondohan sa pamamagitan ng ISBE. Ang pokus na ito ay isasalin din sa mga oportunidad sa propesyonal na pag-aaral na suportado ng ISBE. Inaasahan sa ISBE na ang mga nagsusuri ng mga aplikasyon at panukala sa pagpopondong kaugnay sa karera at teknikal na edukasyon ay titiyaking nakokolekta at naipapaliwanag ang mga datos sa paraang makakapagbigay ng pagsusuri sa kalidad at epekto sa mga nag-aaral.

Kulang sa kaalaman ang faculty, tauhan, at tagapangasiwa, tauhan ng ISBE, at mga coordinator ng EFE tungkol sa paggamit at pagpapatupad ng Universal Design for Learning (UDL). Ang pagtatasang ito ay ginawa sa pamamagitan ng direktang pagtatanong tungkol sa dating kaalaman at antas ng ginhawa sa UDL at mga pagpupulong kung saan naroroon ang mga miyembro mula sa mga grupong ito. Ang UDL ay lalo nang mahalaga sa estado ng Illinois dahil may malawak na pagkakaiba-iba sa edad ng mga pasilidad ng programa sa edukasyon at CTE, na humantong sa pagkakabukod-bukod ng pag-access dahil sa mga pahintulot para sa "hindi pagsaklaw" ng mga mas lumang pasilidad. Habang nagkakaroon ng mga oportunidad sa pagpopondo, tutugunan ng mga oportunidad sa propesyonal na pag-aaral ang iba't ibang antas ng kaalaman na may kaugnayan sa UDL upang suportahan ang pagpapatupad ng mga alituntunin ng UDL sa mga silid-aralan ng CTE sa Illinois.

Kinakailangan ang mga kolehiyo na magsagawa ng mga aktibidad na nakatuon sa pag-recruit at pagpapanatili ng faculty at tauhan ng CTE, kabilang ang mga taong mula sa mga grupong hindi sapat ang kinatawan. Kinakailangan din silang magbigay ng tulong sa faculty na lumilipat sa pagtuturo sa unang pagkakataon, at tumulong rin sa kanila na maunawaan ang pamamaraan at kasanayan sa pagtuturo (pedagogy) at mga kinagawian. Inaatas din ng ICCB sa mga kolehiyong magsagawa ng mga aktibidad na magbibigay ng mga oportunidad sa propesyonal na pag-aaral sa faculty, mga tagapayo, at mga tagapangasiwa ukol sa mga sumusunod na paksa: paggamit ng pangkalahatang balangkas ng disenyo, pagsasama ng akademiko at CTE, pagbibigay ng angkop na kaluwagan para sa mga espesyal na populasyon ng mga mag-aaral, at mga kasanayan sa pagtuturo kabilang ang mga maasahang kinagawian na makakapuno sa mga kakulangan sa pakikilahok at pagganap ng mag-aaral.

Ipagpapatuloy ng ISBE at ICCB ang CTE Counseling Academy, isang tatlong bahagi na serye ng propesyonal na pag-aaral kung saan ang mga tagapayo, advisor, at iba pang mga suporta sa mag-aaral na mga propesyonal ang maaaring matuto ng mga estratehiya sa pagsuporta at pagpapalawak ng mga oportunidad para sa mga mag-aaral ng espesyal na populasyon. Bilang karagdagan, ang ISBE at ICCB ay nakikipagtulungan sa Illinois Center for Specialized Professional Support (ICSPPS) upang lumikha, sumuporta, at magbigay ng propesyonal na pag-aaral para sa karera at teknikal na mga propesyonal sa buong Illinois.

Habang mayroong matibay na ugnayan ng propesyonal na pag-aaral para sa karera at teknikal na mga gurong na may maraming mga panlabas na ka-partner na sumusuporta sa mga gawaing ito, mayroong pagkakataon para sa pagsulong ng mga oportunidad sa propesyonal na pag-aaral na may mas nakatutok na mga pagsisikap na kinakailangan para sa pagpapanatili ng mga alternatibong lisensyadong tagapagturo at pagdaragdag ng mga paksang may kaugnayan sa mga bagong populasyon na itinalaga bilang mga espesyal na populasyon. Ang ISBE ay nakatuon sa mas mahigpit at matatag na mga koleksyon ng datos na may kaugnayan sa mga pagtatasa sa pangangailangan, kalidad ng programming, at mga benepisyo ng mga inisyatibo at programming sa mga guro at mag-aaral.

C. Piskal na Responsibilidad

1. Ilarawan ang mga pamantayan at proseso para sa kung paano aaprubahan ng karapat-dapat na ahensya ang mga karapat-dapat na tatanggap para sa mga pondo sa ilalim ng Batas na ito, kasama ang kung paano—

Ang sistema ng paghahatid ng Secondary CTE ay suportado ng 56 na panrehiyong Education for Employment (EFE) System. Ang EFE Systems ay konsorsyum ng 852 na lokal na distrito ng paaralan at 24 na Area Career Center na batay sa mga heograpikong rehiyon sa Illinois. Ang sistema ng EFE ay ginawa upang matiyak na ang mga programang panlalawigan o mga programang hindi makakabuo ng \$15,000 ay makakatanggap pa rin ng mga serbisyo. Ang bawat EFE ay may kasamang board of control, na binubuo ng mga tagapamahala ng distrito na gumagawa ng isang Intergovernmental Agreement (IGA) para tumulong sa pagpapatupad ng kanilang sistema ng EFE. Ang gawain at tungkulin ng sistema ng EFE ay tumulong sa paghahatid ng karera at teknikal na edukasyon sa pamamagitan ng:

- 1) Pagtugon sa Mga Panuntunan ng Kalidad, Pag-access at Kahusayan
- 2) Paglingkod sa Sapat na Dami ng Populasyon
- 3) Paggamit ng Impormasyon sa Merkado ng Paggawa
- 4) Gawaing May Kaugnayan sa Negosyo at Industriya
- 5) Gawaing May Kaugnayan sa Ibang Pampubliko at Pribadong Ahensya

Ang mga kwalipikadong tatanggap ng Postsecondary CTE ay kinabibilangan ng lahat ng 48 kolehiyo sa Illinois Community College System.

Ang mga karapat-dapat na tatanggap ay kailangang magsumite ng isang apat na taong lokal na aplikasyon na tumutugon sa mga sumusunod para maaprubahan sa pagpopondo ng ISBE at ICCB; dapat matugunan ng lokal na aplikasyon ang mga sumusunod na kinakailangan:

1. Isang nakumpletong Komprehensibong Pagtatasa ng mga Lokal na Pangangailangan (Appendix R), kabilang ang mga kasiguruhan na ang lahat ng kailangang ka-partner ay angkop na nakikibahagi. Ang Komprehensibong Pagtatasa ng mga Lokal na Pangangailangan ay isusumite bago ang SFY2021 at SFY2023.
2. Taunang Badyet: Ang mga tatanggap ng kaloob ay taunang magsusumite ng badyet, na nagdedetalye ng mga iminungkahing paggasta sa bawat piskal na taon. Ang mga alokasyon para sa sekundaryo at postsecondary na tatanggap ay natutukoy sa pamamagitan ng isang pormula na naka-detalye sa Seksyon 2-7 sa ibaba.
3. Para sa mga piskal na taong 2022, 2023, at 2024 ng estado, lahat ng mga karapat-dapat na tatanggap na hindi nakaabot sa mga tinukoy ng estado na antas ng pagganap ay magkukumpleto at magsusumite ng isang Plano ng Pagpapahusay ng Pagganap (Performance Improvement Plan) na makakatulong sa kanilang lokal na aplikasyon. Dapat ay kayang suportahan ng mga mapagkukunan ang mga aktibidad sa pagpapahusay ng pagganap.

Ang Lokal na Aplikasyon ay isusumite sa tagsibol ng 2020, ngunit ang mga pagbabago ay maaaring isumite taun-taon pagkatapos ng unang taon ng programa.

Ang bawat karapat-dapat na tatanggap ng pondo ay kailangang magkumpleto ng Programmatic Risk Assessment sa bawat Grant Accountability and Transparency Act (GATA) at pederal na Uniform Administrative Requirements, Cost Principles, at Audit Requirements for Federal Awards (2 CFR Part 200). Ang balangkas ng pagtatasa sa panganib ng programa (nakalista sa ibaba) at mga espesipikong katanungan tungkol sa programa ay nagsusuri ng kakayahan ng aplikante na matagumpay na maisagawa ang tinukoy na programa.

- Ang limitadong karanasan sa programa, mga protokol at panloob na mga kontrol na namamahala sa paghatid ng programa ay nakakapagpataas ng profile ng panganib ng isang aplikante patungkol sa programa.
- Ang mga katanungan sa pagtatasa sa panganib patungkol sa programa ay nagsusuri ng kakayahan ng aplikante na matagumpay na maisagawa ang tinukoy na programa
- Maaring kailanganin ng profile ng panganib patungkol sa programa ang mga karagdagang kundisyon ukol sa kaloob na tulong upang mabuo ang kakayahan ng entidad na maihatid at/o mapangasiwaan ang programa para sa kaloob

a. ang bawat karapat-dapat na tatanggap ay magtataguyod ng pang-akademikong tagumpay;

Ang bawat karapat-dapat na tatanggap ay magkukumpleto at magsusumite ng Komprehensibong Pagtatasa ng mga Lokal na Pangangailangan at Lokal na Aplikasyon gaya ng inilarawan sa itaas. Kakailanganin ng mga ito sa karapat-dapat na tatanggap na ipakita kung paano nila itataguyod ang pang-akademikong tagumpay. Bilang karagdagan, ang mga tatanggap ay magsusumite ng Plano sa Pagpapahusay ng Pagganap (Performance Improvement Plan) ukol sa kanilang mga estratehiya sa pagtugon sa kakulangan ng mga hakbang sa pagganap, kabilang ang kung paano matutugunan ang mga kawalan ng pagkakapantay-pantay.

b. ang bawat karapat-dapat na tatanggap ay magtataguyod ng pagtatamo ng kasanayan, kabilang ang pagtatamo ng kasanayan na hahantong sa isang kinikilalang postsecondary na kredensyal; at

Ang Komprehensibong Pagtatasa ng mga Lokal na Pangangailangan at ang Lokal na Aplikasyon gaya ng inilarawan sa itaas. Kakailanganin ng dalawang ito sa karapat-dapat na tatanggap na ipakita kung paano nila itataguyod ang pagtatamo ng kasanayan, kabilang ang pagtatamo ng kasanayan na hahantong sa isang kinikilalang postsecondary na kredensyal, sa pamamagitan ng pagsusulong ng mga oportunidad sa maagang pag-credit sa kolehiyo.

c. titiyakin ng bawat karapat-dapat na tatanggap ang pagtatasa ng lokal na pangangailangan sa ilalim ng seksyon 134 na kinokonsidera ang mga lokal na pangangailangang pang-ekonomiya at edukasyon, kabilang, kung naaangkop, ang in-demand na mga sektor at trabaho. (Seksyon 122(d)(5) ng Perkins V)

Kakailanganin ng Komprehensibong Pagtatasa ng mga Lokal na Pangangailangan sa mga karapat-dapat na tatanggap na suriin ang mga lokal na pangangailangang pang-ekonomiya at edukasyon, kabilang ang isang masusing pagsusuri sa merkado ng paggawa ng mga in-demand na sektor at trabaho. Ang pagsusuring ito ay magbibigay-alam tungkol sa mga inaalok na programang susuportahan ng pagpopondo ng Perkins.

2. Ilarawan kung paano ipapamahagi ng karapat-dapat na ahensya ang pondong natanggap sa pamamagitan ng paglalaan na ipinatupad sa ilalim ng seksyon 111 ng Batas-

a. sa karera at teknikal na edukasyon sa sekundaryong antas, o karera at teknikal na edukasyon sa postsecondary at may sapat na gulang na antas, o pareho, kabilang ang kung paano ang naturang pamamahagi ay magiging napakapektibo sa pagbigay sa mga mag-aaral ng mga kasanayang kinakailangan upang magtagumpay sa lugar ng trabaho; at

b. sa anumang konsorsyum na maaaring mabuo sa mga sekundaryong paaralan at karapat-dapat na institusyon, at kung paano ibabahagi ang mga pondo sa mga miyembro ng konsorsyum, kabilang ang dahilan sa naturang pamamahagi at kung paano ito mabisang makapagbibigay sa mga mag-aaral ng

mga kasanayang kinakailangan upang magtagumpay sa lugar ng trabaho. (Seksyon 122 (d) (8) ng Perkins V)

Upang mapalawak ang pag-access sa mga aktibidad tungo sa isang kinikilalang postsecondary na kredensyal o anumang kredensyal na kinikilalang sertipiko sa industriya o sertipikasyon o nadadala at naisasalansan patungo sa isang mataas na sahod, mataas na kasanayan in-demand na trabaho, ang ISBE ay nagbibigay-daan para sa pinalawak na oportunidad sa pagpopondo. Maingat na konsiderasyon ang ibinibigay sa paghihiwalay ng pondo sa sekundaryo at postsecondary, na may pagsasaalang-alang sa pag-enrol ng mag-aaral, mga kinakailangan ng Perkins V, mga lokal na pangangailangan, at mga oportunidad sa programming.

Malawak at makabago ang pamamaraan ng Illinois sa paggamit ng mga pondo para sa karera at teknikal na edukasyon at nagbibigay-daan sa kakayahang umangkop upang matugunan ang mga natatanging pangangailangan ng mga mag-aaral, tagapagturo, at tagapag-empleyo.

Sa pamamagitan ng paglalaan na ginawa sa ilalim ng Seksyon 111 ng Batas,

- minimum na 85%, ibabawas ang anumang pondo na nakalaan, ang ibabahagi sa mga lokal na karapat-dapat na ahensya sa sekundaryo at postsecondary na mga antas;
- hindi hihigit sa 10% ang gagamitin para sa mga aktibidad ng pamumuno ng estado, kabilang ang 2% upang magsilbi sa mga indibidwal sa mga institusyon ng estado;
 - hindi bababa sa \$60,000 at hindi hihigit sa \$150,000 para sa mga serbisyong naghahanda ng Hindi Tradisyunal na Pagsasanay at Trabaho, at
 - \$50,000 para sa pag-recruit sa mga Espesyal na Populasyon,
- hindi hihigit sa 5% ng mga pondo ang gagamitin para sa pangangasiwa ng estado sa plano. Ang mga pondong Administratibo ng Estado ay magbibigay ng mga aktibidad sa pamumuno at suporta para sa sekundaryo at postsecondary na edukasyon.

Susuriin ng ISBE ang pamamahaging ito sa mga distrito/EFE para sa SFY2020-2021 batay sa mga prinsipyo ng pagkakapantay-pantay ng Illinois at tinitingnan ang pamamaraan ng Pagpopondo Batay sa Ebidensya.

3. Para sa paparating na taon ng programa, magbigay ng tiyak na mga paglalaan ng dolyar na magagamit ng karapat-dapat na ahensya para sa mga programa sa karera at teknikal na edukasyon at mga programa ng pag-aaral sa ilalim ng seksyon 131 (a) - (e) ng Batas at ilarawan kung paano ipinamamahagi ang mga paglalaan na ito sa lokal na ahensyang pang-edukasyon, mga larangan ng karera at teknikal na mga paaralang pang-edukasyon at mga ahensya ng serbisyong pang-edukasyon sa loob ng Estado. (Seksyon 131(g) ng Perkins V)

Tingnan ang Appendix T para sa SFY2021 na mga Alokasyon ng EFE.

Ang karapat-dapat na tatanggap ng mga alokasyon ay matutukoy sa pamamagitan ng paggamit ng tinantyang heograpiyang datos ng Census Bureau at ng pederal na pormula batay sa dalawang mga salik (tingnan sa ibaba).

- 30% ng alokasyon ay ibibigay sa naturang mga lokal na ahensya ng edukasyon ayon sa bilang ng mga indibidwal na may edad 5-17 at
- ang 70% ay ilalaan sa naturang mga lokal na ahensya ng edukasyon ayon sa bilang ng mga indibidwal na may edad na inklusibong 5-17, na naninirahan sa distrito ng paaralan na

pinaglingkuran ng nasabing lokal na ahensya ng edukasyon at mula sa mga pamilya na mas mababa pa sa antas ng kahirapan.

Ang bawat karapat-dapat na sekundaryong tatanggap ay magtatamo ng alokasyon sa pamamagitan ng Web Application Security electronic grant management system (eGMS) ng ISBE. Ang bawat halaga ng alokasyon ng karapat-dapat na tatanggap ay maikakarga sa eGMS para ma-access ng bawat institusyon at maisumite ang kanilang aplikasyon kabilang ang kanilang badyet.

Isinasaalang-alang ng ISBE ang pagsusumite ng waiver sa kasalukuyang pormula at pagtatatag ng isang bagong pormula sa pagpopondo na nakabase sa mga prinsipyo ng pagkakapantay-pantay at matatagpuan sa EBF. Isang bagong pormula ang magkokonsidera sa populasyon ng isang distrito, antas ng kita (kahirapan), antas ng kasapatan ng pondo, bilang ng mga mag-aaral na naka-enrol sa mga kurso ng CTE at CTE credit na natamo ng mag-aaral.

4. Para sa paparating na taon ng programa, magbigay ng espesipikong mga alokasyon ng dolyar na magagamit ng karapat-dapat na ahensya para sa mga programa sa karera at teknikal na edukasyon at mga programa ng pag-aaral sa ilalim ng seksyon 132 (a) ng Batas at ilarawan kung paano ipinamamahagi ang mga alokasyong ito sa mga karapat-dapat na institusyon at konsorsyum ng mga karapat-dapat na institusyon sa loob ng Estado.

Ang postsecondary na bahagi ng alokasyon ng estado ay ipinamamahagi ayon sa pormula. Ang mga kolehiyong pang-komunidad ay tumatanggap ng mga alituntunin ukol sa kaloob at alokasyon mula sa ICCB. Sa pagpapasya tungkol sa saklaw ng trabaho at badyet, dapat silang kumuha ng pahintulot mula sa kanilang mga lupon ng tagapamahala ukol sa kanilang panukala at kung paano gagamitin ang mga pondo ayon sa mga alituntunin sa lokal na kaloob. Dapat magsumite ang mga kolehiyong pang-komunidad ng kanilang mga panukala sa ICCB tungkol sa kaloob para maaprubahan. Walang kolehiyong pang-komunidad ang makakatanggap ng alokasyong bababa sa halagang \$50,000. Ang mga alokasyon sa mga distrito ng kolehiyong pang-komunidad ay pinagpasyahan ayon sa mga sumusunod na pormula: Ang bawat karapat-dapat na institusyon o konsorsyum ng mga karapat-dapat na institusyon ay dapat na maglaan ng isang halaga na may parehong kaugnayan sa bahagi ng mga pondo na magagamit sa ilalim ng seksyon 112 (a) (1) upang maisagawa ang seksyong ito para sa anumang taon ng piskal ng estado bilang kabuuan ng bilang ng mga indibidwal na tatanggap ng pederal na Pell Grant na nakatala sa isang programa ng CTE ng nasabing institusyon sa naunang taon ng piskal ng estado na naaayon sa kabuuan na bilang ng mga naturang tatanggap na nakatala sa mga nasabing programa sa loob ng estado para sa nasabing taon.

Tingnan ang Appendix U para sa mga alokasyon sa mga kolehiyong pang-komunidad.

5. Ilarawan kung paano i-aakma ng karapat-dapat na ahensya ang mga datos na ginamit upang gumawa ng mga alokasyon na magpapakita ng anumang pagbabago sa mga limitasyon ng distrito ng paaralan na maaaring nangyari mula nang nakolekta ang datos sa populasyon at/o mga nagpatala, at kinabibilangan ng mga ahensya ng lokal na edukasyon na walang mga limitasyon sa heograpiya, tulad ng mga charter na paaralan at mga sekundaryong paaralan na pinopondohan ng Bureau of Indian Education. (Seksyon 131(a)(3) ng Perkins V)

Bawat taon sinusuri ng ISBE ang datos mula sa Census Bureau at inaayos ang alokasyon upang mapaunlakan ang mga pagbabago sa populasyon at kahirapan. Ang mga State Charter na Paaralan ay kasama sa mga serbisyong ito. Ang lahat ng mga State Charter na Paaralan ay nagsisilbi bilang sarili nilang

LEA, habang ang ibang mga Charter na Paaralan ay pinaglilingkuran sa distrito ng paaralan. Titiyakin ng ISBE na kasama ang mga State Charter na Paaralan na naglilingkod sa mga mag-aaral sa ika-5-12 baitang.

- 6. Kung ang karapat-dapat na ahensiya ay magsusumite ng isang aplikasyon para sa waiver sa pormula ng alokasyon sa sekondaryo na inilarawan sa seksyon 131(a) -**
- a. isama ang isang panukala para sa naturang alternatibong pormula; at**
 - b. ilarawan kung paano ipinapakita ng waiver na ang iminungkahing alternatibong pormula ay mas mabisang umaasinta sa pondo batay sa kahirapan (gaya ng tinukoy ng Office of Management and Budget at binabago taun-taon alinsunod sa seksyon 673 (2) ng Community Services Block Grant Act (42 U.S.C. 9902 (2)) sa mga lokal na ahensiya ng edukasyon kasama ang Estado. (Seksyon 131 (b) ng Perkins V)**

Ilagay din kung ito ay isang kahilingan sa waiver kung saan natanggap mo ang pag-apruba sa ilalim ng naunang Carl D. Perkins Career at Technical Education Act of 2006 (Perkins IV).

Ang ISBE ay hindi nagsumite ng kahilingan sa waiver sa ilalim ng Perkins IV. Maaaring humiling ang ISBE ng isang waiver para sa isang alternatibong pormula para sa Perkins V. Kahit paano, ang alternatibong pormula ay maikokonsidera na isang pormula ng Pagpopondo Batay sa Ebidensya. Ang mga pagpapasiyang ito ay magaganap sa SFY2020.

Ang mga tauhan ng ISBE CTE and Innovation ay makikipagtulungan sa Kagawaran ng Pananalapi ng ISBE upang maghanap ng isang kahawig na modelo para sa pagpopondo ng CTE.

- 7. Kung ang karapat-dapat na ahensiya ay magsusumite ng aplikasyon para sa waiver sa pormula ng postsecondary na alokasyon na inilarawan sa seksyon 132 (a) -**
- a. ilagay ang isang panukala para sa naturang alternatibong pormula; at**
 - b. ilarawan kung paanong hindi nagreresulta sa pamamahagi ng mga pondo sa mga karapat-dapat na institusyon o konsorsyum ng Estado na may pinakamataas na bilang ng mga mahihirap na indibidwal at ang isang alternatibong pormula ay magreresulta sa naturang pamamahagi. (Seksyon 132(b) ng Perkins V)**

Ilagay din kung ito ay isang kahilingan sa waiver kung saan natanggap mo ang pag-apruba sa ilalim ng naunang Carl D. Perkins Career at Technical Education Act of 2006 (Perkins IV).

Hindi ilalaan ng Illinois ang mga pondo sa anumang konsorsyum na nabuo sa mga postsecondary na institusyon gaya ng inilarawan sa Seksyon 132 (a). Ang waiver na ito ay hindi hiniling sa ilalim ng naunang Carl D. Perkins Career and Technical Education Act of 2006 (Perkins IV).

- 8. Ibigay ang piskal na pagsisikap ng Estado sa bawat mag-aaral, o mga pinagsama-samang gastusin para sa Estado, na magtatatag ng batayan para sa taunang pagpapasiya ng Kalihim sa kung napapanatili ng Estado ang piskal na pagsisikap at ipahiwatig kung ang batayan ay isang patuloy na antas o bagong antas. Kung ang batayan ay bago, mangyaring magbigay ng piskal na pagsisikap para sa bawat mag-aaral, o mga pinagsama-samang gastusin para sa Estado, para sa nakaraang piskal na taon. (Seksyon 211 (b) (1) (D) ng Perkins V)**

Kung ang estado ay hindi nakakatugon sa Maintenance of Effort (MOE) batay sa mga pinagsama-samang gastusin, dapat gawin ang pagkalkula ayon sa bawat mag-aaral.

Ang Bilang ng Mag-aaral ay kukunin mula sa Pinagsamang Taunang Ulat ayon sa kahilingan ng Perkins V. Ang pang-matagalang Mga Mag-aaral ng Sekundaryong Karera at Teknikal na Edukasyon ay ibabatay sa pag-enrol ng mga concentrator ng Karera at Teknikal na Edukasyon. Ang pangmatagalang Postsecondary na Pagpapatala ay ibabatay sa pag-enrol ng mga concentrator ng Karera at Teknikal na Edukasyon.

Ang kabuuang pinagsama-samang gastusin (dating kinalkula) ay nahahati ayon sa kabuuang bilang ng mga pangmatagalang mag-aaral sa sekundaryo at postsecondary.

Takdang panahon - Kailangang gawin ang pagpapasiya bago igawad ang kaloob sa Hulyo 1, dahil ang mga nakaraang pagpapatala sa piskal na taon na hindi naberipika hanggang Disyembre 31, isang paunang pagpapasiya ang gagawin sa Hulyo 1. Ang paunang pagpapasiyang ito ay ibabatay sa pinakabagong datos ng pagpapatala at mga gastusin na gagamitin upang matukoy ang mga nakaraang gastusin ng bawat mag-aaral sa piskal na taon. Pagsapit ng Disyembre 31, isang huling pagpapasiya ang gagawin para sa kasalukuyang piskal na taon gamit ang aktwal na datos ng pagpapatala at mga gastusin ng nakaraang dalawang taon.

D. Pananagutan sa Mga Resulta

- 1. Tukuyin at isama ang hindi bababa sa isa (1) sa mga sumusunod na tagapagpahiwatig ng kalidad ng programa sa karera at teknikal na edukasyon -**
 - a. ang porsyento ng mga CTE concentrator (tingnan ang Text Box 6 para sa itinakdang kahulugan ng isang CTE concentrator ayos sa batas sa ilalim ng seksyon 3 (12) ng Perkins V) na nagtapos ng haiskul na nakakuha ng isang kinikilalang postsecondary na kredensyal;**
 - b. ang porsyento ng mga CTE concentrator na nagtapos ng haiskul na nakakuha ng mga postsecondary credit sa kaugnay na mga programa sa karera at teknikal na edukasyon at mga programa sa pag-aaral na nakuha sa pamamagitan ng isang dual o magkakasabay na mga programa ng pagpapatala o isa pang kasunduan sa paglilipat ng credit; at/o**
 - c. ang porsyento ng mga CTE concentrator na nagtapos ng haiskul na nakilahok sa pag-aaral na nakabase sa trabaho. (Seksyon 113(b)(2)(A)(iv)(I) ng Perkins V)**

Isama ang anumang iba pang (mga) sukatan ng tagumpay ng mag-aaral sa karera at teknikal na edukasyon sa buong estado, wasto, at maaasahan, at maihahambing sa buong Estado. (Seksyon 113 (b) (2) (A) (iv) (II) ng Perkins V) Mangyaring tandaan na ang pagsasama ng "iba pang" (mga) panukat ng kalidad ng programa ay opsyonal para sa mga Estado.

Ibigay ang kahulugan ng pagsukat ng karapat-dapat na ahensya gamit ang numerator at denominator para sa bawat tagapagpahiwatig ng kalidad na pipiliing gamitin ng karapat-dapat na ahensya.

Para sa sekundaryong tagapagpahiwatig ng kalidad ng programa, susukatin ng Illinois ang porsyento ng mga CTE concentrator na magtatapos ng haiskul na nakakuha ng mga postsecondary credit sa mga kaugnay na programa sa karera at teknikal na edukasyon at mga programa sa pag-aaral na natamo sa pamamagitan ng isang dual o magkakasabay na mga programa ng pagpapatala o isa pang kasunduan sa paglilipat ng credit.

Kakalkulahin ng Illinois ang:

Numerator: Ang walang kaparehong numero ng mga CTE Exiting Concentrator na matagumpay na pumasa sa anumang dual credit na kurso (anumang subject sa panahon ng kanilang ika-9 hanggang ika-12 baitang)

Denominator: Ang kabuuang bilang ng mga Exiting Concentrator **.

Ang kahulugan ng ** Exiting Concentrator ay isang nasa ika-11 baitang na magtatapos nang maaga, o sinumang mag-aaral na nasa kanilang ika-4 na taon o mas mataas mula nang unang natukoy bilang nasa ika-9 na baitang.

Pinili ng ISBE ang tagapagpahiwatig ng kalidad ng pagganap ng sekundaryong programang ito dahil ang pagsukat na ito ay kasalukuyang sinusubaybayan sa Illinois 'Student Information System (SIS) at sa pamamagitan ng isang kasunduan sa pagbabahagi ng datos sa ICCB.

Bilang karagdagan, ang taon ng eskwela na 2018-2019 ay ang unang taong sinubaybayan ng mga sekundaryang paaralan ng Illinois ang mga natamong postsecondary na kredensyal at ang pagsali ng mga estudyante sa pag-aaral na nakabase sa trabaho, kaya wala pang makukuhang batayan na datos. Hihilingin ng ISBE sa mga sekundaryong paaralan ng Illinois na magpatuloy na sumubaybay sa parehong mga postsecondary na kredensyal at pakikilahok ng mag-aaral na batay sa trabaho sa pamamagitan ng SIS bilang bahagi ng ESSA College and Career Readiness Indicator. Kapag mayroong tatlong taong batayan na datos, hihilingin ng ISBE sa mga lokal na tatanggap na magtakda ng mga layunin ng pagganap at mga target sa paglago para sa dalawang karagdagang mga tagapagpahiwatig ng kalidad ng sekundaryong programa.

2. Ilagay sa form sa Seksyon V.B. para sa bawat taong sakop ng plano ng Estado simula FY 2020, ang antas ng pagganap na tinukoy ng Estado para sa bawat isang sekundaryo at postsecondary na mga pangunahing tagapagpahiwatig, na may parehong mga antas ng pagganap sa lahat ng mga CTE concentrator sa Estado. (Seksyon 113(b)(3)(A)(I)(I) ng Perkins V): Tingnan ang attachment B: State Determined Performance Levels (SDPL) Form.

Ang mga kahulugan ng State Determined Performance Levels (SDPL) ayon sa Postsecondary CTE ay nakadetalde sa ibaba:

Pangunahing Tagapagpahiwatig ng Pagganap na 1P1: Postsecondary na Pagpapanatili at Placement

Ang porsyento ng mga concentrator ng CTE na, sa ikalawang quarter pagkatapos ng pagkumpleto ng programa, ay nananatiling naka-enrol sa postsecondary na edukasyon, nasa advanced na pagsasanay, serbisyong militar, o isang programa ng serbisyo na tumatanggap ng tulong sa ilalim ng title I ng National and Community Service Act of 1990 (42 U.S.C. 12511 et seq.), ay mga boluntaryo gaya ng inilarawan sa seksyon 5 (a) ng Peace Corps Act (22 U.S.C. 2504 (a)), o inilagay o nanatili sa trabaho.

- Numerator: Ang bilang ng mga indibidwal sa denominator na nung ikalawang quarter pagkatapos ng pagkumpleto ng programa ay nasa isang postsecondary na edukasyon o advanced na pagsasanay, serbisyong militar o isang programa ng serbisyo, na tumatanggap ng tulong sa ilalim ng Title I ng National Community Service Act o nagtatrabaho.
- Denominator: Bilang ng mga indibidwal na nakatamo ng 12 Credit sa CTE sa pamamagitan ng pagsusumite ng antas ng kurso sa ICCB (AC) O nakakumpleto ng isang CTE Degree o Sertipiko

ngunit nakakuha ng mas mababa sa 12 CTE credit ng isang grupo ng mag-aaral sa isang taon (cohort year).

TANDAAN: Ang mga kasalukuyang pamamaraan ng koleksyon para sa panukalang ito ay nakakakuha ng impormasyon tungkol sa mga nasa postsecondary na edukasyon o nagtatrabaho para sa numerator. Hindi masuri ng aming kasalukuyang proseso ang iba pang mga item (tulad ng, advanced na pagsasanay, militar o ibang programa ng serbisyo, atbp.).

Pangunahing Tagapagpahiwatig ng Pagganap na 2P1: Kredensyal, Sertipiko o Degree

Ang porsyento ng mga concentrator ng CTE na tumanggap ng isang kinikilalang postsecondary na kredensyal sa panahon ng paglahok sa o sa loob ng 1 taong pagkumpleto ng programa

- Numerator: Bilang ng mga CTE concentrator mula sa denominator na nakatanggap ng isang degree, sertipiko, o kredensyal sa industriya na naaprubahan para sa isang espesipikong programa ng CTE sa nakaraang taon ng pag-ulat o sa loob ng isang taon ng pagkumpleto ng programa
- Denominator: Bilang ng mga indibidwal na nakatamo ng 12 Credit sa CTE sa pamamagitan ng pagsusumite ng antas ng kurso sa ICCB (AC) O nakakumpleto ng isang CTE Degree o Sertipiko ngunit nakakuha ng mas mababa sa 12 CTE credit ng isang grupo ng mag-aaral sa isang taon (cohort year).

TANDAAN: Ang mga kasalukuyang pamamaraan ng koleksyon para sa panukalang ito ay nakakakuha ng impormasyon tungkol sa mga nakatanggap ng degree o sertipiko bilang bahagi ng postsecondary na programa. Ang iba pang mga kredensyal na kinikilala ng industriya ay hindi nakakuha sa kasalukuyan.

Pangunahing Tagapagpahiwatig ng Pagganap na 3P1: Hindi tradisyonal na Pag-enrol sa Program

Ang porsyento ng mga CTE concentrator sa mga programa sa karera at teknikal na edukasyon at mga programa ng pag-aaral na humantong sa mga di-tradisyunal na larangan.

- Numerator: Bilang ng mga CTE concentrator na kulang ang kinatawan (under-represented) sa hindi tradisyunal na mga programa ng CTE sa taon ng pag-uulat (reporting year).
- Denominator: Bilang ng mga indibidwal na nakatamo ng 12 Credit sa CTE sa pamamagitan ng pagsusumite ng antas ng kurso sa ICCB (AC) O nakakumpleto ng isang CTE Degree o Sertipiko ngunit nakakuha ng mas mababa sa 12 CTE credit ng isang grupo ng mag-aaral sa isang taon (cohort year).

Kasama ang batayan na datos sa Appendix V.

3. Magbigay ng nakasulat na tugon ayon sa mga komento na ibinigay sa panahon ng pagkomento ng publiko na inilarawan sa seksyon 113 (b) (3) (B) ng Batas. (Seksyon 113(b)(3)(B)(iii) ng Perkins V)

Ang Pagkomento ng Publiko ay magaganap sa Taglagas ng 2019-Taglamig ng 2020. Kapag nagsimula ang parehong panahon ng pagkomento ng publiko, ibibigay ang nakasulat na tugon.

4. Ilarawan ang pamamaraan na ginamit ng kwalipikadong ahensya sa pagpasiya sa mga State determined levels of performance na inilarawan sa seksyon 113 ng Perkins V na dapat kinabibilangan man lang ng

- b. isang paglalarawan ng proseso para sa pagkomento ng publiko sa ilalim ng seksyon 113 (b) (3) (B) ng Perkins V bilang bahagi ng State determined levels of performance (tingnan ang Text Box 7 para sa mga itinakdang kakailanganin ayon sa batas para sa konsultasyon sa mga natukoy na antas ng Estado sa ilalim ng seksyon 113 (b) (3) (B) ng Perkins V);
- c. Isang paliwanag para sa State determined levels of performance; at
- d. Isang paglalarawan kung paano ang itinakdang state determined levels of performance ng karapat-dapat na ahensya ay nakaayon sa mga antas, hangarin, at layunin ng iba mga batas ng Pederal at Estado; at
- e. Bilang bahagi ng mga pamamaraan para sa pagtukoy ng State determined levels of performance, ilarawan ang proseso na gagamitin upang magtatag ng isang batayan para sa mga antas na iyon.

Ang State determined levels of performance, mga kaugnay na datos, at iba pang impormasyon ay inilabas para sa pagkomento ng publiko sa mga stakeholder, nang hindi bababa sa 60 araw, simula sa kalagitnaan ng Agosto 2019 hanggang Oktubre 2019 sa pamamagitan ng mga website ng ISBE at Perkins V ng ICCCB. Pagkatanggap ng mga sagot, maingat na susuriin at pag-aaralan ng ISBE at ICCB ang mga reaksyon nang may katiyakan at ng mga stakeholder, bago gumawa ng isang huling pagpapasiya ng SDLP gaya ng inilalarawan sa ibaba. Ang mga komento at nakasulat na tugon sa mga stakeholder ay isasama sa panghuling Plano ng Estado.

Mga pagsasaalang-alang para sa Pangalawang State-Determined Levels of Performance

Ang pangalawang State determined levels of performance na itinakda ng Illinois ay nakaayon sa maraming mga antas, hangarin, at layunin ng ISBE, pati na rin sa ibang mga batas Pederal at ng Estado. Sinusuportahan ng misyon ng Illinois State Board of Education ang buong bata, ang buong paaralan, at ang buong komunidad at nakatuon sa pagsusulong at pagpapatupad ng mga komprehensibong kasanayan, at mga programa na magtitiyak ng makatarungang pag-access sa kalidad para sa lahat ng mga mag-aaral sa estado. Sa pamamagitan ng pamumuhunan sa pagkakapantay-pantay, mapapakinabangan nang husto ng ISBE ang makakamit na edukasyon ng lahat ng mag-aaral, mga pagkakataon para magtagumpay sa trabaho, at mga kontribusyon sa kanilang mga komunidad, at sa gayon ay mapalakas ang buong estado.

Sa panahon ng proseso ng pagpapasya sa napiling State determined levels of performance (SDLP), malaking konsiderasyon ang ibinigay sa kung paano matutugunan ng mga antas ang mga iniaatas na nakasaad sa batas, kung paano susuportahan ng mga antas ang pagpapahusay ng mga concentrator ng CTE kabilang ang mga subgroup at mga espesyal na populasyon, pati na rin kung paano susuportahan ng mga antas ang mga pangangailangan ng edukasyon at manggagawa ng mga komunidad. Higit sa lahat, ang pagpili ng SDLP ay napagpasyahan ayon sa pangangailangan para sa pantay na pag-access ng mga mag-aaral ng Illinois.

Bilang karagdagan sa pagsubaybay at pag-uulat ng pag-usad ng mga pangunahing akademya (pagbasa/wika, matematika, at agham), pinili ng Illinois State Board of Education ang tagapagpahiwatig: *ang porsyento ng mga CTE concentrator na nagtapos ng haiskul na nakakuha ng mga postsecondary na credit kaugnay sa mga programa sa karera at teknikal na edukasyon at programa ng pag-aaral na nakuha sa pamamagitan ng isang dual o magkasabay na pagpapatala ng programa o isa pang kasunduan sa paglilipat gaya ng aming SDPL. Ang tagapagpahiwatig na ito ay gagamitin sa aming taunang koleksyon at pagsusumite ng*

data. Sa kasalukuyan, ito ang pinakamakatarungang oportunidad para sa mga mag-aaral ng Illinois. Bukod dito, sa antas ng lokal na Estado, pinili ng Illinois na mangolekta ng batayan na datos ayon sa *porsyento ng mga CTE concentrator na magtatapos ng haiskul na nakilahok sa pag-aaral na nakabase sa trabaho*. Ang mga datos na ito ay hindi isusumite, ngunit ang koleksyon ay magbibigay-daan sa Illinois upang higit pang suriin at palawakin ang mga oportunidad sa pag-aaral na nakabase sa trabaho para sa mga mag-aaral. Ang dalawang tagapagpahiwatig na ito ay nagbibigay ng pagkakataon upang magamit nang husto ang pagiging handa sa kolehiyo at karera.

Ang napiling antas ng pagganap ng estado para sa sekundaryo ay ipapakita ayon sa porsyento sa bawat natukoy na aspetong nakabalangkas sa State Determined Performance Levels (SDPL) Form, na kabilang ang pinagsama-samang batayan ng datos (kabuuang bilang ng mga CTE concentrator na natugunan ang kinakailangan). Ang proseso na ginamit upang maitaguyod ang mga batayan na datos ay kinabibilangan ng pagkuha ng datos ng nakaraang taon (AY 2018) at pagkalkula ng praksyon gamit ang bagong kakailanganing Perkins V. Bilang karagdagan, ang hiwa-hiwalay na datos ng mga subgroup at mga espesyal na populasyon maliban sa mga kategorya na may limitadong laki, ay nagbibigay-daan sa oportunidad para sa sistematikong pagpapahusay ng programa. Ang extent na datos ay makukuha at pahihintulutan ng kasalukuyang sistema ng koleksyon ng datos, bibigyan ng konsiderasyon ang paghiwa-hiwalay ayon sa CTE program o programa ng mga pag-aaral sa mga darating na taon. Sa kasalukuyan, limitado ang aming kakayahang mangolekta ng datos sa ilang mga aspeto, tulad ng militar at Peace Corps.

Mga pagsasaalang-alang sa Mga Postsecondary State-Determined Levels of Performance

Ang mga tinukoy na antas ng pagganap ng estado para sa mga tagapagpahiwatig ng postsecondary ay itinatag alinsunod sa Perkins V na gumagamit ng mga kahulugan na ibinigay at mga kinakailangan sa batas. Natukoy ang mga antas ng pagganap mula sa pagsusuri ng nakaraang pagganap sa ilalim ng Perkins IV at ang batayan ng datos ay tumatakbo para sa Perkins V. Ang batayan ng datos ay nagpapakita ng patuloy na pagpapahusay at pagsulong sa bawat kasunod na taon.

Ang Illinois State Board of Education (ISBE) at ang Illinois Community College Board (ICCB) ay naghost ng isang serye ng mga pagpupulong sa rehiyon upang ipakita ang impormasyon at mangolekta ng input kung paano palakasin ang pag-aaral na may kaugnayan sa karera para sa lahat ng mga mag-aaral sa Illinois. Ipinagbigay-alam ng feedback mula sa mga pinuno ng negosyo, komunidad, at edukasyon ang limang taong plano para sa career and technical education (CTE) sa estado.

Ang patuloy at pinahusay na pagganap sa ilalim ng Perkins V ay nakaayon sa layunin ng estado na 60% pagdating ng 2025 na makita ang 60% ng mga residente ng estado na may postsecondary degree pagsapit ng 2025. Ang pederal na muling pahintulot ng Perkins Act ay naglalaman ng mga oportunidad upang madagdagan ang mga koneksyon sa industriya ng mga mag-aaral, mas mahusay na pag-ayon ng mga sistema ng edukasyon at pagtatrabaho, dagdagan ang tagumpay ng mga batang hindi gaanong napagsilbihan, at palawakin at suportahan ang mga makabagong kasanayan.

Bilang bahagi ng proseso ipagsasama at susuriin ang karagdagang pagkomento ng publiko. Ang pagkomento ng publiko sa ilalim ng seksyong ito ay isang bahagi ng mas malaking proseso upang tipunin ang komento ng publiko sa plano.

Bago ang ikatlong taon ng plano ng Illinois Perkin's V, bibigyan ng atensyon ang pangangailangan para sa pagbabago ng mga antas ng pagganap, nang matugunan ang lahat ng mga kinakailangan tulad ng tinukoy ng batas, kabilang ang mga pagkomento ng publiko. Ang mga pagbabago ay pinapayagan ayon sa batas, maliban sa pagpapatupad ng isang plano sa pagpapahusay, kung kinakailangan dahil sa kakulangan sa pagsulong

Alinsunod sa anumang pagbabago sa mga antas ng pagganap, ang Estado ay dapat:

- magsaalang-alang kung paano maihahambing ang mga kabilang na antas sa mga antas ng pagganap ng Estado na itinatag para sa ibang mga Estado, na kinokonsidera ang mga salik kasama ang mga katangian ng aktwal na (bilang salungat sa inaasahan) mga concentrator ng CTE nang pumasok sa programa ang mga concentrator ng CTE, at ang mga serbisyo o pagtuturo na ibibigay.
- maging mas mataas kaysa sa karaniwang aktwal na pagganap ng dalawang pinakabagong nakumpletong mga taon ng programa.
- isaalang-alang ang lawak kung saan ang mga antas ng pagganap na tinukoy ng Estado ay nagsusulong sa mga layunin ng karapat-dapat na ahensya, tulad ng itinakda ng Plano ng Estado
- ang binagong mga antas ay dapat isumite sa Kalihim para sa pag-apruba at pagkatapos ay isasama sa Plano ng Estado.

Sakaling may mga hindi inaasahang pangyayari sa Estado, o mga pagbabagong naganap na may kaugnayan sa mga pagpapahusay sa datos o pamamaraan ng pagsukat, maaaring baguhin ng ahensya ang State determined levels of performance pagkatapos ng kinakailangang pagkomento ng publiko. Ang ahensya ay dapat magsumite ng nasabing katibayan na sumusuporta sa pagbabago sa Kalihim, at dapat aprubahan ng Kalihim ang anumang nasabing pagbabago kung ang pagbabago ay nakakatugon sa kahilingan tulad ng inilarawan sa batas.

5. Ilarawan kung paano matutugunan ng karapat-dapat na ahensya ang mga pagkakaiba o kakulangan sa pagganap tulad ng inilarawan sa seksyon 113(b)(3)(C)(ii)(II) ng Perkins V sa bawat taon ng plano, at kung walang makahulugang pagsulong ang nakamit bago ang pangatlong taon ng programa, isang paglalarawan ng mga karagdagang aksyon na gagawin ng karapat-dapat na ahensya upang maalís ang mga pagkakaiba o mga kakulangang ito. Bilang bahagi ng nakasulat na tugon, at alinsunod sa Ulat ng Komite ng Senado sa Health, Education, Labor, and Pensions (HELP),⁸ ang kwalipikadong ahensya ay maaaring magpahiwatig na susuriin nito ang mga datos sa mga pangunahing tagapagpahiwatig ng pagganap upang matukoy ang mga pagkukulang sa pagganap, magpaliwanag kung paano nila gagamitin ang pananaliksik na nakabase sa ebidensya upang makabuo ng isang plano para magbigay ng suporta at tulong teknikal sa mga karapat-dapat na tatanggap upang matugunan at mawala ang mga pagkukulang, at kung paano nila maipatutupad ang planong ito. Ang karapat-dapat na ahensya ay hindi kailangang magsumite ng isang bagong Plano ng Estado bago ang ikatlong taon ng programa upang matugunan ang kinakailangang ito.

Sekundaryo

Ang ISBE Student Information System (SIS)¹ ay isang mahalagang bahagi ng inisyatibong Illinois Longitudinal Data System (P-20) sa pamamagitan ng Educator (Ed360) Dashboard. Gamit ang Ed360,

¹ Ang layunin ng ISBE Illinois State Course System (ISCS) ay magbigay ng isang paraan ng pagkolekta ng napapanahon at tumpak na datos ng CTE mula sa mga lokal na sekundaryong paaralan para sa pag-ulat ng mga

maaaring tingnan ng tagapangasiwa ng distrito at paaralan, mga tagapayo sa paaralan, at mga guro ang datos ng mag-aaral upang matulungan silang gumawa ng mga desisyon sa pagtuturo batay sa datos na nakolekta at nasuri (data-informed). Noong Mayo 17, 2018, idinagdag ng dashboard ang mga label ng kalahok at concentrator ng CTE sa naaangkop na mga profile ng mag-aaral sa Pangkalahatang Profile ng Mag-aaral (Student Profile Overview). Noong Hunyo 12, 2018, ang mga tagapangasiwa ng distrito at paaralan ay maaaring mag-opt in upang makita ang mga label ng kalahok at concentrator ng CTE na nakaugnay sa mga profile ng mga mag-aaral, mga pinagsamang datos ng CTE, at kasalukuyang mga kurso ng CTE para sa kanilang distrito/ paaralan. Tinanggap ng ISBE ang feedback tungkol sa mga tampok na ito para sa ganap na paglabas ng dashboard ng CTE simula SFY19 sa mga tagapangasiwa ng distrito at paaralan, pati na rin mga tagapangasiwa ng Panrehiyong Tanggapan ng Edukasyon (Regional Office of Education). Patuloy ang mga paghahanda para sa pag-access ng mga lokal na kwalipikadong tatanggap ng Perkins secondary, Education for Employment (EFE) Regional Delivery Systems (pagkatapos nito ay tinukoy bilang, EFE o EFE System). Inaasahan ng ISBE ang pag-access sa EFE pagsapit ng SFY21.

Sa pagtatapos ng SFY21, ang ISBE CTE and Innovation, Sistema ng Impormasyon, at Suporta ng Teknolohiya at Kagawaran ng Imprastruktura ay nagpaplanong bumuo ng isang real-time na dashboard na tagapagpahiwatig ng pagganap sa pamamagitan ng PowerBI, gamit ang umiiral na datos mula sa SIS ng ISBE, ISCS, mga kasunduan sa pagbabahagi ng datos sa ibang mga ahensya ng Estado, at sa National Student Clearinghouse. Papayagan ng dashboard ang ISBE CTE and Innovation na subaybayan ang antas ng Estado, antas ng EFE, distrito ng paaralan, at datos ng tagapagpahiwatig ng pagganap ng paaralan na pinaghiwalay ayon sa mga subgroup ng mga mag-aaral sa ESEA at mga espesyal na kategorya ng populasyon sa Perkins V. Ang datos ay magagamit din ayon sa programa ng CTE o Cluster ng Karera, maliban kung ang laki ng populasyon ng mag-aaral ay masyadong mababa. Susubaybayan ng tauhan ng ISBE CTE and Innovation ang datos tuwing ikatlong buwan kasabay ng pag-uulat ng EFE Grant Accountability and Transparency Act (GATA) tuwing ikatlong buwan. Matutukoy nang mas maaga ng patuloy na pagsubaybay ang mga pagkakaiba-iba at kakulangan at magbibigay-daan para maglaan ang mga tauhan ng ISBE CTE and Innovation ng napapanahong tulong teknikal batay sa pananaliksik na nakabase sa ebidensya.

Taun-taon, bibigyan ng ISBE ang mga EFE System ng aktwal na antas ng pagganap na pinaghiwalay ng mga subgroup ng mag-aaral at mga espesyal na populasyon hanggang sa programa ng CTE o Cluster ng Karera, maliban kung ang laki ng populasyon ng mag-aaral ay masyadong mababa. Batay sa mga datos na ito, naghahanda ang mga EFE System ng isang taunang ulat na nagpapakita ng mga pagkakaiba o kakulangan sa pagganap, at kung walang makahulugang pag-unlad na nakamit sa ikatlong programa ng

kurso at pagpapatala. Ang ISCS ay direktang nakatali sa ISBE's Student Information System (SIS), na idinisenyo upang magtalaga ng isang natatanging Student Identifier (SID) sa bawat mag-aaral; mangolekta ng demograpiko, pagganap, at datos ng pakikilahok sa programa para sa bawat mag-aaral; sumubaybay sa mga sekundaryong mag-aaral mula sa isang paaralan hanggang sa isa pang paaralan at mula sa isang distrito hanggang sa isa pang distrito sa loob ng Illinois; at i-ulat ang napapanahon at tumpak na impormasyon at datos sa pamamagitan ng pag-ulat ayon sa pamantayan. Ang sistemang ito ay nagsisilbing instrumento upang mangolekta ng impormasyong kaugnay sa mag-aaral sa elektronikong paraan mula sa mga distrito ng paaralan. Ang resulta ng matagumpay na pagpapatupad ay ang kakayahang makapagbigay sa pang-edukasyong ahensya ng estado, sa estado, at pederal na mga entidad, sa komunidad ng edukasyon, at sa publiko ng napapanahon at tumpak na pagkolekta ng datos at pag-uulat para sa mga mag-aaral, paaralan, distrito ng paaralan, at estado.

taon, ang EFE System ay gagawa ng isang plano ng suporta sa pakikipagugnayan sa ISBE, na tutukoy sa propesyonal na pag-aaral na nakabatay sa ebidensya, mga estratehiya, at mga aktibidad na tulong teknikal upang maalis ang mga pagkakaiba-iba o kakulangang ito.

Ang on-site programmatic na pagsusubaybay ay ibabatay sa isang dalawang-taong siklo. Sa bawat piskal na taon, kalahati ng mga EFE System ay makakatanggap ng mga pagsusubay na pagbisita sa mismong lugar. Ang mga naka-target na aspeto ay tutukuyin sa pamamagitan ng pagsusuri ng ilang mga ulat kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, taunang lokal na ulat ng nakaraang taon, ang kasalukuyang lokal na aplikasyon ng Perkins, mga mapanganib na kondisyon ng GATA tuwing ikatlong buwan, at sistema sa Patuloy na Pagpapahusay ng Kalidad ng Programa. Ang mga EFE ay maaari ring humiling ng espesipikong tulong teknikal kung kinakailangan.

Postsecondary

Hihilingin ng ICCB sa bawat kolehiyong pang-komunidad na suriin ang kanilang pinakabagong datos ng pagganap na makukuha sa pamamagitan ng Perkins Online Data System (PODS). Alinsunod sa Batas, kailangang paghiwalayin ng mga kolehiyo ang datos para sa bawat espesyal na populasyon at ibang mga subpopulation upang matukoy ang mga kakulangan sa pagkakapantay-pantay. Kailangang gamitin ng mga kolehiyo ang datos upang gumawa ng isang Plano sa Pagpapahusay ng Pagganap. Ang Plano sa Pagpapahusay ng Pagganap ay kinakailangan upang tukuyin ang mga aktibidad na tumutugon sa anumang mga hakbang sa pagganap na hindi nakakatugon sa State-Determined Levels of Performance, partikular na nakatuon sa mga pagkakaiba. Kagaya ng ISBE, isang mas user-friendly na interface (CTE Dashboard) ang magagamit, upang madaling masuri ng mga tauhan ng kolehiyo ang magagamit na datos.

Susubaybayan ng ICCB ang pagsulong ng kolehiyo taun-taon sa pamamagitan ng pagsusubaybay habang nasa mismong lugar at tulong teknikal. Ang ICCB ay magbibigay ng propesyonal na pag-unlad at tulong teknikal ukol sa pagsusuri ng datos ng Perkins, na makakagawa ng isang Plano sa Pagpapahusay ng Pagganap, at mga estratehiyang nakabase sa ebidensya para sa pag-alis ng mga hindi pagkakapantay-pantay sa mga subpopulation.

LISTAHAN NG APPENDIX

Appendix A-Executive Order 2019-3

Appendix B- EFE System Structure

Appendix C-Takdang panahon, mga agenda at paglalarawan ng mga aktibidad na ginawa sa pagsulat ng plano ng estado

Appendix D- Perkins V Listahan ng Kumikilos na Grupo para sa Plano ng Estado at Mga Kaakibat na Miyembro

Appendix E- Mga Rekomendasyon ng Kumikilos na Grupo

Appendix F- Buod ng Feedback mula sa Mga Road Show sa Plano ng Pagbabagong-Kalagayan (Transition Plan)

Appendix G- Ulat ng ISBE, ICCB, DCEO sa General Assembly at Konseho ng P-20

Appendix H-Listahan ng feedback ng mga ka-partner

Appendix I-Mga Tinututulang Tugon sa Plano ng Estado

Appendix J-Mga proseso at pamamaraan sa pag-apruba ng programa ng ISBE (tutukuyin pa lang ang pangalan)

Appendix K- Proceso ng Programa sa Pag-apruba ng IBBC

Appendix L-Mga pamamaraan sa Pagsusubaybay sa Kaloob at tulong teknikal

Appendix M-CCPE Hulyo 2018

Appendix N-ISBE Talaan ng Miyembro ng CTE Advisory Committee

Appendix O-Balangkas ng Mahahalagang Kakayahang Magagamit sa Paghahanap ng Trabaho

Appendix P-Lokal na Aplikasyon sa Sekundaryo

Appendix Q-Lokal na Aplikasyon sa Postsecondary

Appendix R-Template sa Komprehensibong Pagtatasa ng Lokal na Pangangailangan (Comprehensive Local Needs Assessment)

Appendix S- Mga Dokumentong Pangabay sa mga halimbawang landas at rekomendasyon para sa Mga Espesyal na Populasyon

Appendix T-SYF2021 Mga EFE na Alokasyon- hindi pa available

Appendix U-Mga Alokasyon para sa Mga Kolehiyong Pang-Komunidad - hindi pa available

Appendix V- Batayan na Datos para sa SDPL